ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • HULYO 2014

# Liahona



## Pagiging Magulang sa mga Young Adult, p. 34

**Brazil: Isang Siglo ng Pag-unlad, p. 18**

**Nakikita ang Tagapagligtas sa mga Simbolo, p. 52**



*"Kung minsan nagiging tampulan tayo ng pangu-ngutya, at pagtuligsa na 'tinatanggap na lang' natin dahil gusto nating ipamuhay ang mga pamantayan ng Diyos at isagawa ang Kanyang gawain. Pinatototohanan ko na hindi tayo dapat matakot kung nakasalig tayo sa Kanyang doktrina. Maa-aring hindi tayo maunawaan, o kaya'y pulaan, at pagbintangan, ngunit hindi tayo nag-iisa kailanman. Ang ating Tagapagligtas ay 'hinamak at itinakuwil ng tao' [Isaias 53:3]. Sagradong pribilehiyo natin ang maka-sama Siya!"*

Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Tumayo nang Hindi Natitinag sa mga Banal na Lugar," *Liahona,* Mayo 2013, 50.

# Liahona, Hulyo 2014



30

## MGA MENSAHE


**4** **Mensahe ng Unang Pangulu-han: Ang Pangakong Babaling ang mga Puso**
Ni Pangulong Henry B. Eyring

**7** **Mensahe sa Visiting Teaching: Ang Banal na Misyon ni Jesucristo: Tagapamagitan**


## TAMPOK NA MGA ARTIKULO


**18** **Mga Pioneer sa Bawat Lupain: Ang Simbahan sa Brazil: Dumating na ang Magandang Bukas**
Ni Mark L. Grover
*Ang Simbahan sa Brazil ay lumago sa mahigit isang milyong miyembro mula sa isang maliit na pamilyang nandayuhan.*

**24** **Ang Aklat ni Mormon, ang Pagtitipon ng Israel, at ang Ikalawang Pagparito**
Ni Elder Russell M. Nelson
*Ang Aklat ni Mormon ay kasangkapan ng Diyos sa pagsasakatuparan ng dalawang banal na layunin.*

**30** **Tularan si Ammon**
*Matutulungan ba kayo ng kuwento tungkol kay Ammon na mapaaktibo ang mga miyembro sa inyong ward o branch?*

**34** **Sampung Payo para sa mga Magulang ng mga Young Adult**
Ni Wendy Ulrich
*Tutulungan kayo ng 5 hamon at 10 mungkahing ito na maunawaan ang inyong mga anak na young adult.*


**SA PABALAT**
Harap: Paglalarawan ni Cody Bell. Panloob na pabalat sa harap: Larawang kuha © Robert Harding World Imagery/Corbis.

## MGA BAHAGI


**10** **Ang Ating Paniniwala: Nagtuturo Tayo sa Pamamagitan ng Kapangyarihan ng Espiritu Santo**

**12** **Paglilingkod sa Simbahan: Pamumuno na Katulad ng Tagapagligtas**
Ni Ryan Carr

**14** **Mga Propeta sa Lumang Tipan: Elijah**

**15** **Pagtuturo ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan:* Pagtatrabaho at Pag-asa sa Sarili**

**16** **Mga Balita sa Simbahan**

**38** **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

**80** **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Manatiling Nakatuon sa Pampang**
Ni Richard M. Romney
*Wala kayong mararating kapag nakatuon ang inyong pansin sa mga alon.*

## MGA YOUNG ADULT




42 **Pagiging Ganap kay Cristo**
Ni Elder Gerrit W. Gong
*Matutulungan tayo ng pagiging perpekto ng Tagapagligtas na paglabanan ang pag-iisip na perpeksiyonista, mapamintas sa sarili, at di-makatotohanan.*




***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Piliin ang mga bulaklak na kulay-lila.***

## MGA KABATAAN


48 **Ang mga Banal na Tipan ay Nagpapatatag sa mga Kristiyano**
Ni Elder D. Todd Christofferson
*Paano tayo magtatamo ng moral at espirituwal na lakas?*

52 **Ano ang Nakikita Ninyo?**
Ni David A. Edwards
*Tumingin ng mabuti sa mga ordenansa ng ebanghelyo. Baka may bago kayong matutuhan.*

55 **Ang Bahaging para sa Atin**

56 **Para sa Lakas ng mga Kabataan: Trabaho—Sino ang Nangangailangan Nito?**
Ni Randall L. Ridd

58 **Paglilipat ng Tubo Suot ang Maputik na Sapatos**
Raymond M. Allton
*Halos hindi pa ako nakapagpapahinga mula sa trabaho kong pang-umaga nang pumarada ang sasakyan ng quorum adviser ko sa harapan ng bahay ko.*

60 **Tuwirang Sagot**


61 **Poster: Hindi Lahat ng Bagay ay Katulad ng Ating Inaakala**

62 **Paglilingkod para sa mga Tamang Dahilan**
Rasem Maluff
*Maganda ang kinabukasan ko sa football. Kinailangan ko ba talagang magmisyon?*

64 ***Tunay* na Naniniwala ang mga Mormon sa Diyos**
Brenda Hernandez Ruiz
*Nang sabihin ko sa babae na Mormon ako, ayaw na niya akong kausapin.*




## MGA BATA




66 **Natatanging Saksi: Ano ang magagawa natin upang maging karapat-dapat sa Espiritu?**
Ni Pangulong Boyd K. Packer

67 **Ang Lesson Ko Tungkol sa Pananampalataya**
Ni Emma R.
*Isang binhi ng melon ang nagturo sa akin tungkol sa pananampalataya.*

68 **Ang Katawan Ko ay Isang Templo**
Ni Marissa Widdison
*May mga tanong ba kayo tungkol sa inyong katawan?*

70 **Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Nagiging Miyembro Tayo ng Simbahan sa Pamamagitan ng Binyag at Kumpirmasyon**
Ni Jennifer Maddy

72 **Ang Ating Pahina**

73 **Handang Maglingkod**
Ni Elder Eduardo Gavarret
*Napakalamig ng tubig, pero gusto ko pa ring mabinyagan.*

74 **Mga Kaibigan sa Iba't Ibang Panig ng Mundo: Ako si Pedro na mula sa Brazil**
Ni Amie Jane Leavitt

76 **Para sa Maliliit na Bata: Naglakad nang Naglakad si Sarah**
Ni Heidi Poelman

81 **Larawan ng Propeta: Thomas S. Monson**

**HULYO 2014 TOMO 17 BLG. 7**
**LIAHONA 10987 893**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Craig A. Cardon
**Mga Tagapayo:** Jose L. Alonso, Mervyn B. Arnold, Shayne M. Bowen, Stanley G. Ellis, Christoffel Golden

**Namamahalang Direktor:** David T. Warner
**Direktor ng Operations:** Vincent A. Vaughn
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Writing and Editing Team:** Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Jennifer Grace Fallon, Matthew D. Flitton, Mindy Raye Friedman, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Kevin C. Banks, Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Stephen R. Christiansen

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2014 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:**
July 2014 Vol. 17 No. 7. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

# Mga Ideya para sa Family Home Evening

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang ideya.*



PAGLALARAWAN NI CODY BELL

**"Pagiging Ganap kay Cristo,"** pahina 42: Gamit ang mga turo ni Elder Gong tungkol sa pagiging perpeksyonista, gumawa ng quiz na sasagutan ng tama-o-mali para sa inyong pamilya para matulungan silang matanto kung may tendensiya silang maging perpeksyonista. Maaari ninyong gamitin ang mga pahayag na gaya ng "Maaari akong maging masaya kahit nagkakamali ako" o "Nahihirapan akong patawarin ang iba" sa inyong quiz. Basahin nang sabay-sabay ang itinuturo ni Elder Gong tungkol sa pag-asa sa Tagapagligtas. Magagamit din ninyo ang mga pahina 166–67 sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* para ituro kung paano magtakda ng mga angkop na mithiin at madaig ang pagiging perpeksyonista.

**"Ang Katawan Ko ay Isang Templo,"** pahina 68: Gamitin ang mga tanong sa artikulong ito upang turuan ang inyong mga anak kung paano igalang at mahalin ang kanilang katawan. Maaari kayong maghanda ng masustansyang meryenda, tulad ng prutas o gulay, para turuan ang inyong mga anak tungkol sa mabubuting gawi sa pagkain. Maaari kayong maglaro ng isport o gumawa ng aktibidad sa labas ng bahay para tulungan ang inyong mga anak na pahalagahan ang mabuting kalusugan at kasiglahan. Hikayatin ang inyong mga anak na tulungan ang isang bata o tinedyer na may kapansanan sa kanilang ward, branch, o paaralan. Maaari din ninyong kantahin ang "Palaging Sasamahan Ka" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 78).


## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.**

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Aklat ni Mormon,*** *24, 30, 38, 55*
***Binyag,*** *52, 70, 73*
***Espiritu Santo,*** *10, 40, 66*
***Family history,*** *4, 6, 14, 55*
***Gawain, trabaho,*** *15, 56, 58*
***Gawaing misyonero,*** *18, 30, 62, 64*
***Ikalawang Pagparito,*** *24*
***Jesucristo,*** *7, 12, 42*
***Kasal, pag-aasawa,*** *41*
***Kautusan, mga,*** *60*
***Kumpirmasyon,*** *52, 70*
***Lumang Tipan,*** *14*
***Ordenansa, mga,*** *52, 70*
***Pagbabalik-loob,*** *18*
***Pagbabayad-sala,*** *7, 42*
***Pagiging magulang,*** *34*
***Paglilingkod,*** *12, 56, 58, 62, 73*
***Pagpapaaktibo,*** *30, 38*
***Pagtuturo,*** *10*
***Pamilya,*** *34, 39, 40, 41, 80*
***Pananampalataya,*** *48, 67*
***Patotoo,*** *64*
***Pioneer, mga,*** *18, 76*
***Pisikal na katawan,*** *68*
***Propeta, mga,*** *14, 81*
***Sakramento,*** *52, 70*
***Templo,*** *18*
***Tipan, mga,*** *24, 48*
***Tungkulin, mga,*** *12*
***Walang-hanggang pananaw,*** *42, 80*
***Young adult, mga,*** *34*



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# ANG PANGAKONG Babaling ang mga Puso

Ang aking ina, si Mildred Bennion Eyring, ay lumaki sa komunidad ng mga magsasaka sa Granger, Utah, USA. Ginaya ng isa sa kanyang mga kapatid, si Roy, ang negosyo ng pamilya na pag-aalaga ng mga tupa. Noong binata pa siya maraming linggong malayo siya sa tahanan. Sa paglipas ng panahon hindi na siya gaanong aktibo sa Simbahan. Kalaunan ay lumipat siya sa Idaho, USA, nag-asawa, at nagkaroon ng tatlong anak. Namatay siya sa edad na 34 noong 28 taong gulang ang kanyang asawa at maliliit pa ang kanilang mga anak.

Kahit nasa Idaho ang maliit na pamilya ni Roy at lumipat ang nanay ko nang mga 2,500 milya (4,025 km) sa New Jersey, USA, madalas siyang lumiham sa kanila nang may pagmamahal at panghihikayat. Magiliw na tinatawag ng pamilya ng tiyo ko ang aking ina na "Aunt Mid."

Lumipas ang mga taon, at isang araw ay tinawagan ako ng isa sa mga pinsan ko. Sinabi niya sa akin na yumao na ang balo ni Roy. Sabi ng pinsan ko, "Gusto ni Aunt Mid na malaman mo." Matagal nang namayapa si Aunt Mid, ngunit dama pa rin ng pamilya ang kanyang pagmamahal at ipinaalam iyon sa akin.

Naisip ko kung gaano ginampanang mabuti ng aking ina ang tungkulin niya sa kanyang pamilya na katulad ng pagganap sa tungkulin ng mga propetang Nephita sa kanilang pamilya sa pananatiling malapit sa mga kamag-anak na nais nilang maturuan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Sumulat si Nephi ng isang talaan sa pag-asang maimpluwensyahan ang mga anak ng kanyang mga kapatid na bumalik sa pananampalataya ng kanilang patriyarkang si Lehi. Ipinakita ng mga anak ni Mosias ang pagmamahal ding iyon nang ipangaral nila ang ebanghelyo sa mga inapo ni Lehi.

Naglaan ng mga paraan ang Panginoon para makadama tayo ng pagmamahal sa mga pamilya na maaaring magpatuloy magpakailanman. Nadarama ng mga kabataan sa Simbahan ngayon na bumabaling ang kanilang puso sa kanilang pamilya. Nagsasaliksik sila ng mga pangalan ng mga kapamilya na hindi nagkaroon ng pagkakataong matanggap ang mga ordenansa ng kaligtasan sa buhay na ito. Dinadala nila ang mga pangalang iyon sa templo. Kapag lumusong sila sa mga tubig ng binyag, may pagkakataon silang madama ang pagmamahal ng Panginoon at ng mga kapamilyang ginagawan nila ng mga ordenansa.

Naaalala ko pa ang pagmamahal sa tinig ng pinsan kong tumawag at nagsabing, "Patay na si Inay, at gusto ni Aunt Mid na malaman mo."

Kayo na mga nagsasagawa ng mga ordenansa para sa mga kapamilya ay tumutulong nang may pagmamahal, tulad ng ginawa ng mga anak ni Mosias at ng propetang si Nephi. Gaya nila, magagalak kayo para sa mga taong tatanggap ng inyong handog. Maaasahan din ninyo na madarama ninyo ang malaking kasiyahang nadama ni Ammon, na ganito ang sinabi tungkol sa kanyang paglilingkod bilang missionary sa malalayong kamag-anak:

"Kaya nga, tayo ay magpapuri, oo, magbigay-puri tayo sa Panginoon; oo, magsasaya tayo, sapagkat ang ating kagalakan ay lubos; oo, pupurihin natin ang ating Diyos magpakailanman. Masdan, sino ang maaaring labis na pupuri sa Panginoon? Oo, sino ang makapagsasabi ng labis-labis sa kanyang dakilang kapangyarihan, at ng kanyang awa, at ng kanyang mahabang pagtitiis sa mga anak ng tao? Masdan, sinasabi ko sa inyo, hindi ko masasabi ang kaliit-liitang bahagi ng nararamdaman ko" (Alma 26:16).

Pinatototohanan ko na ang nadarama ninyong pagmamahal para sa inyong mga kapamilya—saanman sila



naroroon—ay katuparan ng pangako na darating si Elijah. At dumating nga siya. Ang mga puso ng mga anak ay bumabaling sa kanilang mga ama, at ang mga puso ng mga ama ay bumabaling sa kanilang mga anak (tingnan sa Malakias 4:5–6; Joseph Smith—Kasaysayan 1:38–39). Kapag nadarama ninyo ang matinding hangaring hanapin ang mga pangalan ng inyong mga ninuno at dalhin ang mga pangalang iyon sa templo, nararanasan ninyo ang katuparan ng propesiyang iyon.

Isang pagpapala ang mabuhay sa panahon na ang pangakong babaling ang mga puso ay natutupad na. Nadama ni Mildred Bennion Eyring ang matinding hangaring iyan sa kanyang puso. Minahal niya ang pamilya ng kanyang kapatid, at tinulungan niya sila. Nadama nilang bumabaling ang kanilang puso nang may pagmamahal kay Aunt Mid dahil alam nilang minahal sila nito. ■

### TURO MULA SA MENSAHENG ITO

Maaari ninyong basahin ang mga propesiya tungkol sa diwa ni Elijah sa mga binibisita ninyo (tingnan sa Malakias 4:5–6; Joseph Smith—Kasaysayan 1:38–39). Talakayin ang mga paraan para makibahagi sa family history, kabilang na ang tools tulad ng indexing, pagkuha ng retrato, at paggawa ng blog. Kung ang mga binibisita ninyo ay hindi pamilyar sa FamilySearch.org, isiping mag-ukol ng ilang oras para ipakita ito sa kanila.

## MGA KABATAAN

### Pagkilala sa Aking Lola

Ni Jewelene Carter



Para sa isa sa mga proyekto ko sa Young Women, nagboluntaryo akong tulungan ang aking lola na hanapin ang kanyang mga ninuno sa pamamagitan ng pag-scroll sa mga microfilm sa family history center sa Mesa, Arizona, USA. Habang magkatabi kaming nakaupo at naghahanap sa aming pamilya, naisip ko: "Talaga bang kilalang-kilala ko ang lola ko na katabi ko ngayon?"

Marami kaming nakitang kamag-anak, inihanda namin ang impormasyon tungkol sa kanila, at nagpunta kami sa Mesa Arizona Temple para isagawa ang kanilang binyag at kumpirmasyon. Hindi nagtagal, binigyan ako ng lola ko ng isang natipong koleksyon ng kasaysayan ng kanyang pamilya.

Dahil may rayuma na siya, napakasakit na para sa lola ko ang mag-type. Nasisiyahan akong matulungan siya sa computer. Magkasama naming isinusulat ang mga kuwento mula sa kanyang buhay para sa espirituwal na kapakanan ng aming pamilya. Natutuwa akong maging bahagi ng kanyang buhay at malaman pa ang tungkol sa kasaysayan ng Simbahan habang nagtutulungan kami sa mga proyektong ito.


*Ang awtor ay naninirahan ngayon sa Virginia, USA.*

## MGA BATA

### Pag-ibig sa Tahanan

*May ngiti'ng kalangitan*  
*Kung may pag-ibig;*  
*Tao'y nagmamahalan*  
*Kung may pag-ibig.*  
("Pag-ibig sa Tahanan," *Mga Himno,* blg.183)

Nais ng Ama sa Langit na mahalin natin ang ating pamilya para maging maligaya tayo. Kapag lalo nating pinaglilingkuran ang ating pamilya, lalo nating mamahalin ang Ama sa Langit at ang ating mga kapamilya.



Magdrowing ng mga pusong kagaya nito sa isang papel at gupitin ang mga ito. Sulatan ito ng masasaya at maiikling pahayag o drowingan ng mga larawan at palihim itong ibigay sa mga miyembro ng inyong pamilya. Masdan kung gaano sila pasasayahin nito!

IBABA: PAGLALARAWAN NI NATALIE HOOPES CARTER; KALIWA: PAGLALARAWAN NI KATHLEEN PETERSON

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano pag-iibayuhin ng pag-unawa sa buhay at misyon ng Tagapagligtas ang inyong pananampalataya sa Kanya at pagpapalain ang mga pinangangalagaan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa iba pang impormasyon, magpunta sa* **reliefsociety.lds.org**.

# Ang Banal na Misyon ni Jesucristo: Tagapamagitan


*Ito ay bahagi ng isang serye ng Mga Mensahe sa Visiting Teaching tampok ang mga aspeto ng misyon ng Tagapagligtas.*

Si Jesucristo ang ating Tagapamagitan sa Ama. Ang salitang *advocate* o tagapamagitan ay nagmula sa salitang Latin (advocatus) na ibig sabihin ay "isang taong nagsusumamo para sa iba."[1] Nagsusumamo ang Tagapagligtas para sa atin, sa pagpapairal ng pag-unawa, katarungan, at awa. Sa kaalamang ito ay mapupuspos tayo ng pagmamahal at pasasalamat sa Kanyang Pagbabayad-sala.

"Makinig [kay Jesucristo] na siyang tagapamagitan sa Ama, na siyang nagsusumamo sa inyong kapakanan sa harapan niya—

"Sinasabing: Ama, masdan ang mga pagdurusa at ang kamatayan niya na walang ginawang kasalanan, na inyong lubos na kinalulugdan; masdan ang dugo ng inyong Anak na nabuhos, ang dugo niya na inyong ibinigay upang ang inyong sarili ay luwalhatiin;

"Kaya nga, Ama, iligtas ang mga kapatid kong ito na naniniwala sa aking pangalan, upang sila ay makaparito sa akin at magkaroon ng buhay na walang hanggan" (D at T 45:3–5).



HUWAG MANGYARI ANG AKING KALOOBAN, KUNDI ANG IYO, NI HARRY ANDERSON

Tungkol kay Cristo bilang ating Tagapamagitan, sinabi ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Napakahalaga sa akin, na anumang oras at anuman ang sitwasyon ay makakalapit ako sa trono ng biyaya sa pamamagitan ng panalangin, na pakikinggan ng aking Ama sa Langit ang aking kahilingan, na ang aking Tagapamagitan, siya na walang ginawang kasalanan, na ang dugo ay natigis, ay isasamo ang aking kahilingan."[2]

### Karagdagang mga Banal na kasulatan

Mosias 15:8–9; Moroni 7:28; Doktrina at mga Tipan 29:5; 110:4

### Isipin Ito

Paano tayo mahihikayat ng pamamagitan ni Jesucristo na maawa at magpatawad sa iba?

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Jesus Christ—Our Master and More" (Brigham Young University fireside, Peb. 2, 1992), 4; speeches.byu.edu.
2. D. Todd Christofferson, "I Know in Whom I Have Trusted," *Ensign,* Mayo 1993, 83.
3. Tingnan din sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 210.

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

### Mula sa mga Banal na Kasulatan

Sa buong kasaysayan ng Simbahan ng Panginoon, natularan ng mga babaeng disipulo ni Jesucristo ang Kanyang halimbawa. Si Esther ay tapat at matapang. Pinadalhan siya ng kanyang pinsang si Mardocheo ng kopya ng utos ng hari na dapat lipulin ang mga Judio, at inutusan siyang "[humiling sa hari para] sa kaniyang bayan." Sabi pa niya: "At sinong nakakaalam na kung kaya ka pinasapit sa kaharian ay dahil sa bagay na ito?" (Esther 4:8, 14.)

Sa kabila ng panganib, pumayag si Esther: "Sa gayo'y papasukin ko ang hari, na hindi ayon sa kautusan: at kung ako'y mamatay ay mamatay" (Esther 4:16).

Sa gayo'y mapagpakumbabang nagsalita si Esther sa hari at "nagpatirapa sa kaniyang mga paa at ipinamanhik sa kaniya na may luha . . . na tiwaliin ang mga sulat . . . [na] lipulin ang mga Judio." Dagdag pa niya, "Paanong ako'y makapagtitiis na makita ang paglipol sa aking kamag-anakan?" (tingnan sa Esther 8:3, 5–6). Lumambot ang puso ng hari, at ipinagkaloob ang kanyang kahilingan.[3]

# NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG ABRIL 2014

*"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).*

*Habang nirerepaso ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Abril 2014, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa darating na mga isyu) upang tulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.*

**TAMPOK NA DOKTRINA**



## Pag-aasawa at Kadalisayan ng Puri

"[Kamakailan,] ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawa ay naglabas ng isang liham sa mga lider ng Simbahan sa buong mundo. Sabi sa bahagi ng liham: 'Ang mga pagbabago sa batas ng tao ay hindi binabago, at hindi maaaring baguhin ang batas ng moralidad na itinatag ng Diyos. Inaasahan ng Diyos na ating aayunan at susundin ang Kanyang mga utos magkakaiba man ang opinyon o kalakaran sa lipunan. Ang Kanyang batas sa kadalisayan ng puri ay malinaw: ang seksuwal na relasyon ay nararapat lang mamagitan sa lalaki at babae na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas.'


"Bagama't ang daigdig ay lalo pang lumalayo sa batas ng Panginoon sa kadalisayan ng puri, tayo ay hindi. . . .

"Bagama't maraming pamahalaan at mabubuting tao ang nagbago ng kanilang pananaw sa kasal, ang Panginoon ay hindi. Sa simula pa lamang, pinasimulan na ng Diyos ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae—kina Adan at Eva. Itinakda Niya na ang mga layunin ng pag-aasawa ay hindi lang para magtuon sa pansariling kasiyahan ng mag-asawa, kundi ang mas mahalaga, ay magbigay ng angkop na kapaligiran para sa pagsilang, pagpapalaki, at pag-aaruga ng mga anak. Ang mga pamilya ang yaman ng langit."

**Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Mga Espirituwal na Buhawi," *Liahona,* Mayo 2014, 19.**

Tinalakay ni Elder Andersen kung paano sagutin ang mga katanungan at alalahanin tungkol sa mahihirap na paksa sa lds.org/go/andersen714.

**PANGAKO NG PROPETA**



## Katapangan

"Upang tayo ay makapagpasiya nang tama, kailangan ang katapangan—ng tapang na magsabi ng hindi kapag kailangan, ng tapang na magsabi ng oo kapag nararapat, ng tapang na gawin ang tama dahil ito ay tama. . . .

Kabilang din sa katapangan ng kalooban ang paggawa ng tama kahit natatakot tayo, pagtatanggol sa ating paniniwala kahit kutyain tayo, at pananatiling tapat sa ating mga paniniwala kahit pa mawala ang ating mga kaibigan o katayuan sa lipunan. . . .

Sa ating pag-unlad, sa pagsisikap na mamuhay gaya ng nararapat, tiyak na tatanggap tayo ng tulong sa Panginoon at mapapanatag sa Kanyang mga salita."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Ikaw ay Magpakalakas at Magpakatapang na Mabuti," *Liahona,* Mayo 2014, 66, 67, 69.**

Matuto mula kay Pangulong Monson kung paano tayo magpapakatapang na mabuti sa lds.org/go/monson2714.

# Pagpapabilis sa Gawain ng Kaligtasan

Ang ilan sa pinakamahahalagang paksa ay hindi lamang tinatalakay ng isang tagapagsalita sa pangkalahatang kumperensya. Narito ang sinabi ng tatlong tagapagsalita tungkol sa pagpapabilis sa gawain ng kaligtasan:

- "Gaano man kabuti ang iyong mensahe [bilang missionary], baka hindi mo ito maiparating kung walang patuloy at matiyagang pag-follow-up."[1]—Elder M. Russell Ballard. Alamin ang iba pa tungkol sa paanyaya ni Elder Ballard sa lds.org/go/ballard714.
- "Ang . . . Gilbert Arizona Temple . . . ang ika-142 gumaganang templo sa Simbahan. . . . Kapag tapos na ang lahat ng dating ibinalitang mga templo, magkakaroon tayo ng 170 mga templong gumagana sa buong mundo."[2]—Pangulong Thomas S. Monson. Alamin ang iba pa sa lds.org/go/monson714.
- "Kailangan nating 'isantabi muna ang mga bagay ng daigdig, . . . tuparin ang [ating] mga tipan' [D at T 25:10, 13], at lumapit kay Cristo at sundin Siya. Iyan ang ginagawa ng mga disipulo!"[3]—Linda K. Burton. Panoorin ang pagbibigay ng mensahe ni Sister Burton sa lds.org/go/burton714.

**MGA TALA**

1. "Pag-Follow Up," *Liahona,* Mayo 2014, 78.
2. "Pagbati sa Kumperensya," *Liahona,* Mayo 2014, 4.
3. "Wanted: Mga Kamay at mga Pusong Magpapabilis sa Gawain," *Liahona,* Mayo 2014, 122.



Para mabasa, mapanood, mapakinggan, o maibahagi ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang **conference.lds.org.**

## PAANO MAGDAOS NG "FAMILYTREE GATHERING"

"Mayroon na tayong doktrina, mga templo, at teknolohiya para maisakatuparan ng mga pamilya ang maluwalhating gawaing ito ng kaligtasan. Magmumungkahi ako . . . [na bawat pamilya] ay magdaos ng 'FamilyTree Gathering.' Dapat itong gawin nang paulit-ulit."

**—Elder Quentin L. Cook, "Mga Ugat at mga Sanga," *Liahona,* Mayo 2014, 47.**

1. Magtipun-tipon kayo sa pamilya at magbahaginan ng mga karanasan, kuwento, retrato, at mga gamit na namana.
2. Mag-upload ng mga kuwento at retrato sa Family Tree at magkonekta ng mga dokumento sa mga ninuno.
3. Alamin kung sino pang mga ninuno ang kailangang gawan ng mga ordenansa at atasan ang mga miyembro ng pamilya na gawin ito.

Hanapin ang sinabi ni Elder Cook na iba pang mga paraan na mapagpapala tayo ng family history sa lds.org/go/cook714.

# NAGTUTURO TAYO SA PAMAMAGITAN NG KAPANGYARIHAN NG ESPIRITU SANTO

Naniniwala tayo na ang pagtuturo ng ebanghelyo ni Jesucristo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo ay mahalaga sa gawain ng Diyos ukol sa kaligtasan. Ang epektibong pagtuturo ay nagpapalakas ng pananampalataya at hangarin ng mga tao na ipamuhay ang ebanghelyo. Ang pagtuturo ay maaaring maganap sa maraming sitwasyon, tulad ng pagbibigay ng mga aralin at mensahe sa simbahan; ngunit nagtuturo din tayo kapag tinatalakay natin ang isang talata sa banal na kasulatan sa kapamilya o ipinapaliwanag natin sa kapitbahay kung ano ang priesthood.

"Ang mga . . . guro ng simbahang ito ay magtuturo ng mga alituntunin ng aking ebanghelyo, na nasa Biblia at Aklat ni Mormon, na kung saan [ay naroon] ang kabuuan ng ebanghelyo.

"At kanilang tutuparin ang mga tipan at saligan ng simbahan na gawin ang mga yaon, at ang mga ito ang kanilang magiging mga aral, habang sila ay ginagabayan ng Espiritu.

"At ang Espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya; at kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu kayo ay hindi magtuturo" (D at T 42:12–14).

Pag-isipan ang apat na alituntuning ito para sa epektibong pagtuturo:

- **Mahalin ang mga tinuturuan ninyo.** Kilalanin sila. Mapanalanging isipin ang kanilang mga pangangailangan habang naghahanda kayong magturo. Sikaping gumamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo: ang iba't ibang pamamaraan ay makakatulong sa iba't ibang tao (tingnan ang ilang ideya sa kanan).
- **Magturo sa pamamagitan ng Espiritu.** Itinuro ni Nephi, "Kapag ang isang tao ay nagsasalita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ang nagdadala nito sa puso ng mga anak ng tao" (2 Nephi 33:1). Habang nagtuturo kayo, maaanyayahan ninyo ang impluwensya ng Espiritu sa pamamagitan ng pagpapatotoo at paggamit ng mga banal na kasulatan at mga turo ng mga propeta sa mga huling araw. Manalangin na patnubayan kayo ng Espiritu Santo habang naghahanda kayong magturo. Ipaaalam Niya sa ninyo kung paano magturo sa pinakamainam na paraan.
- **Ituro ang doktrina.** Ang inaprubahang mga materyal sa kurikulum mula sa Simbahan, tulad ng mga banal na kasulatan, mensahe sa pangkalahatang kumperensya, at manwal, ay naglalaman ng doktrina—mga walang-hanggang katotohanan mula sa Diyos.
- **Maghikayat ng masigasig na pag-aaral.** Habang nagtuturo kayo, alalahanin na responsibilidad ng mga nakikinig na matuto para sa kanilang sarili. Hikayatin silang magtanong, magbahagi ng kanilang mga ideya tungkol sa paksa, at pag-isipang mabuti kung paano nila ipamumuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Lalakas ang kanilang patotoo sa mga alituntuning iyon kapag ipinamuhay nila ang mga iyon (tingnan sa Juan 7:17).

Nagsalita si Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) tungkol sa kahalagahan ng mahusay na pagtuturo: "Ang buhay na walang hanggan ay darating lamang kapag ang kalalakihan at kababaihan ay *naturuang mabuti* kaya't babaguhin at didisiplinahin nila ang kanilang buhay. Hindi sila mapipilit na magpakabuti o magpakabanal. Kailangan silang akayin, at pagtuturo ang ibig sabihin niyan" (binanggit sa Jeffrey R. Holland, "A Teacher Come from God," *Ensign,* Mayo 1998, 26). ■

*Para sa karagdagang impormasyon, tingnan sa Doktrina at mga Tipan 50:13–22;* Handbook 2: Administering the Church *(2010), 5.5.4.*


**Narito ang ilang paraan ng pagtuturo na makakatulong sa inyo na matulungan ang mga taong iba't iba ang estilo sa pag-aaral:**



*Magsalaysay ng mga kuwento at halimbawa na nagbibigay-inspirasyon, kabilang na ang mga kuwento mula sa mga banal na kasulatan at sa sarili ninyong buhay.*



*Magpatugtog o kumanta ng sagradong musika. Ang mga himno at awit sa Primary ay maaaring magturo ng doktrina at mag-anyaya sa Espiritu ng Panginoon.*



*Magtanong ng mga bagay na nakahihikayat sa mga tinuturuan ninyo na magnilay-nilay at ibahagi ang kanilang iniisip at nadarama.*



*Magdispley ng mga larawan at bagay. Ang mga alituntunin ng ebanghelyo ay maihahambing sa mga binhi, bato, halaman, at iba pang mga pamilyar na bagay.*



*Magpatotoo tungkol sa mga alituntunin ng ebanghelyo na inyong itinuturo. Ang patotoo ay nag-aanyaya sa Espiritu Santo na sumaksi sa katotohanan.*

MGA PAGLALARAWAN NI DAVID HABBEN

# PAMUMUNO NA KATULAD NG TAGAPAGLIGTAS

**Ni Ryan Carr**
Mga Magasin ng Simbahan

May malinaw na pagkakaiba sa pagitan ng pinakamasasamang pinuno sa mundo at ng perpektong pinuno, ang Tagapagligtas ng mundo. Ipinaliwanag ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985): "Ang mga pinuno sa kasaysayan na may kalunus-lunos na epekto sa sangkatauhan ay naging kalunus-lunos dahil halos wala sila ng mga katangian ng Taong taga-Galilea. Samantalang si Jesus ay di-makasarili, sila naman ay makasarili. Samantalang inalala ni Jesus ang kalayaan, inisip naman nila ang manupil. Samantalang inisip ni Jesus na maglingkod, inisip naman nila ang kanilang katayuan sa buhay. Samantalang tinugunan ni Jesus ang tunay na mga pangangailangan ng iba, ang inalala lang nila ay ang sarili nilang mga pangangailangan at naisin. Samantalang inalala ni Jesus ang pag-unlad ng kanyang mga disipulo, hinangad naman nilang manipulahin ang mga tao. Samantalang si Jesus ay puspos ng habag na may katarungan, madalas naman silang puno ng kalupitan at kawalang-katarungan."[1]

Upang magtagumpay bilang mga pinuno sa Simbahan ng Panginoon, kailangan nating tularan ang Kanyang halimbawa. Matutulungan tayo ng sumusunod na mga ideya na maging higit na katulad ni Cristo sa ating pamumuno.

Ang mga namumunong katulad ni Cristo ay naglilingkod "na may matang nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos" (D at T 4:5), at hinahangad nilang gawin ang kalooban ng Ama sa Langit. Sinabi ng Tagapagligtas, "Bumaba akong mula sa langit, hindi upang gawin ko ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin" (Juan 6:38).

Ang mga pinunong katulad ni Cristo ay hindi umaasa sa "bisig ng laman" (2 Nephi 4:34). Mapagpakumbaba nilang ipinagdarasal na sila'y patnubayan. Naghihintay sila sa Panginoon at hinahangad nilang gawin ang Kanyang gawain sa Kanyang takdang panahon at Kanyang paraan sa halip na umasa sa sarili nilang mga talento at kakayahan.

Ang mga pinunong katulad ni Cristo ay hindi naghahangad ng katungkulan sa Simbahan; itinuturing nila ang mga tungkulin na mga pagkakataon upang maglingkod, hindi bilang pagtaas ng katungkulan. Ni hindi nila itinuturing na pagbaba ng posisyon ang pag-release sa kanila. Ang pag-release ay bahagi na ng lahat ng tungkulin.

Ang mga pinunong katulad ni Cristo ay mga lingkod; tinutulungan, tinuturuan, at hinihikayat nila ang kanilang mga pinaglilingkuran. Hinahangad nilang pagpalain ang iba, tulad ng ginawa ng Tagapagligtas: "Hindi siya gumagawa ng anumang bagay maliban na lamang kung para sa kapakanan ng sanlibutan" (2 Nephi 26:24). Nakikita nila ang kanilang sarili bilang mga kinatawan ng Panginoon na tumutulong sa iba na makabalik sa Kanya.

Hinahangad ng mga pinunong katulad ni Cristo na tulungang umunlad ang iba. Itinuro din ni Pangulong Kimball:

"Sapat ang tiwala ni Jesus sa kanyang mga alagad kaya't ibinahagi

### "NGUNIT WALA PA AKONG KARANASAN SA PAMUMUNO!"

Huwag mag-alala kung wala pa kayong gaanong karanasan dito. Kayo ay tinawag sa pamamagitan ng paghahayag, ng isang taong may awtoridad (tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5). Nakikita ng Panginoon ang maaari ninyong kahinatnan. Ang tungkulin ninyong mamuno ay maaaring maging oportunidad ninyong malinang ang inyong mga kalakasan at madaig ang inyong mga kahinaan.

Sa negosyo at iba pang mga organisasyon, ang pinag-aralan at karanasan ng isang pinuno ay kadalasang mahahalagang katangian, ngunit iba ang pamamaraan ng Panginoon. Itinuro ni Pangulong Lorenzo Snow (1814–1901): "[Ang] mga apostol na tinawag ng Diyos, na tinawag ni Jesus, na Anak ng Diyos, . . . ay hindi nakapag-aral; hindi nila naunawaan ang mga siyensiya, hindi sila humawak ng mataas na katungkulan sa Judea—sila ay mga maralita at hindi marunong bumasa at sumulat; mababa lamang ang kanilang mga katungkulan sa buhay. . . . Kunsabagay, kakaiba ang Panginoon. Iba ang ginagawa Niyang mga pagtawag sa mga pagtawag na ginagawa ng mga tao."[1] Mabuti na lang, ginagawang marapat ng Panginoon ang mga tinatawag Niya![2]

**MGA TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow* (2012), 172–73.
2. Tingnan sa Thomas S. Monson, "Duty Calls," *Liahona,* Hulyo 1996, 42.



niya ang kanyang gawain sa kanila upang sila ay umunlad. Iyan ang isa sa pinakamagagandang aral ng kanyang pamumuno. Kung tatanggihan natin ang tulong ng iba para matapos nang mas mabilis at mahusay ang isang gawain, maaaring matapos nga ito, pero wala ang pag-unlad at paghusay ng mga tagasunod na siyang napakahalaga. . . .

"Binigyan ni Jesus ng mga katotohanan at tungkulin ang mga tao na tugma sa kanilang kakayahan. Hindi Niya sila binigyan ng higit pa sa makakaya nila, ngunit binigyan Niya sila ng sapat para pag-ibayuhin ang kanilang espirituwalidad."[2]

Inilarawan ni Propetang Joseph Smith kung paano niya pinamunuang mabuti ang mga tao: "Tinuturuan ko sila ng mga wastong alituntunin, at pinamamahalaan nila ang kanilang sarili."[3] Ito ang pinakadiwa ng pamamaraan ng Panginoon sa pamumuno. ■

**MGA TALA**

1. Spencer W. Kimball, "Jesus: The Perfect Leader," *Ensign,* Ago. 1979, 7.
2. Spencer W. Kimball, "Jesus: The Perfect Leader," 6.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 331.

*WOMAN HEALED,* NI J. KIRK RICHARDS

## PARA SA MGA PINUNONG NAGPAPAYO SA MGA MIYEMBRO NG SIMBAHAN

Kapag kinakausap ninyo ang mga miyembro ng Simbahan na nangangailangan ng inyong tulong, maaaring nais nila na kayo ang lumutas ng kanilang mga problema para sa kanila. Ngunit kapag ginawa ito, sila ay hindi uunlad. Maaaring lumapit sila na umaasa ng agarang solusyon, ngunit ang kanilang mga problema ay kadalasang nangangailangan ng mas mahabang panahon para malutas. Ang mga ito ay ilang karaniwang problema. Ang sumusunod na mga tanong, na iminungkahi ng mga lider ng priesthood, ay makatutulong sa inyo sa paghahandang payuhan ang mga miyembro:

- Pinapayuhan at tinutulungan ba ninyo ang mga miyembro sa paraan na ang pagdaig sa kanilang mga hamon ay responsibilidad pa rin nila?
- Ginagabayan ba ninyo ang mga miyembro na mahanap nila mismo ang solusyon?
- Sinusubaybayan ba ninyo ang mga tungkuling inayunan nilang gawin?
- Tinutulungan ba ninyo silang makahanap ng tulong para malutas ang sarili nilang mga problema?
- Hinihikayat ba ninyo silang manalangin sa Panginoon?
- Ang payo ba ninyo ay naghihikayat sa mga miyembro na umunlad?

Mangyari pa, lahat ng sitwasyon ay magkakaiba, kaya mahalagang sundin ang patnubay ng Espiritu. Ang paglilingkod nang may pagmamahal, tiyaga, at espirituwal na kabaitan ay magiging maganda ang mga resulta.

# ELIJAH

*"Si Elijah ay isa sa mga pinakadakilang propeta, at ipinagkaloob sa kanya ng Panginoon ang kapangyarihang magbuklod."[1] —Pangulong Joseph Fielding Smith (1876–1972)*

Naglingkod ako bilang propeta sa Hilagang Kaharian ng Israel.[2] Dahil sa kasamaan ng mga Israelita, hindi ko pinabuhos ang ulan, at nagkaroon ng taggutom sa lupain. Sa panahon ng taggutom, nanirahan ako sa tabi ng isang batis at dinalhan ako ng mga uwak ng pagkain, ngunit natuyo ang batis kalaunan.[3]

Pinapunta ako ng Panginoon sa isang balo na naninirahan sa Sarepta, at pakakainin niya ako. Nakita ko siyang namumulot ng mga patpat para ihanda ang huling pagkain para sa kanila ng kanyang anak. Sinabi ko sa kanya na kung pakakainin muna niya ako, ang kanyang "gusi ng harina ay hindi makukulangan, o ang banga ng langis man ay mababawasan hanggang sa araw na magpaulan ang Panginoon sa ibabaw ng lupa."[4] Nanampalataya siya, at tinupad ng Panginoon ang Kanyang pangako.

Habang nakatira ako sa kanyang pamilya, namatay ang anak ng balo. Nagsumamo ako, "Oh Panginoon kong Dios, idinadalangin ko sa iyo na iyong pabalikin sa kaniya ang kaluluwa ng batang ito."[5] Dininig ng Panginoon ang aking pagsamo, at muling binuhay ang kanyang anak.[6]

Kalaunan, ipinamalas ko ang kapangyarihan ng Panginoon sa mga tao ni Israel sa paghamon sa mga saserdote ni Baal sa isang paligsahan. Naghanda ng hain ang mga saserdote at buong maghapong nanawagan kay Baal na magpadala ng apoy, ngunit walang dumating na apoy. Nagtayo ako ng isang dambana na may 12 bato, simbolo ng 12 lipi ni Israel, at humukay ng kanal sa palibot ng dambana. Pagkatapos ay pinabuhusan ko ng 12 bariles ng tubig ang dambana at hain, kaya basang-basa ang kahoy at puno ng tubig ang kanal sa palibot. Nanalangin ako sa Panginoon, at nagpadala Siya ng apoy na tumupok sa hain, sa dambana, at sa tubig. Pagkatapos, nanalangin ako sa Panginoon, at binuksan Niya ang kalangitan para umulan.[7]

Sa pagtatapos ng aking buhay, hindi ako namatay kundi umakyat ako sa langit sakay ng isang nag-aapoy na karo.[8] Sa mortal na ministeryo ni Cristo, nagpakita ako sa Bundok ng Pagbabagong-anyo at ipinagkaloob ko ang mga susi ng priesthood kina Pedro, Santiago, at Juan.[9]



Nagpakita akong muli sa mga huling araw "upang ibaling ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga anak sa kanilang mga ama," nang magpunta ako sa Kirtland Temple noong Abril 3, 1836, at ipanumbalik ko ang mga susi ng pagbubuklod kina Joseph Smith at Oliver Cowdery.[10] ■

**MGA TALA**

1. Joseph Fielding Smith, *Answers to Gospel Questions,* ed. Joseph Fielding Smith Jr., 5 tomo (1957–1966), 4:193.
2. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Elijah"; scriptures.lds.org.
3. Tingnan sa I Mga Hari 17:1–7.
4. Tingnan sa I Mga Hari 17:8–16.
5. Tingnan sa I Mga Hari 17:21.
6. Tingnan sa I Mga Hari 17:8–24.
7. Tingnan sa I Mga Hari 18.
8. Tingnan sa II Mga Hari 2:11.
9. Tingnan sa Mateo 17:3; Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pagbabagong-anyo"; scriptures.lds.org.
10. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 110:13–16.

*BINUHAY NI ELIJAH ANG ANAK NG BALO,* NI ROBERT T. BARRETT; *SI ELIJAH AY NAKIPAGTUNGGALI SA MGA SASERDOTE NI BAAL,* NI JERRY HARSTON; *UMAKYAT SI ELIJAH SA LANGIT,* NI W. H. MARGETSON, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM; *ANG PAGBABAGONG-ANYO,* NI CARL HEINRICH BLOCH, SA KAGANDAHANG-LOOB NG THE NATIONAL HISTORIC MUSEUM SA FREDERIKSBORG SA HILLERØD, DENMARK; *NAGPAKITA SI ELIJAH SA KIRTLAND TEMPLE,* NI DANIEL A. LEWIS; PAGLALARAWAN NG MGA UWAK NG KOZH/ISTOCK/THINKSTOCK




# PAGTATRABAHO AT PAG-ASA SA SARILI

Kapag ang kabataan at mga bata ay natutong magsumikap at umasa sa sarili, sila ay naghahandang "makapag-ambag sa mundong ginagalawan [nila]" (*Para sa Lakas ng mga Kabataan* [2011], 40).

Sa mga pahina 56–57 ng isyung ito, ibinahagi ni Randall L. Ridd, pangalawang tagapayo sa Young Men general presidency, ang natutuhan niya sa trabaho sa konstruksyon kasama ang kanyang ama. Tinalakay niya ang kahalagahan ng pagsisikap, pagkakaroon ng mabuting saloobin, at pagtatayo ng kaharian ng Panginoon. Ipinaalala sa atin ni Brother Ridd: "Sino ang nangangailangan ng trabaho? Tayong lahat! Ito ang pinagmumulan ng pag-asa sa sarili, tagumpay, at kagalakan sa buhay na ito. Kapag masaya kayong magtrabaho, lahat ng nakapaligid sa inyo ay aani nang sagana dahil sa mga binhing itinanim ninyo."

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Kabataan

- Sabi sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, "Magtakda ng mataas na mithiin para sa sarili, at maging handa na pagsikapang matamo ito" (40). Maaari ninyong ipapanood sa mga anak ninyo ang Mormon Messages for Youth video na "A Work in Progress" (tingnan sa mga video ng Marriage and Family sa mormonchannel.org/come-follow-me). Pagkatapos ay magtulungan sa pagtatakda ng ilang mithiin at planuhing makamtan ang mga ito.
- Mas madali ang trabaho kapag positibo ang ating saloobin. Basahin ang "Paglilipat ng Tubo Suot ang Maputik na Sapatos" sa mga pahina 58–59 ng isyung ito at talakayin kung paano naaapektuhan ng inyong saloobin ang trabaho ninyo.
- "Isang uri ng katamaran ang paggugol ng sobrang panahon sa mga aktibidad na humahadlang sa inyo na maging kapakipakinabang, tulad ng paggamit ng Internet, paglalaro ng mga video game, at panonood ng telebisyon" (*Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 40). Tanungin ang inyong mga anak tungkol sa mga pakinabang at panganib ng Internet, mga video game, at telebisyon. Kailan nakakasama ang mga kagamitang ito? Anong mga pagpapala ang dulot ng makabuluhang trabaho? Isiping tulungan ang inyong mga anak na maranasan ang mga pagpapalang ito sa pamamagitan ng pagsasantabi ng lahat ng teknolohiya nang ilang oras at pagtutulung-tulong sa isang gawain.

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Bata

- Ang gawaing misyonero ay mahirap na gawain, at ang pagkatutong umasa sa sarili ay tutulong sa mga anak na maghanda para sa gawaing iyan. Kasama ang inyong mga anak, gumawa ng listahan ng mga gawaing-bahay na dapat matutuhang gawin ng mga missionary (halimbawa'y paglalaba, pagluluto, at paglilinis). Pagkatapos ay pagtulungan ang ilan sa mga gawaing-bahay na iyon.
- Sa kanyang artikulo, ipinaalala sa atin ni Brother Ridd na "ang pinakamahalagang gawain ay ang gawain ng Diyos." Paano maisusulong ng inyong pamilya ang gawain ng Panginoon? Mag-isip ng isang aktibidad na mapagtutulungan ninyo na maglalapit sa iba kay Cristo.
- Bahagi ng pag-asa sa sarili ang matutuhan kung paano humawak ng pera. Ituro sa inyong mga anak ang mga alituntunin ng pagbabadyet at ang kahalagahan ng pagsasama ng ikapu sa kanilang badyet. ■



### MGA BANAL NA KASULATAN TUNGKOL SA PAKSANG ITO

Isaias 55:2
2 Nephi 5:17, 27
Mosias 4:16–21
Doktrina at mga Tipan 58:26–29
Joseph Smith—Kasaysayan 1:55

PAGLALARAWAN NI TAIA MORLEY

*Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.*

# LDS Charities Tampok sa Kaganapan sa United Nations

Ang gawain ng LDS Charities ang paksa ng katatapos na panel discussion sa United Nations headquarters sa New York, USA. Ang kaganapang, "Discovering Mormonism and Its Role in Humanitarian Assistance [Pagtuklas sa Mormonismo at ang Papel na Ginagampanan Nito sa Tulong-Pantao]," ay bahagi ng seryeng Focus on Faith na itinataguyod ng mga pribadong organisasyon na bahagi ng Department of Public Information ng U.N.

"Layunin ng seryeng ito na mas maipaunawa kung paano nagkakaisa ang iba't ibang relihiyon sa mga pangunahing alituntunin na tulad ng pagpaparaya, paggalang sa mga taong naiiba sa atin, at ang pangakong lutasin nang may pagkakaunawaan at kahinahunan ang mga pagtatalo," paliwanag ng panel moderator na si Felipe Queipo, isang public information assistant sa U.N. na miyembro ng Simbahan mula sa Spain.

"Ang pangalagaan ang mga maralita ay pangunahing tungkulin ng sinumang may pagpipitagan sa Diyos at sa layon ng kapatiran ng lahat ng kalalakihan at kababaihan—na paglingkuran, pasiglahin, at tulungan ang mga tao, at ibsan ang kanilang pagdurusa anuman ang kanilang relihiyon, pilosopiya sa buhay, nasyonalidad, lipi, kasarian, o pinagmulan," sabi ni Sharon Eubank, direktor ng LDS Charities, na nakibahagi sa talakayan.

Sa kanyang pananalita nirepaso rin niya ang nakasaad na layunin ng LDS Charities: ibsan ang pagdurusa, pagyamanin ang pag-asa sa sarili, at maglaan ng mga pagkakataong mapaglingkuran ang mga pamilya ng lahat ng nasyonalidad. Ang mahahalagang proyekto nito, sabi niya, ay malinis na tubig, neonatal resuscitation, pangangalaga sa mata, pamamahagi ng wheelchair, pagbabakuna, pagkain, at agarang tulong.

Kabilang sa iba pang mga kalahok na Banal sa mga Huling Araw sina Ahmad S. Corbitt, direktor ng New York Office of Public and International Affairs ng Simbahan, at John P. (Phil) Colton, na naglilingkod kasama ang kanyang asawang si Barbara, bilang U.N. representative ng LDS Charities.

Sinabi ni Brother Corbitt na may "mga taong mabuti ang kalooban sa lahat ng relihiyon sa mundo," na binibigyang-diin ang kahalagahan ng pagtutulungan. Ipinaliwanag ni Brother Colton ang mga paraan na nakatulong ang LDS Charities sa halos dalawang milyong katao sa 132 bansa noong 2013. ■

***Lumahok ang mga kinatawan ng Simbahan sa isang panel discussion sa United Nations.***



**MGA BAGONG MISSION PRESIDENT NA TINAWAG NA MAGLINGKOD**

Tinawag ng Unang Panguluhan ang 122 mga bagong mission president at kanilang mga asawa na maglingkod sa kanilang nakatalagang lugar simula Hulyo 2014. Para sa impormasyon tungkol sa mga bagong mission president, magpunta sa lds.org/church/news/church-announces-2014-mission-president-assignments.

**DUMAMAY AT TUMULONG ANG MGA LIDER SA PILIPINAS**

Noong Pebrero, 100 araw matapos salantain ng Bagyong Haiyan [Yolanda] ang Tacloban, sina Sister Linda K. Burton, Relief Society general president, at Sister Carol F. McConkie, unang tagapayo sa Young Women general presidency, ay nagpunta sa nasalantang lugar para tumulong at dumamay.

"Alam ko na kailangan kong yakapin ang kababaihan," sabi ni Sister Burton. "Alam ko na kaunti lang ang magagawa ko, pero alam ko na kailangan kong pumunta sa Tacloban at yakapin ang lahat ng mayayakap ko."

Winasak ng Bagyong Haiyan [Yolanda] ang mahigit 1.1 milyong kabahayan sa gitnang bahagi ng Pilipinas, at mahigit 6,100 katao ang nasawi, kabilang na ang 42 Banal sa mga Huling Araw. Paglipas ng bagyo, nagpadala ng mga suplay ang Simbahan at nakipagtulungan sa lokal at pandaigdigang mga organisasyon sa pamimigay ng pagkain, kanlungan, pagpapadalisay ng tubig, pag-aalis ng kalat, at pagbibigay ng ikabubuhay.

Iniulat kapwa nina Sister Burton at Sister McConkie na nakitaan nila ng pag-asa at magandang pananaw ang mga Banal, na muling itinatayo ang kanilang mga bahay at pinapalakas ang kanilang mga patotoo sa pamamagitan ng paglilingkod sa isa't isa.

***Kinakausap ni Sister Carol F. McConkie ang mga bata sa Tacloban Philippines Stake Center.***





***Nagsasalita si Elder Jeffrey R. Holland sa mga miyembro sa Taiwan.***

# Nagministeryo ang mga Apostol sa Maraming Bansa

Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay patuloy na nagministeryo sa iba't ibang panig ng mundo. Sa kanilang mga tungkulin kamakailan:

- Sina Elder Russell M. Nelson at Elder Neil L. Andersen ay nagbigay ng payo at tagubilin sa mga Banal sa Australia, New Zealand, French Polynesia, Fiji, New Caledonia, Tonga, at Papua New Guinea. Nagsalita si Elder Nelson tungkol sa pangangailangang patatagin ang mga pamilya, at pinaalalahanan ni Elder Andersen ang mga miyembro na magalak. Sa isa pa niyang tungkulin, pinulong ni Elder Andersen ang mga miyembro at lider ng komunidad sa mga lugar sa Pilipinas na labis na pininsala ng mga lindol at bagyo.
- Inilaan ni Elder Dallin H. Oaks ang Mexico City Missionary Training Center. Hinikayat niya ang mga missionary na mag-aral na mabuti at ilaan ang kanilang sarili sa Panginoon.
- Sinabi ni Elder M. Russell Ballard sa mga Banal sa South America South Area na "ang araw ng mga anak na lalaki at anak na babae ni Lehi ay yumayabong," ngayong may 4.5 milyong miyembro at 14 na templo na sa South America. Tinutupad nito ang propesiya ng kanyang lolong si Elder Melvin J. Ballard (1873–1939) na ang South America ay magiging malakas na bahagi sa Simbahan.
- Hinikayat ni Elder Jeffrey R. Holland ang mga miyembro sa Taiwan at Hong Kong na gawing bahagi ng kanilang buhay ang templo sa pagpunta rito nang madalas hangga't kaya nila.
- Ipinaalala ni Elder David A. Bednar sa mga Banal sa mga Huling Araw sa Uganda na sila ay mga pioneer sa pagtatayo ng Simbahan sa kanilang bansa. Pinaalalahanan niya ang mga miyembro sa Kenya na mahalagang patuloy na magpakita ng pagmamahal sa tahanan.
- Itinuro ni Elder Quentin L. Cook sa mga miyembro sa Central America ang kahalagahan ng paglilingkod sa Diyos, sa isa't isa, at sa kanilang kapwa.

Para malaman ang iba pa tungkol sa ministeryo ng mga Apostol, magpunta sa lds.org/prophets-and-apostles. ■










NOITE
DE
NOVOS



# ANG SIMBAHAN SA Brazil DUMATING NA ANG MAGANDANG BUKAS

**Ni Mark L. Grover**
Retiradong propesor ng Latin American studies, Brigham Young University

Sa laki at populasyon, ang Brazil ang panlimang pinakamalaking bansa sa mundo. Pero 100 taon na ang nakalipas, maliit lang ang populasyon nito, at iilan lang ang gumamit ng likas na yaman nito: tropikal na klima, matabang lupa, at yamang mineral at tubig.

Sina Max at Amalie Zapf ay naging interesado sa Brazil at nagpasiyang manirahan dito. Sumapi sila sa Simbahan sa Germany noong 1908 at nandayuhan sa Brazil noong Marso 1913. Bilang mga unang nakilalang miyembro ng Simbahan na nanirahan sa Brazil, sabik silang mapunta sa isang bansang puno ng potensyal. Subalit hindi pa naitatatag ang Simbahan sa South America, at hindi naglaon ay nadama nina Max at Amalie kung gaano sila kalungkot na mawalan ng pribilehiyong makasimba at makasalamuha ang iba pang mga miyembro.[1]

Pagkaraan ng 10 taon sa Brazil, nalaman nina Max at Amalie Zapf na may isa pang matapat na miyembro ng Simbahan, si Augusta Lippelt, na nandayuhan noong 1923 mula sa Germany kasama ang apat na anak at asawang di-miyembro sa katimugang estado ng Santa Catarina sa Brazil. Lumipat ang mga Zapf sa Santa Catarina para mapalapit sa mga Lippelt.

Pagkaraan ng dalawang taon binuksan ang South American Mission sa Buenos Aires, Argentina. Ang pangalawang mission president, si K. B. Reinhold Stoof, na galing din sa Germany, ay nabigyang-inspirasyon na itatag ang Simbahan sa malaking populasyon ng mga dayuhang German sa katimugang Brazil. Noong 1928 itinalaga niya ang dalawang misyonero, sina William Fred Heinz at Emil A. J. Schindler, sa Joinville, isang lungsod na may malaking populasyon ng mga dayuhang German. Noong 1930, binisita ni President Stoof ang pamilya Zapf at Lippelt at itinatag ang isang branch, kung saan magkasama na ring makakasimba at makakabahagi ng sakramento ang dalawang pamilya.




*Ang mga missionary na ito ay naglingkod sa Rio de Janeiro noong mga huling taon ng 1930s, pati na si Daniel Shupe, na tumulong sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon sa wikang Portuges.*

**TIME LINE**

*1928: Ipinadala ang mga unang missionary sa Brazil sa mga nagsasalita ng Aleman sa Joinville*

*1930: Inorganisa ang unang branch, sa Joinville*

▼ *1931: Inilaan ang unang meetinghouse na pag-aari ng Simbahan sa Timog Amerika, sa Joinville*



▶ *1935: Inorganisa ang unang mission, na nakabase sa São Paulo*



Malaking kaibhan ang nagawa ng 100 taon. Bago dumating ang mga Zapf noong 1913, walang mga miyembro, missionary, at organisasyon ang Simbahan sa Brazil. Ngayo'y mahigit isang milyong miyembro na ang nakatira sa Brazil, kaya't pangatlo na ang bansa na may pinakamalaking populasyon ng mga miyembro ng Simbahan (kasunod ng Estados Unidos at Mexico). Ang Simbahan ngayon ay may mga kongregasyon sa lahat ng estado at pangunahing lungsod ng Brazil. Tinatamasa ng mga inapo nina Max at Amalie ang mga biyaya ng isang matatag at masiglang Simbahang may natatangi at magandang kasaysayan.

## Lumalaking Gaya ng Encina [Oak]

Ipinahiwatig sa isang propesiyang ibinigay sa Argentina noong 1926 ni Elder Melvin J. Ballard (1873–1939) ng Korum ng Labindalawang Apostol na magiging mabagal ang pag-unlad ng rehiyon sa simula ngunit isang araw ay magiging malakas ito. Ipinropesiya niya: "Ang gawain ng Panginoon ay dahan-dahang uunlad dito gaya ng encina na dahan-dahang umuusbong mula sa isang acorn. Hindi ito uusbong kaagad sa loob ng isang araw na tulad ng sunflower na mabilis lumaki at pagkatapos ay namamatay."[2]

Kakaunti ang sumapi sa Simbahan sa mga unang taon ng Brazil Mission, na nagbukas noong 1935. Ang Simbahan ay pinamahalaan halos sa wikang Aleman hanggang 1940, hanggang sa gawin itong Portuges, ang opisyal na wika ng bansa. Naglingkod ang mga missionary sa maraming lungsod sa buong bansa hanggang sa kailanganin nilang lisanin ang bansa noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Bumalik ang mga missionary pagkatapos ng digmaan, at muling nagsimula ang gawain.

Sa lungsod ng Campinas, sa estado ng São Paulo, ilang kabataang lalaki at babae ang sumapi at nanatiling tapat. Isa sa mga naunang miyembrong iyon si Antônio Carlos Camargo. Tinedyer pa siya nang sumapi noong 1947, idineyt at pinakasalan niya ang isang miyembro ng Simbahan, at noong 1954 nag-aral siya sa Brigham Young University at kalaunan ay sa University of Utah. Nagbalik silang mag-asawa sa Brazil noong 1963 dahil sa kanyang trabaho sa isang kumpanya ng tela at namangha sa pag-unlad ng Simbahan. Nang umalis sila noong 1954, may ilang maliliit na branch lamang, na pinamunuan ng mga Amerikanong missionary. Gayunman, nang mawala sila nang siyam na taon, halos 16,000 Brazilian ang sumapi sa Simbahan, kabilang na ang maraming bata pang pamilya na may malaking kakayahang mamuno at lubos ang katapatan. Sabi ni Antônio, "Sila ay mga dakila at marangal na espiritung pinili ng Panginoon dito sa São Paulo."[3]

Noong 1966, 31 taon matapos buksan ang Brazil Mission, inorganisa ang unang stake sa South America sa São Paulo. Si Elder Spencer W. Kimball (1895–1985), na miyembro noon ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang nag-organisa sa stake at tinawag niya si Walter Spät bilang pangulo at si Antônio bilang kanyang pangalawang tagapayo.

Ilan lamang sa mga bagong lider ang nakakita ng aktibong stake. Ngunit inihanda na ng Panginoon si Antônio, na may malaking karanasan sa Simbahan sa Estados Unidos at nakatulong sa stake presidency. Sa pamunuan sa mga ward at branch ng unang stake na iyon nagmula ang mga lider para sa marami pang nadagdag na stake. Ang kanilang impluwensya ay nadama sa buong bansa nang magsimula ang mabilis na pag-oorganisa ng mga stake.

### Isang Panahon ng Pag-unlad

Isang di-inaasahang balita ang naging dahilan para lalo pang umunlad ang Simbahan sa Brazil: ang pagtatayo ng isang templo. Alam ng mga miyembro na mahalaga ang mga templo, ngunit karamihan sa kanila ay sa mga larawan lamang nakita ang mga ito. Ang pinakamalapit na mga templo ay nasa Estados Unidos, libu-libong milya ang layo. Binisita ni Pangulong Kimball ang Brazil noong Marso 1975 at ibinalita sa isang regional conference ang pagtatayo ng templo sa São Paulo. Ang malaking pag-asam at pinansyal na sakripisyo ay humantong sa pagtatapos nito noong 1978. Tumulong ang mga miyembro sa pagbabayad ng halaga ng pagtatayo ng templo sa pamamagitan ng mga donasyon. Ibinenta ng marami sa kanila ang kanilang mga sasakyan, alahas, at lupain para makatipon ng pondo para sa kanilang mga donasyon.

Ang paglalaan ng templo noong Oktubre at Nobyembre 1978 ay kasunod ng paghahayag noong Hunyo tungkol sa priesthood (tingnan sa Opisyal na Pahayag 2). Ang paghahayag na ito ay nangahulugan na lahat ng karapat-dapat na miyembro sa Brazil ay maaaring makibahagi sa paglalaan at mga pagpapala ng templo.


Ang paghahayag tungkol sa priesthood at paglalaan ng templo ay naging dahilan ng isa sa pinakamalalaking tagumpay ng mga missionary na nakita sa Simbahan: mahigit 700,000 Brazilian ang sumapi sa Simbahan sa sumunod na dalawang dekada.

Napaunlad pa ito ng iba pang mga kaganapan. Ang bansa ay nagkaroon ng mahahalagang pagbabago sa pulitika at lipunan na nagbigay-daan sa pag-unlad. Maraming Brazilian ang lumipat sa mga lungsod at naging mas handang tumanggap ng mga bagong relihiyon. Kasabay nito, hiniling ni Pangulong Kimball sa mga Brazilian stake president na magtakda ng mga mithiin para dumami ang mga kabataang Brazilian na magmimisyon. Hindi nagtagal mahigit kalahati ng mga missionary na naglilingkod sa Brazil ay mga katutubong Brazilian. Ang mga returned missionary na ito kalaunan ang naging mga lokal na lider sa Simbahan.

Ngunit ang pag-unlad ng Simbahan ay naharap sa isang hamon: ang kawalan ng karanasan ng mga miyembro. Gayunman, ang hamong ito ay nagkaroon ng magandang resulta: nangailangan ito ng ibayong pananampalataya at espirituwal na patnubay sa mga miyembro. Halimbawa, noong Nobyembre 1992 isang stake ang inorganisa sa Uruguaiana, sa kanlurang bahagi ng Brazil, malayo sa mga naorganisang stake ng Simbahan. Nang matawag ang tapat at matagal nang miyembro ng Simbahan na si José Candido Ferreira dos Santos bilang patriarch ng bagong organisang stake, nag-alala siya. Ipinaliwanag niya sa General Authority: "Hindi ko po kayang maging patriarch. Wala po akong ideya kung ano ito. Wala po akong naaalala na may nakausap akong patriarch at wala po akong patriarchal blessing." Nagmungkahi ng solusyon ang General Authority. Sa kalapit na lungsod ng Alegrete, natawag din kamakailan ang isang bagong patriarch, si Ruí Antônio Dávila, at nasa gayon ding sitwasyon. Kinailangang bigyan ng patriarchal blessing ng dalawang patriarch ang isa't isa.

Nang basbasan ni Brother Dávila si Brother Santos, nagulat ito nang marinig niya ang ipinahayag na mga basbas ukol sa kanyang nakaraan at mga personal na hangarin na sa anumang paraan ay hindi maaaring malaman ng patriarch. Nang basbasan naman ni Brother Santos

► *1939: Inilathala ang Aklat ni Mormon sa wikang Portuges*




*1954: Unang pagkakataong bumisita ang isang Pangulo ng Simbahan, si David O. McKay, sa bansa*

*1959: Inorganisa ang pangalawang mission*

*1966: Binuo ang unang stake sa Timog Amerika, ang São Paulo Brazil Stake*

► *1978: Inilaan ang unang templo sa Timog Amerika, sa São Paulo*



LARAWAN NG JOINVILLE CHAPEL NA KUHA NI KARL REINHOLD STOOF; KANAN: LARAWAN NG SÃO PAULO BRAZIL TEMPLE NA KUHA NI MARCELO SPATAFORA







si Brother Dávila, muling dumaloy ang mga luha nang maulit ang karanasang iyon. Nagyakap ang dalawang lalaki pagkatapos lubos na nauunawaan ang pangyayaring kagaganap lamang.[4] Tulad nang gabayan sila ng Espiritu sa pagbibigay ng una nilang patriarchal blessing, ginabayan din sila ng Espiritu sa daan-daan pang pagbibigay nito. Naglaan ang Panginoon ng maraming espirituwal na pagpapala sa isang bansang limitado ang karanasan sa Simbahan.


### Perpetual Education Fund

Ang kakulangan sa edukasyon ng mga miyembro ay isa pang hamon. Kadalasan, kapag nakabalik na ang mga missionary, handa sila sa espirituwal ngunit kulang sa pinag-aralan para makapagtrabaho. Paliwanag ni Reinaldo Barreto, stake president sa São Paulo, "Napakahirap humanap ng trabaho. Maraming missionary ang nawalan ng pag-asang umunlad, at nawala pa ang espirituwal na lakas na nakuha nila sa kanilang misyon." Madalas ay edukasyon ang susi sa pagdaig sa hamong ito.

Dahil dito, napagpala ng pagtatatag ng Perpetual Education Fund ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) noong 2001 ang libu-libong Brazilian returned missionary. Nagbigay ito sa kanila ng mga training, na nagbunga ng mas magandang trabaho. Mas nakayanan ng mga miyembro na itaguyod ang pamilya at dagdagan pa ang kanilang pinag-aralan. Sabi ni President Barreto, na naging administrador ng PEF program sa Brazil, "Isang pagpapalang makita ang mga kabataang miyembro na matapos sa kanilang pag-aaral at makakuha ng magagandang trabaho, ngunit ang tunay na tagumpay ng programa ay ang paglakas ng tiwala nila sa kanilang sarili. Nagkaroon sila ng mas malaking pag-asa."[5]

### Matatapat na Miyembro

Ang katatagan ng Simbahan sa Brazil ay hindi lamang dahil sa dami ng mga miyembro kundi dahil din sa katapatan nila sa ebanghelyo. Halimbawa, si Gelson Pizzirani, isang retiradong airline administrator, ay inalok ng isang mahirap na trabaho pero malaki ang suweldo: tumulong sa pagtatayo



*◀ 1985: Si Elder Helio R. Camargo ay natawag na General Authority, ang unang taga-Brazil*

*1986: Ang Brazil ay naging pang-apat na bansa na may mahigit 50 stake*


*1987: Binuo ang Brazil Area*

*1993: Ang Brazil ay naging pangatlong bansa na may 100 stake*



*◀ 1997: Itinayo ang pangalawang pinakamalaking missionary training center ng Simbahan sa São Paulo*







**_Simula noong 1999, libu-libong miyembrong Brazilian na ang nakapaglingkod sa kanilang komunidad bilang bahagi ng pagsisikap ng Mormon Helping Hands._**






ng isang bagong airline sa Brazil. Kasabay nito, siya at ang kanyang asawang si Míriam ay tinawag na mangulo sa Brazil Brasília Mission. Walang pag-aalinlangan kung ano ang gagawin. Mula nang mabinyagan sila noong tinedyer sila, inilaan na nila ang kanilang buhay sa Simbahan. Bago sila ikinasal, tinawag na maglingkod si Brother Pizzirani bilang branch president. Tinawag siyang maging stake president sa edad na 25 at tumanggap ng iba pang mga tungkulin, kabilang na ang Area Seventy. Naglingkod si Sister Pizzirani sa mga tungkulin sa stake at ward Relief Society, Young Women, at Primary. Ipinahayag niya ang kanyang damdamin hinggil sa mga pagpapala ng ebanghelyo: “Lubos na napagpala ang buhay ko dahil sinikap kong sundin ang mga kautusan. Sa bawat kautusang sinusunod ko, pinagpapala ako.”[6]



▲ *2000: Inilaan ang Recife Temple at Porto Alegre Brazil Temple*

*2002: Inilaan ang Campinas Temple*

*2002: Tumanggap ng pambansang parangal ang Mormon Helping Hands bilang isa sa pinakamahahalagang boluntaryong organisasyon sa Brazil*



◀ *2008: Inilaan ang Curitiba Temple*



▲ *2012: Inilaan ang Manaus Temple*

Pagkatapos ng kanilang misyon sa Brasília, ang plano nilang manatili na lang sa bahay ay naantala ng isang tawag na maglingkod bilang pangulo ng Brazil Campinas Mission sa maikling panahon. Matapos magpahinga nang ilang buwan, tinanggap nila ang tawag noong 2013 na maging pangulo at matron ng Recife Brazil Temple. Isa sa mga missionary na nagbinyag kay Brother Pizzirani ang tinawag kamakailan kasama ang kanyang asawa na maglingkod sa Recife Temple, kung saan magkasamang maglilingkod ang missionary at nabinyagan.


Ang halimbawa ng pagtanggi ng mga Pizzirani sa mga pagkakataong makapaghanapbuhay para makapaglingkod sa Panginoon ay kahanga-hanga ngunit karaniwan na sa matatapat na miyembro sa Brazil.

Ang 100 taong lumipas mula nang dumating ang pamilya Zapf sa Brazil ay sumaksi sa maraming magagandang pagbabago ngunit may paminsan-minsan ding problema. Gayunman, ang mga propetang bumisita ay hindi kailanman nag-alangang ipahayag ang kanilang pananalig sa magandang kinabukasan ng bansa. Ang mga propesiyang iyon ay natutupad nang manguna ang Brazil sa mundo sa paglago at pag-unlad ng ekonomiya. Ang mga inapo ng mga Zapf—kapwa ang literal nilang mga inapo at ang mga sumunod sa kanilang mga yapak sa ebanghelyo—ay nagtatamasa ng mga biyaya ng kasipagan at tiyaga ng mga taong nagtanim ng mga binhi ng ebanghelyo. Natupad na ang pangalawang bahagi ng propesiya ni Elder Melvin J. Ballard na ibinigay noong 1926: “Libu-libo ang sasapi sa Simbahan dito. Mahahati ito sa mahigit sa isang misyon at magiging isa sa mga pinakamatatag sa Simbahan.” ■

**MGA TALA**

1. Sibila Hack Nunes (apo nina Max at Amalie Zapf), interbyu ni Michael Landon, Curitiba, Brazil, Hulyo 30, 2004, Church History Library.
2. Melvin J. Ballard, sa Bryant S. Hinckley, *Sermons and Missionary Services of Melvin Joseph Ballard* (1949), 100.
3. Antônio Carlos Camargo, interbyu ni Mark L. Grover, São Paulo, Brazil, Hunyo 27, 2006, Harold B. Lee Library, p. 22.
4. Jose Candido Ferreira dos Santos, interbyu ni Mark L. Grover, Rio Grande do Sul, Brazil, Mayo 4, 2010, Harold B. Lee Library; Rui Antonio Dávila, interbyu ni Mark L. Grover, Rio Grande do Sul, Brazil, Mayo 5, 2010, Harold B. Lee Library.
5. Reinaldo de Souza Barreto, interbyu ni Mark L. Grover, São Paulo, Brazil, Hunyo 16, 2006, Harold B. Lee Library, p. 14.
6. Míriam da Silva Sulé Pizzirani, interbyu ni Mark L. Grover, São Paulo, Brazil, Marso 21, 1982, Harold B. Lee Library, p. 7.

LARAWAN NI ELDER CAMARGO SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY; ITAAS: LARAWAN NG PORTO ALEGRE BRAZIL TEMPLE NA KUHA NI MARCO ANDRAS; KANAN: LARAWAN NG CURITIBA BRAZIL TEMPLE NA KUHA NI JOHN LUKE; LARAWAN NG MANAUS BRAZIL TEMPLE NA KUHA NI MATTHEW REIER



**Ni Elder**
**Russell M. Nelson**
Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

# ANG Aklat ni Mormon, ANG Pagtitipon ng Israel, AT ANG Ikalawang Pagparito

*Ang paglabas ng Aklat ni Mormon ay isang pisikal na palatandaan sa mundo na sinimulan na ng Panginoon na tipunin ang Israel at tuparin ang mga tipang ginawa Niya kina Abraham, Isaac, at Jacob.*

Ang kabanata 5 ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* ay lubos na nakatuon sa Aklat ni Mormon. Itinuturo sa kabanatang ito na ang Aklat ni Mormon ay:

- Ang saligang bato ng ating relihiyon.
- Nagpapatotoo tungkol kay Jesucristo.
- Sumusuporta sa Biblia.
- Sinasagot ang mga tanong ng kaluluwa.
- Mas inilalapit ang mga tao sa Diyos.



Lahat ng pahayag na ito ay talagang totoo, ngunit sinambit ang mga ito ayon sa ating pananaw bilang mga mortal na nilalang. Ano kaya ang pananaw ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo tungkol sa Aklat ni Mormon?

Ang Kanilang pananaw ay tiyak na nagmula sa dalawang pangakong ginawa Nila sa buong sangkatauhan. Ang dalawang pangakong ito ay magkaugnay, may katibayan, may bisa pa rin, at matutupad balang-araw. Ang una ay ang Kanilang pangako noong araw na titipunin ang ikinalat na Israel. Ang pangalawa ay ang Kanilang matagal nang pangako na Ikalawang Pagparito ng Panginoon.

**Ang Tipang Abraham at ang Sambahayan ni Israel**

Noong dispensasyon ni Abraham, nakipagtipan ang Diyos kay Amang Abraham na sa pamamagitan ng kanyang lahi, pagpapalain ang mga tao sa lahat ng bansa. Ang iba pang mahahalagang bahagi ng pangakong iyan ay ginawa rin. Kabilang sa mga pangakong ito, na unang ibinigay kay Abraham at pinagtibay kalaunan kina Isaac at Jacob, ang:

- Malaking angkan.[1]
- Pamanang mga lupain.[2]
- Dadalhin ng binhi ni Abraham ang priesthood sa lahat ng bansa, upang lahat ay mapagpala sa pamamagitan ng lahi ni Abraham.[3]
- Ang mga hindi inapo ni Abraham na tatanggap ng ebanghelyo ay ibibilang sa binhi ni Abraham sa pamamagitan ng pagkupkop o pag-ampon.[4]
- Ang Tagapagligtas ng mundo ay magmumula sa lahi ni Abraham.[5]

Marami sa mga inapo ni Abraham—na mga lipi ng sinaunang Israel—ang tinanggihan kalaunan ang mga turo ng Panginoon at pinatay ang mga propeta. Sampung lipi ang dinalang bihag sa Asiria. Mula roon nawala sila



sa mga talaan ng sangkatauhan, bagama't hindi nawala sa Panginoon. Dalawang lipi ang nanatili nang maikling panahon, ngunit dahil sa kanilang paghihimagsik ay dinala silang bihag sa Babilonia. Nang magbalik sila, pinagpala sila ng Panginoon, ngunit muli nila Siyang tinanggihan!

### Ang Pagkalat at Pagtitipon ng Israel

Ikinalat ng mapagmahal ngunit nalulungkot na Ama ang Israel sa malalayong lugar, ngunit nangako Siya na balang-araw ay muling titipunin ang ikinalat na Israel pabalik sa kawan. Ang pangakong ito ay kasinglinaw ng pangako na ikakalat ang Israel.[6] Halimbawa, nakinita ni Isaias na sa mga huling araw ay magsusugo ang Panginoon ng "maliliksing sugo" sa mga taong ito, na "[ikinalat] at [inihiwalay]" (Isaias 18:2, 7).

Tulad ng ipinropesiya, *lahat* ng bagay ay ipanunumbalik sa dispensasyong ito. Samakatuwid, ang pinakahihintay na pagtitipon ng ikinalat na Israel ay magiging bahagi ng panunumbalik na iyan.[7] Ang pagtitipon ng Israel ay nakaugnay sa pangalawang pangako dahil mahalagang mauna ang pagtitipon bago ang Ikalawang Pagparito ng Panginoon.[8] Muli, malinaw ang maluwalhating pananaw na iyan.

Ang konseptong ito ng pagtitipon ay isa sa mahahalagang turo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ipinahayag ng Panginoon, "Magbibigay ako sa inyo ng palatandaan . . . na aking titipunin, mula sa matagal na nilang pagkakakalat, ang aking mga tao, O sambahayan ni Israel, at muling itatatag sa kanila ang aking Sion" (3 Nephi 21:1).



Ang paglabas ng Aklat ni Mormon ay isang pisikal na palatandaan sa mundo na sinimulan na ng Panginoon na tipunin ang Israel at tuparin ang mga tipang ginawa Niya kina Abraham, Isaac, at Jacob.[9] Hindi lamang natin itinuturo ang konseptong ito, kundi nakikibahagi rin tayo rito! Ginagawa natin ito sa pagtulong nating tipunin ang mga hinirang ng Panginoon sa magkabilang panig ng tabing.

Ang paanyayang "lumapit kay Cristo" (Jacob 1:7)[10] ay maaari ding ipaabot nang may awa sa mga namatay na walang kaalaman sa ebanghelyo.[11] Kailangan sa bahagi ng paghahanda para sa mga nasa kabilang panig ng tabing ang pagsisikap sa lupa ng mga taong nabubuhay sa panig na ito ng tabing. Nagtitipon tayo ng mga pedigree chart, gumagawa ng family group sheet, at nagsasagawa ng mga ordenansa sa templo para sa mga patay upang matipon ang mga tao sa Panginoon at sa kanilang pamilya.[12]

Ang dispensasyong ito ng kaganapan ng mga panahon ay nakinita ng Diyos bilang panahon para magtipon, kapwa sa langit at sa lupa. Alam ni Apostol Pedro na pagkatapos ng apostasiya, darating ang panunumbalik. Ipinahayag Niya:

"Kaya nga mangagsisi kayo, at mangagbalik-loob, upang mangapawi ang inyong mga kasalanan, upang kung magkagayon ay magsidating ang mga panahon ng kaginhawahang mula sa harapan ng Panginoon; . . .

"Na siya'y kinakailangang tanggapin ng langit hanggang sa mga panahon ng pagsasauli sa dati ng lahat ng mga bagay, na sinalita ng Dios sa pamamagitan ng bibig ng kaniyang mga banal na propeta buhat pa nang una" (Mga Gawa 3:19, 21).

Sa ating panahon, sina Pedro, Santiago, at Juan ay isinugo ng Panginoon taglay "ang mga susi ng [Kanyang] kaharian, at dispensasyon ng ebanghelyo para sa huling panahon; at para sa kaganapan ng panahon," kung kailan Niya "sama-samang titipunin sa isa ang lahat ng bagay, maging ang mga nasa langit, at ang mga nasa lupa" (D at T 27:13).[13]

Maraming aspeto ng tipang Abraham ang natupad na. Tunay ngang nagmula ang Tagapagligtas ng mundo sa lahi ni Abraham, sa pamamagitan ng anak ni Jacob na si Juda. Naitalaga na noon pa man ang lupaing ipamamana. Makikita sa isang mapa sa LDS edition ng Biblia kung paano hinati-hati ang lupaing minana ng mga lipi sa mga inapo



nina Ruben, Simeon, Juda, Issachar, Zabulon, Dan, Nephtali, Gad, Aser, Benjamin, at Jose (hinati sa kanyang dalawang anak na sina Ephraim at Manases).[14] Bukod pa sa mana ni Jose sa Banal na Lupain, nalaman din natin sa Aklat ni Mormon na ang lupaing nakalaan para sa mga labi ng sambahayan ni Jose ay ang lupalop ng Amerika.[15]

Ang dakilang pangako na *lahat* ng bansa ay pagpapalain sa pamamagitan ng mga inapo nina Abraham, Isaac, at Jacob ay matutupad pa lamang. Ngunit ang pangakong ito ng pagtitipon, na binanggit sa lahat ng mga banal na kasulatan, ay tiyak na matutupad tulad ng mga propesiya na ikakalat ang Israel.[16]

## Mauuna ang Pagtitipon Bago ang Ikalawang Pagparito

Bakit napakahalaga ng pangakong ito ng pagtitipon? Dahil mahalaga ang pagtitipon ng Israel sa paghahanda sa mundo para sa Ikalawang Pagparito! At ang Aklat ni Mormon ay kasangkapan ng Diyos na kailangan upang maisakatuparan ang *dalawang* banal na layuning ito.[17]

Ang Aklat ni Mormon ay kaloob ng Diyos sa buong mundo. Ito ang tanging aklat na pinatotohanan ng Panginoon na totoo.[18] Ito ay isang kaloob mula kina Nephi, Jacob, Mormon, Moroni, at sa nabigyang-inspirasyon at pinaslang na tagapagsalin nito, si Propetang Joseph Smith. Ang Aklat ni Mormon ay sadyang para sa mga labi ng sambahayan ni Israel.[19]

Hinggil sa Ikalawang Pagparito, alam natin na ito "ngayon ay nalalapit na, at sa panahon [pang] darating" (D at T 63:53). At kapag muling pumarito ang Tagapagligtas, hindi na ito magiging lihim.[20] Samantala, maraming kailangang gawin upang matipon ang Israel at maihanda ang mundo para sa maluwalhating Ikalawang Pagparito.

## Ang Pagtitipon ng Israel sa Dispensasyong Ito

Salamat sa Aklat ni Mormon, alam natin kung kailan magaganap ang pangakong ito ng pagtitipon: "Anupa't ang ating ama ay hindi lamang tumutukoy sa ating mga binhi, kundi gayon din sa buong sambahayan ni Israel, tumutukoy sa mga tipang matutupad *sa mga huling araw;* kung aling tipan ay ginawa ng Panginoon sa ating amang si Abraham, sinasabing: Sa iyong mga binhi pagpapalain ang lahat ng lahi sa mundo" (1 Nephi 15:18; idinagdag ang pagbibigay-diin).

***Ang mga Banal sa bawat lupain ay may pantay-pantay na karapatan sa mga pagpapala ng Panginoon. Ang espirituwal na kapanatagan ay laging nakasalalay sa* kung paano *tayo namumuhay, hindi sa* kung saan *tayo naninirahan.***



***Sa templo tinatanggap natin ang pinakamataas at pinakadakilang mga pagpapala, na ipinangako sa binhi nina Abraham, Isaac, at Jacob.***

Anim na raang taon bago isinilang si Jesus sa Betlehem, alam na ng mga propeta na magaganap ang pagtitipon ng Israel "sa mga huling araw."

Sa mga Banal sa mga Huling Araw, ang dakilang pangalang *Abraham* ay mahalaga. Bawat miyembro ng Simbahan ay nakaugnay kay Abraham.[21] Pinagtibay ng Panginoon ang tipang Abraham sa ating panahon sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith.[22] Sa templo tinatanggap natin ang pinakamataas at pinakadakilang mga pagpapala, na ipinangako sa binhi nina Abraham, Isaac, at Jacob.[23]

Kailangan nating makamtan ang banal na pananaw na iyon. Kailangan nating malaman ang tungkol sa tipang Abraham at maunawaan ang ating responsibilidad sa pagtulong na maisakatuparan ang ipinangakong pagtitipon ng Israel. Kailangan nating malaman kung *bakit* pribilehiyo nating matanggap ang mga patriarchal blessing at mabatid ang ating kaugnayan sa sinaunang mga patriarch. Kailangan nating malaman na ang anak ni Jacob na si Jose ang nagtamo ng karapatan sa pagkapanganay matapos itong mawala kay Ruben.[24] Si Jose at ang kanyang mga anak na sina Ephraim at Manases ang naging binhi (ni Abraham) na mamumuno sa pagtitipon ng Israel.[25] Susunod ang iba pang mga lipi.

Isipin ang mga sugong iyon ng langit na nagdala ng mahahalagang susi ng priesthood sa ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon. Noong Abril 3, 1836, matapos tanggapin ng Panginoon ang Kirtland Temple, dumating si Moises, na nagpanumbalik ng "mga susi ng pagtitipon [ng] Israel" (D at T 110:11). Kasunod nito, "si Elias ay nagpakita, at ipinagkatiwala ang dispensasyon ng ebanghelyo ni Abraham, sinasabi na sa pamamagitan namin at ng aming binhi lahat ng susunod na salinlahi sa amin ay pagpapalain" (D at T 110:12). Sa gayon ang tipang Abraham ay muling ginawang bahagi ng Panunumbalik! Pagkatapos ay dumating si Elijah, na nagpanumbalik ng mga susi ng awtoridad na magbuklod, tulad ng ipinropesiya ni Malakias.[26] Ang mga susing iyon ay kailangan para mabuklod ang mga pamilya ng natipong Israel at matamasa nila ang pinakadakila sa lahat ng pagpapala, ang buhay na walang hanggan.

Ano ang pananaw ng Ama at ng Anak hinggil sa Aklat ni Mormon? Itinuturing Nila itong katibayan sa pagtawag kay Joseph Smith bilang propeta. Itinuturing Nila itong kasangkapan upang higit na makilala ng mga tao si Jesucristo, maniwala sa Kanyang

ebanghelyo, at sumapi sa Kanyang Simbahan. Itinuturing Nila itong kasulatan na nagpapaliwanag sa ating kaugnayan sa sambahayan ni Israel na binanggit sa Biblia. Ang Aklat ni Mormon ang nagpapahayag ng pagsisimula ng pagtitipon[27] at ang kasangkapan ng Diyos upang maisakatuparan ang pagtitipong iyon. Kung wala ang Aklat ni Mormon, walang magaganap na pagtitipon ng Israel.[28]

Ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng kabuuan ng ebanghelyo. Kung wala ang Aklat ni Mormon, kaunti lamang ang malalaman natin tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.[29] Dahil itinuturo nito ang Pagbabayad-sala, tinutulungan tayo ng Aklat ni Mormon na magsisi, gumawa at tumupad ng mga sagradong tipan, at maging marapat sa mga ordenansa ng kaligtasan at kadakilaan. Inaakay tayo nito tungo sa templo, kung saan tayo maaaring maging marapat para sa buhay na walang hanggan.

Dito sa lupa maaaring mapasaatin ang banal na pananaw na iyan sa lahat ng ating ginagawa. Sa pananaw na iyan, nauunawaan natin na mahalaga ang gawaing misyonero sa pagtitipon ng Israel. Sa maraming bansa, hinahanap ng ating mga missionary ang mga kabilang sa ikinalat na Israel.

Saanman nakatipon ang matwid na mga Banal ay naroroon ang Sion.[30] Ang mga lathalain, pakikipag-ugnayan, at mga kongregasyon ay nagbibigay-daan sa halos lahat ng miyembro ng Simbahan na matamasa ang doktrina, mga susi, ordenansa, at pagpapala ng ebanghelyo, saanman sila naroon. Para hindi mahirapan ang mga Banal sa iba't ibang dako ng mundo, mayroong 143 templo, at marami pang itatayo.[31]

Ang mga Banal sa bawat lupain ay may pantay-pantay na karapatan sa mga pagpapala ng Panginoon. Ang espirituwal na kapanatagan ay laging nakasalalay sa *kung paano* tayo namumuhay, hindi sa *kung saan* tayo naninirahan.

Ang pagtitipon ng Israel ay *hindi* ang pinakahuling mithiin. Simula pa lamang ito. Kabilang sa mithiing pinagsisikapan nating makamtan ang endowment at ordenansa ng pagbubuklod sa templo. Kabilang dito ang pakikipagtipan natin sa Diyos kalahi man tayo o kinupkop at kasunod nito ay mabubuhay tayo sa piling Niya at ng ating pamilya magpakailanman. Iyan ang kaluwalhatian ng Diyos—buhay na walang hanggan para sa Kanyang mga anak.[32]

Talagang nais ng ating mapagmahal na Ama sa Langit na makabalik sa Kanya ang Kanyang mga anak, hindi dahil pinilit sila kundi dahil pumili sila at personal na naghanda. At nais Niyang mabuklod sila bilang mga walang-hanggang pamilya.

Iyan ang pananaw ng ating Ama sa Langit. Iyan ang pananaw ng Pinakamamahal na Anak. At maaari ding ito ang maging pananaw natin. ■

*Mula sa mensaheng ibinigay sa seminar para sa mga bagong mission president sa Provo Missionary Training Center noong Hunyo 26, 2013.*

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Genesis 13:16; 22:17; Abraham 3:14.
2. Tingnan sa Genesis 12:1, 7; Abraham 2:6.
3. Tingnan sa Abraham 2:9, 11.
4. Tingnan sa Mga Taga-Galacia 3:26–29; Abraham 2:10.
5. Tingnan sa Genesis 49:10, 24.
6. Tingnan sa Isaias 11:12; 22:16–18; 3 Nephi 15:20–22; Abraham 2:10–11.
7. Tingnan sa 1 Nephi 15:18; tingnan din sa pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon.
8. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 133:8–17.
9. Tingnan sa Genesis 12:2–3; 26:3–4; 35:11–12; tingnan din sa mga heading ng mga kabanata para sa 3 Nephi 21 at 29.
10. Tingnan din sa Omni 1:26; Moroni 10:30, 32; Doktrina at mga Tipan 20:59.
11. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 137:5–8.
12. Tingnan sa I Mga Taga-Corinto 15:29; I Pedro 4:6.
13. Nagpropesiya rin si Pablo tungkol sa ating panahon: "Sa kaganapan ng mga panahon [ti]tipunin [ng Panginoon] ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nangasa sangkalangitan, at ang mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa" (Mga Taga-Efeso 1:10).
14. Tingnan sa Genesis 35:23–26; 41:50–52. Ang mga lipi ni Levi ay naglaan ng mga saserdote sa mga tao at hindi ibinilang na lipi ni tumanggap ng mana. Binigyan ng lupaing mana ang dalawang anak na lalaki ni Jose na sina Manases at Ephraim at ibinilang sa mga lipi kapalit ng kanilang ama. Sa gayon napanatili ang bilang ng labindalawang lipi.
15. Tingnan sa Eter 13:8; tingnan din sa Genesis 49:22.
16. Tingnan sa Levitico 26:44; Deuteronomio 4:27–31; 28; 29; 30:1–10; Nehemias 1:9; Isaias 11:11–12; Jeremias 31:7–12; Ezekiel 37:21–22; Amos 9:14–15; Mateo 24:31; Jacob 6:2. Tingnan din sa Russell M. Nelson, "The Exodus Repeated," *Ensign,* Hulyo 1999, 6–13. Ang pagtitipon ng Israel ay partikular na ibinadya sa Isaias 49–51 at Jacob 5.
17. Tingnan sa Mateo 24:14; Doktrina at mga Tipan 133:17.
18. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 17:6.
19. Tingnan sa Mormon 7:10; 9:37; Moroni 10:31–34.
20. Tingnan sa Isaias 40:5.
21. Matatanggap din ang tipan sa pamamagitan ng pagkupkop o pagampon (tingnan sa Mateo 3:9; Lucas 3:8; Mga Taga-Galacia 4:5–7).
22. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 124:58; 132:31–32.
23. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:33–40; 132:19; Abraham 2:11.
24. Tingnan sa I Mga Cronica 5:1.
25. Si Ephraim ay binigyan ng karapatan sa pagkapanganay sa Israel upang dalhin ang mensahe ng Panunumbalik sa lahat ng bansa at pamunuan ang pagtitipon ng ikinalat na Israel (tingnan sa Jeremias 31:7–9; Doktrina at mga Tipan 64:36; 133:32–34).
26. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 110:13–16; tingnan din sa Malakias 4:5–6.
27. Ang doktrinang nauugnay sa pagkalat at pagtitipon ng sambahayan ni Israel ay kabilang sa pinakaunang mga aral na itinuro sa Aklat ni Mormon (tingnan sa 1 Nephi 10:14).
28. Tingnan sa Bruce R. McConkie, *A New Witness for the Articles of Faith* (1985), 554.
29. Lumabas ang salitang *pagbabayad-sala* sa iisang talata lamang ng King James Version ng Bagong Tipan (tingnan sa Mga Taga-Roma 5:11). Lumabas ito sa 24 na talata ng Aklat ni mormon.
30. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 97:21.
31. Hanggang nitong Mayo 2014.
32. Tingnan sa Moises 1:39.



# TULARAN SI Ammon

*Maraming maituturo sa atin ang bayaning ito mula sa Aklat ni Mormon tungkol sa gawaing misyonero at pagpapaaktibo sa panahong ito.*



MGA PAGLALARAWAN NI DAN BURR

Si Ammon ay isang magiting na tao sa Aklat ni Mormon, na kilala sa tapat niyang paglilingkod na kinabilangan ng pagtatanggol sa mga kawan ni Lamoni, na isang haring Lamanita (tingnan sa Alma 17:25–39; 18:1–10). Ang kuwento tungkol kay Ammon, gaya ng maraming iba pang kuwento sa Aklat ni Mormon, ay maraming maituturo sa atin tungkol sa kung paano tumanggap ng mga oportunidad at daigin ang mga hamong kinakaharap natin ngayon.

### Isang Makabuluhang Misyon

Natuto si Suzanne E. Tarasevich ng Millville, New Jersey, USA, ng ilang aral mula kay Ammon habang nasa full-time mission sila ng kanyang asawang si Adolf.

"Nang dumating ang malaki at puting sobreng naglalaman ng aming mission call sa aming mailbox," sabi niya, "tuwang-tuwa kaming mag-asawa. Nag-ayuno at nagdasal kami tungkol sa tawag sa amin na magmisyon. Bagama't hindi kami nag-alala *kung saan* kami magmimisyon, gustung-gusto pa rin naming matiyak na magkakaroon kami ng kakayahan na gampanang mabuti ang aming tungkulin.

"Kalaunan nang gabing iyon, kasama ang aming mga anak at apo, binuksan namin ang sobre at binasa ang tawag sa amin na magmisyon sa Poland Warsaw Mission. Habang ginagawa namin ito, nakadama kami ng kapayapaan sa aming puso na ito na nga ang tungkuling nilayon para sa amin. Tuwang-tuwa kaming dalawa."

Gayunman, pagdating sa mission, nahirapan si Sister Tarasevich na maunawaan kung ano talaga ang kanyang maitutulong. "Agad binigyan ang asawa ko ng mga tungkulin na nagbigay sa kanya ng pagkakataong mamuno na kahit mahirap ay makapagpapaunlad sa kanya," sabi niya. "Bagama't pareho kaming hindi marunong magsalita ng Polish, tila hindi magiging problema ang wika sa kanyang paglilingkod." Sa kabilang banda, sabi ng babae, "Madalas kong madama na wala akong silbi at malayo ako sa kanila. Nagduda ako na magiging makabuluhan ang mga pagsisikap ko sa misyon."

### Kahanga-hangang mga Missionary

Naisip ni Sister Tarasevich ang mga dakilang misyonero sa Aklat ni Mormon. "Sa maraming taon ko bilang guro sa Primary, madalas kong gamitin ang nagbibigay-inspirasyon at nakakaantig na mga kuwento tungkol kay Alma at sa mga anak ni Mosias sa pagtuturo sa mga bata tungkol sa gawaing misyonero. Tuwing naiisip ko ang mga missionary, larawan ng isang malakas at matatag na Ammon ang pumapasok sa aking isipan, at ang tingin ko kaagad sa masisigasig na kabataang missionary sa aming mission ay mga makabagong anak ni Mosias. Pero inisip ko kung kawalan ng pagpapakumbaba para sa isang lolang katulad ko na puti na ang buhok na hangaring maging gayong uri ng missionary."

Habang nag-iisip siya, sabi niya, isang tinig sa kanyang isipan ang magiliw na nagtanong.

"Ano ang unang tungkulin ni Ammon noon?



**HANAPIN ANG ISANG NAWAWALA**

"Mahalaga para sa bawat isa sa atin na pagnilay-nilayin kung ano ang madarama mo kung mawala ka at kung ano ang ibig sabihin ng maging 'espirituwal' na pastol na iiwan ang 99 para hanapin ang isang nawawala. Maaaring kailanganin ng gayong uri ng mga pastol ang kasanayan at tulong ng search and rescue team, ngunit dapat [ay] naroon sila, handang tumulong, at kasama nilang umaakyat para iligtas ang mga taong habampanahong pahahalagahan sa paningin ng Diyos, sapagkat sila ay Kanyang mga anak."

**Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Magdala ng mga Kaluluwa sa Akin,"** ***Liahona,*** **Mayo 2009, 112.**

"Maging isang tagapaglingkod, alagaan ang mga kawan, at tipunin ang mga tupang nakakalat," sagot niya.

"Kung gayon, tularan mo si Ammon."

### Handang Maglingkod

Ang mga kaisipang ito ay nagpaunawa kay Sister Tarasevich. "Bigla kong naunawaan kung ano talaga ang dapat kong gawin," sabi niya. "Natanto ko na kahit hindi ako mahusay magsalita ng wikang kailangan para maituro ang ebanghelyo, naihanda ako ng maraming karanasan sa Relief Society na maglingkod sa iba—na tulungan, hanapin, at mahalin ang mga taong nakadama na sila ay kinalimutan at hindi na kabilang."

Sinimulan niyang isipin nang may bagong pananaw ang kanyang tungkulin sa mission. "Nalaman ko ang maraming paraan na maaaring madaig ng mga alituntuning nakasentro kay Cristo ang problema ko sa pagsasalita ng wika," sabi niya. "Nakita ko na kung ano ang magagawa ko para alagaan ang kawan at tipunin ang mga tupang nakakalat."

Pagkatapos niyon, sabi niya, "ang buhay bilang senior missionary ay naging napakagandang panahon ng pagkatuto at paglilingkod dahil nagkaroon kami ng pribilehiyong makita na binabago at pinagyayaman ng ebanghelyo ang buhay ng mga taong tumanggap nito." Madalas niyang madama na gusto niyang kantahin ang tinatawag niyang himno ni Ammon: "Masdan, ang aking kagalakan ay lubos, oo, ang aking puso ay nag-uumapaw sa kagalakan, at ako ay nagsasaya sa aking Diyos" (Alma 26:11).

### Pagsagip sa mga Tupa

Nakuha ni Peggy Wallace Poll ng South Weber, Utah, ang kanyang mga ideya mula

*Ang mapagmahal na pangangalaga sa bawat tao ay magandang paraan para tularan ang halimbawa ni Ammon.*



kay Ammon nang atasan siyang magturo tungkol sa pagsagip at pagpapaaktibo sa isang stake priesthood at auxiliary leadership training meeting.

"Sa pagbabasa ng pamilyar na kuwento ni Ammon, may bago akong napansin," sabi niya. "Alalahanin ninyo, si Ammon ay nagmimisyon sa mga Lamanita. Nabigyan siya ng tungkuling alagaan ang mga tupa ng hari. May kasama siyang iba pang mga tagapaglingkod, at habang inaakay nila ang mga tupa patungo sa Sebus para uminom, ikinalat ng mga magnanakaw ang kawan. Lubhang nakakatakot ito sa iba pang mga tagapaglingkod. Katunayan, ang iba na hinayaan lang na makalat ang mga tupa ay ipinapatay, at tiyak nila na iyon din ang mangyayari sa kanila. (Tingnan sa Alma 17:25–30.)

"Ngunit nakakita ng pagkakataon si Ammon," sabi ni Sister Poll. "Sinabi niya sa iba pang mga tagapaglingkod na magalak dahil may plano siya. Basahin ang Alma 17:31–33, at makikita ninyo na malinaw itong nakaplano:

1. Pansinin hangga't maaga na nawawala ang mga tupa.
2. '[Humayo] nang napakabilis.'
3. Tipunin ang mga tupa.
4. Ibalik ang mga ito nang ligtas sa kawan.
5. Palibutan ang mga ito, panatilihing ligtas, at pangalagaan nang may pagmamahal."

Sinabi ni Sister Poll na namangha siya kung paano maaaring iangkop sa pagpapaaktibo ang kuwentong ito: "Maaaring ituring ang kuwento ni Ammon bilang simbolo ng mga lider ng Simbahan ngayon, na sumasagip sa mga miyembrong nakakalat. Maraming impluwensya sa mundo, gaya ng mga magnanakaw, na maglalayo sa mga miyembro sa mabuting salita ng ebanghelyo. Dapat tayong maging masigasig at kumilos kaagad kapag nawawala sa kawan ang isa sa Kanyang minamahal na mga anak."

Binanggit niya ang sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), na, "Umaasa ako, dumadalangin ako, na bawat isa sa atin . . . ay magpapasiyang hanapin ang mga taong nangangailangan ng tulong, na nasa mapanganib at mahirap na kalagayan, at bigyang-sigla sila nang may pagmamahal patungo sa Simbahan, kung saan naroon ang malalakas na kamay at mapagmahal na mga puso na malugod na tatanggap sa kanila, na aalo sa kanila, magtataguyod sa kanila, at maghahatid sa kanila sa maligaya at kapaki-pakinabang na buhay."[1] ■

**TALA**

1. Gordon B. Hinckley, "Reach with a Rescuing Hand," *Ensign,* Nob. 1996, 86.



**MATUTURUAN DIN TAYO NI AMULEK**

Si Amulek ay isa pang dakilang bayani sa Aklat ni Mormon. Ipinakita niya ang maaaring kahinatnan ng mga tao kapag bumalik sila sa landas ng kabutihan.

Mayaman at kilala, inamin ni Amulek na nasaksihan niya ang mga hiwaga at kapangyarihan ng Diyos ngunit tinigasan niya ang kanyang puso. "Tinawag ako nang maraming ulit at ako ay tumangging makinig; kaya nga nalalaman ko ang hinggil sa mga bagay na ito, gayon pa man, ako ay hindi makaaalam," sabi niya (Alma 10:6; tingnan din sa mga talata 4–5).

Ngunit nagsugo ng anghel ang Panginoon para sabihin kay Amulek na tanggapin si Alma, ang propeta, sa kanyang tahanan. Pinakain ni Amulek si Alma, at binasbasan at tinuruan ni Alma si Amulek at ang kanyang sambahayan. Pagkatapos ay sumama si Amulek kay Alma sa pagmiministeryo, at naging pangalawang makapangyarihang saksi sa mga katotohanan ng ebanghelyo. (Tingnan sa Alma 10:7–12.)

Si Amulek ay naging kompanyon ni Alma sa pananawagan sa mga tao na magsisi, at ipinangaral niya ang ebanghelyo nang napakalakas at may awtoridad kaya nanggilalas ang mga tao (tingnan sa Alma 11:46). Nakatali at nakabilanggo, himalang nakatakas sina Alma at Amulek, nagtatag ng Simbahan sa Sidom, at pagkatapos ay itinuro ang ebanghelyo sa buong lupain (tingnan sa Alma 14; 15; 31).

Katulad ni Amulek, marami sa Simbahan ngayon na, kapag bumalik sila sa pagiging aktibo, sila ay pagpapalain ng Panginoon at maaaring maging makapangyarihang mga saksi sa katotohanan.

# SAMPUNG PAYO para sa mga Magulang ng mga Young Adult

**Ni Wendy Ulrich**
Lisensyadong Psychologist

Nang tulungan naming mag -asawa ang aming mga anak na lumipat sa dormitoryo ng kolehiyo o pumasok sa missionary training center, nakadama kami ng magkahalong lungkot at ginhawa na isipin na sa wakas ay "tapos" na rin sila—at kami—sa aming mga obligasyon. Gayunman, kalaunan ay natanto namin na kasabay ng pagkakaroon ng bagong kahusayan at kalayaan, naharap ang aming mga anak sa iba pang mga hamon sa buhay. Kahit wala na talaga kaming kontrol sa kanilang buhay, ang kanilang pangangailangan sa aming suporta—isang kakaibang uri ng suporta—ay talagang nadagdagan.



## MGA HAMON SA PANAHONG ITO

Narito ang ilang hamong kinakaharap ng mga young adult sa mundo ngayon, pati na ang mga tanong ng mga magulang dahil sa mga hamong iyon.





**MAS MATAGAL MAKAPAG-ASAWA.** Ang kalakaran sa lipunan tungkol sa pagsisimula ng pamilya kapag mas matanda na ay maaaring magpadama sa ilang young adult na sila ay mga bata pa. Ang iba ay namomroblema sa pag-iisip kung makapag-aasawa o magkakaanak pa sila. Bilang mga magulang, paano natin sila higit na matutulungang magkaroon ng walang-hanggang pananaw?

**HINDI MATATAG SA ASPETONG PINANSYAL.** Maaaring marami sa mga young adult ngayon ang hindi makapantay sa kabuhayan ng kanilang mga magulang. Maaaring nahihirapan silang makakuha ng trabaho—kahit tapos sila sa kolehiyo—o matustusan ang pamilya. Bilang mga magulang, dapat ba natin silang tulungan sa kanilang kabuhayan, o isipin natin na mas uunlad ang ating mga anak kapag nilutas nila ang sarili nilang problema sa pera?





**NAPAKARAMING PAGPIPILIAN.** Ang mga young adult ngayon ay maaaring mas maraming iba't ibang propesyong pagpipilian. Ngunit lahat ng pagpipiliang iyon ay tila nakakalito kung minsan. Paano matutulungan ng mga magulang ang mga anak na sapat na ang gulang na pag-aralan ang mga pagpipilian ngunit magpasiya ring pumili ng kasiya-siyang propesyon?

*Sa kabila ng mga hamon ng mundo ngayon, patuloy na mababasbasan ng mga magulang ang kanilang mga anak na young adult sa pagbibigay ng matwid na suporta at patnubay.*

**NAKIKITIRA SA MGA MAGULANG.** Mag-asawa man sila o hindi, dumarami ang mga young adult na edad 18 hanggang 34 na nakikitira sa kanilang mga magulang. Kapag nakitira sa kanilang mga magulang ang mga anak na nasa hustong gulang na, paano mapagpapasiyahan nang wasto ng mga magulang ang mga bagay-bagay na tulad ng sino ang magbabayad ng mga groseri at paano didisiplinahin ang mga apo?





**PAGIGING AKTIBO SA SIMBAHAN.** Sa panahong ito, ang mga young adult sa lahat ng relihiyon ay mas malamang na hindi maging aktibo sa simbahan kaysa noong nakaraang henerasyon. Bilang mga magulang paano natin mahihikayat ang ating mga anak na nasa hustong gulang na manatiling aktibo sa Simbahan? Paano natin sila espirituwal na masusuportahan kahit piliin nilang hindi maging aktibo sa Simbahan?



## MGA GABAY PARA SA MGA MAGULANG

Kahit maaaring mas mahusay sa atin ang ating mga anak na nasa hustong gulang na sa ilang kakayahan o gawain, kailangan at marapat pa ring suportahan natin silang magtagumpay sa mundo. Narito ang 10 payo na isasaalang-alang.

**1. ALAMIN KUNG ANO ANG NAIS AT HILIG NG INYONG MGA ANAK.** Sa halip na sabihin sa inyong mga anak na young adult kung paano makakamtan ang iniisip *ninyong* kailangan nila, tanungin sila tungkol sa *kanilang* mga pinahahalagahan, mithiin, at pangarap. Maaari silang magpaturo sa inyo kung paano makakamtan ang mga ito. Kung gagawin nila ito, gawing gabay ang *kanilang* mga pangarap sa inyong pag-uusap. Talakayin kapwa ang mga positibo at negatibong aspeto ng anumang paplanuhin ninyo, humiling ng patnubay sa panalangin, at patuloy siyang kausapin. Kung hindi nila alam ang gusto nila, hikayatin silang makipagkita sa isang guidance counselor, kumuha ng mga test na magpapaunawa sa kanila kung saang kurso sila interesado, o magtrabaho o magboluntaryo para magkaroon sila ng karanasan.

**2. MAPANALANGING PAG-ARALAN ANG DOKTRINA AT MGA TIPAN 121:34–46.** Ang mga talatang ito ay angkop na angkop sa mga ina at ama. Nagtuturo ito ng mga tamang alituntunin kung paano bibigyan ng matwid na patnubay ang ating mga anak na sapat na ang gulang.



**3. MAKIPAGKILALA SA MARAMING YOUNG ADULT.** Maaaring malaman ninyo na interesado rin ang mga anak ng ibang tao kung paano kayo namuhay noong kayo ay nasa edad 20s at 30s. Gustong malaman ng mga young adult kung paano binalanse ng mga nakatatanda ang kanilang mga prayoridad, pinili ang kanilang propesyon, o nakilala ang kanilang asawa. Kapag nakisalamuha kayo sa mga young adult na ito, mas mauunawaan ninyo ang mga hamong kinakaharap ng kanilang henerasyon.

**4. TULUNGAN SILANG MAKITA ANG KANILANG MGA TALENTO.** Ang pagtulong sa mga young adult na tuklasin ang kanilang mga talento at interes ay makakatulong sa kanila na makinita ang magandang kinabukasan



nila. Bigyang-diin na bihirang masiyahan ang mga tao sa anumang bagay hangga't hindi nila ibinibigay ang lahat ng kaya nila para maging mahusay. Maging ang mga taong maraming talento ay kailangang mag-ukol ng panahon na mapagbuti ito para magtagumpay.

**5. MAGTIWALA SA KANILANG MGA DESISYON.** Hindi nito ibig sabihin na maniwala kayo na laging tama ang kanilang ipapasiya. Ibig sabihin nito ay magtiwala kayo na makakabangon sila mula sa pagkakamali, na ang Diyos ay mapagpatawad, at ang buhay ay maaaring maging lubos na makabuluhan kahit lakip nito ang pagdaig sa kabiguan o pagtitiis sa mga pagsubok. Ang maliliit na *anak* ay maaaring magkaroon ng trauma, ngunit ang mga young *adult* ay mas tumatatag sa pagdaig sa mga balakid sa halip na iwasan ito. Bigyan sila ng emosyonal at praktikal na suporta, hikayatin silang kalimutan muna ang problema, manalanging kasama nila at ipagdasal sila, at magpatawa nang kaunti.

**6. PURIHIN SILA SA KANILANG MGA PAGSISIKAP.** Ang pagpuri sa kasipagan at katatagan ng mga young adult ay tumutulong sa kanila na magtiyaga pa sa gawain, harapin ang iba pang mga hamon, at mas masiyahan sa kanilang ginagawa. Nakasaad sa pormulang ibinahagi ni Pangulong Thomas S. Monson na, "Magtatagumpay ka kapag nagtrabaho ka ngunit kapag nangarap ka lang wala kang mapapala."[1]

**7. MAGHANGAD NG INSPIRASYON.** Tinutulungan tayo ng ating mga panalangin at pananampalataya na hayaang baguhin tayo ng Diyos. Isang babaeng kakilala ko ang nag-alala tungkol sa mga palabas sa TV na pinapayagan ng kanilang mga anak na nasa hustong gulang na panoorin ng kanilang mga anak. Nadama niya na nagpapakita ng kawalang-paggalang at pag-aaway ang mga palabas, kahit itinuturing na angkop ang mga ito sa edad ng mga bata. Dahil ayaw makialam, paulit-ulit niyang ipinagdasal at ipinag-ayuno kung ano ang kanyang gagawin o sasabihin. Isang umaga tumawag ang kanyang manugang na babae para humingi ng payo kung paano lulutasin ang kawalang-paggalang at pag-aaway ng kanyang mga anak. Ikinuwento ng kaibigan ko ang napuna niya sa mga palabas sa TV, isang impluwensyang hindi napansin kailanman ng kanyang manugang na babae. Kinausap ng bata pang mga magulang ang kanilang mga anak tungkol sa isyu. Nagkasundo silang gumawa ng mga pagbabago, at gumanda ang pagsasamahan sa tahanan.





**8. MAG-USAP TUNGKOL SA PERA.** Iniisip ang inyong sariling sitwasyon at edad ng bawat anak, mapanalanging magpasiya kung anong tulong pinansyal, kung mayroon man, ang ibibigay sa inyong mga anak. Marahil kailangan lang nila ang tulong ninyo sa paggawa ng badyet. Kung bibigyan ninyo sila ng pinansyal na tulong, linawin sa simula pa lang kung nais ninyong pabayaran sa kanila ang pera o gamitin ito sa partikular na paraan. Pagkatapos ay masayang ibigay sa kanila ang responsibilidad na tipirin ang kanilang pera at matuto sa mga pagkakamali, kabilang na ang pagtitiis na wala silang panggastos kinabukasan kapag sumobra ang paggastos nila ngayon.

**9. MAGING MAPAGPAKUMBABA.** Kapag nadama ninyo na gusto ninyong sisihin ang sarili ninyo sa inyong mga pagkakamali bilang magulang, sikaping mas magpakumbaba sa halip na isiping napahiya kayo. Magiliw na humingi ng paumanhin, sabihin ang gagawin ninyo para magpakabuti, at pagkatapos ay sumulong nang may tiwala. Hayaang maunawaan ng inyong mga anak sa pagmamasid sa inyo na maaayos ang mga pagkakamali, na ang paghingi ng paumanhin ay hindi tanda ng kahinaan, at ang pagpapatawad sa iba at sa ating sarili ay nagdudulot ng kapayapaan.

**10. SUKATIN ANG TUNAY NA TAGUMPAY.** Kapag labis tayong nagtuon sa panghuhusga sa iba dahil sa mga pasiya ng ating mga anak (mabuti man ito o masama), nawawala ang tuon natin sa layunin, at madalas ay lumalayo sa atin ang Espiritu. Alalahanin na ang ating tagumpay bilang mga magulang ay hindi nakikita sa kung gaano kahusay naipamuhay ng ating mga anak ang ating mga pinahahalagahan kundi kung paano *natin* patuloy at walang kasakimang ipinamumuhay ang mga ito.

Habang mapanalangin nating iniisip ang mga pangangailangan at personalidad ng bawat isa sa ating mga anak na young adult, matutulungan tayo ng Espiritu na gabayan sila nang walang pamimintas, suportahan sila nang sapat, at bigyan sila ng laya nang hindi sila tinatalikuran. Kapag ginawa natin ito, magtitiwala ang ating mga anak na young adult na nasa panig nila tayo at ang Panginoon. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

**TALA**

1. Thomas S. Monson, "Great Expectations" (Church Educational System fireside para sa mga young adult, Ene. 11, 2009), 6; speeches.byu.edu.

# SINAGOT NI NEPHI ANG TANONG KO

Isinilang ako na miyembro na ng Simbahan ang pamilya ko, ngunit bihira silang magsimba habang lumalaki ako. Sa kabila nito, lagi akong nakakahanap ng paraan na makasimbang mag-isa. Noong mga unang taon ng 1970s naglingkod ako bilang seminary teacher sa Pittsburg, Kansas, USA. Nang pag-aralan namin ang Aklat ni Mormon, hinamon ko ang klase—pati na ang sarili ko—na basahin ang buong aklat. Isang araw habang nagbabasa, nakatanggap ako ng napakalakas na patotoo na ito ay totoo.

Makaraan ang ilang taon bumisita ang mga magulang ko. Habang nag-uusap kami, may ilang paksang binanggit ang aking ama na hindi namin mapagkasunduan at ayaw kong pag-usapan namin. Gayunman, ipinagpilitan pa niya ito hanggang sa muntik na akong hindi makapagpigil. Nagpaalam ako sandali at nagpunta sa aking silid, kung saan lumuhod ako at nanalangin sa Ama sa Langit at humingi ng tulong sa Kanya kung paano ko haharapin ang aking ama. Dumating ang sagot sa aking isipan: ang kuwento tungkol kay Nephi at ang nabaling busog.

Binasa ko ang kuwento sa 1 Nephi kabanata 16. Naisip ko ang sapat na pagpapakumbaba ni Nephi na lumapit siya sa kanyang ama, na bumubulung-bulong laban sa Panginoon, para itanong kung saan siya dapat magpunta para makakuha ng pagkain (tingnan sa talata 23). Sa naisip na iyon, nahikayat akong lumapit sa aking ama at humingi ng payo pati na rin ng basbas ng priesthood.

Nang bumalik ako sa sala at humingi ng basbas kay Itay, naantig ang kanyang puso at nagsimula siyang umiyak. "Pag-iisipan ko muna ito," sabi niya.

Nang sumunod na ilang araw nagayuno siya at nanalangin. Pagkatapos, bago umalis sina Itay at Inay, binigyan niya ako ng magandang basbas.

Pagkatapos ng karanasang iyon, nagsimulang magbago si Itay. Sa daan pauwi mula sa Kansas, binisita ng aking mga magulang ang Adan-ondi-Ahman, Missouri, USA, kung saan nagkaroon ang aking ama ng matinding espirituwal na karanasan.

Hindi nagtagal, naging aktibo at tapat na mga Banal sa mga Huling Araw ang mga magulang ko. Nang sumunod na ilang taon, magkasama silang nagmisyon nang dalawang beses—isa sa Germany at isa sa Temple Square sa Salt Lake City. Naglilingkod si Itay bilang stake patriarch nang yumao siya noong 1987.


Alam ng Panginoon na si Itay ay isang mabuting tao. Sa pamamagitan ng Aklat ni Mormon natanggap ko ang sagot, at sa pagsunod ko sa pahiwatig na iyon ay nalaman ni Itay na kailangan niyang mamuno sa aming pamilya. Nagbago ang lahat sa amin dahil sa karanasang ito.

Nalaman ko na ang Aklat ni Mormon ay tunay na isa pang tipan ni Jesucristo at na ito ay isinulat para sa ating panahon. Alam ko na makakaasa ako rito tuwing pinanghihinaan ako ng loob at sa anumang sitwasyon. Naroon ang mga sagot.

Tunay ngang ang "mga salita ni Cristo ang magsasabi sa [atin] ng lahat ng bagay na dapat [nating] gawin" (2 Nephi 32:3). ■

Judy M. Smith, Kansas, USA

Binasa ko ang kuwento tungkol kay Nephi at sa nabaling busog, at nadama ko na dapat akong lumapit sa aking ama at humingi ng payo at basbas ng priesthood.



MGA PAGLALARAWAN NI BRADLEY CLARK

# DALAWANG LIHAM MULA KAY INAY

Noong 1996 kaming mag-asawa ay may dalawang anak na lalaki, edad apat at pito. Kami ay isang karaniwang pamilya na abalang-abala. Isang hatinggabi nag-ukol ng oras ang aking asawa para lumiham sa aking pamangking si Glen na noon ay nagmimisyon sa Finland.

Sa kung anong dahilan, nadama niya na kailangan niyang sumulat ng mahabang liham—na puno ng mga detalye tungkol sa kung ano ang ginagawa ng bawat miyembro ng pamilya, ang kanilang espirituwal na kalagayan, ang nangyayari sa tungkulin naming mag-asawa sa Simbahan, ang pagsapi niya sa Simbahan, ang saloobin niya sa gawaing misyonero, at patotoo sa ebanghelyo.

Napakagandang liham niyon, pero naisip ko kung talagang kailangan ba ng pamangkin ko ang gayon karaming impormasyon. Kalaunan sinulatan niya itong muli.

Makalipas ang anim na taon, habang naglilingkod ako bilang bishop at ang aming mga anak ay edad 10 at 13 na, biglang nabago ang aking mundo. Noong Enero 2, 2002, namatay sa atake sa puso ang asawa ko sa edad na 42 taon lamang.

Sa bahay sinikap kong patuloy na sundin ang mga alituntunin sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo."[1] Nalaman ko na kaya kong mamuno at maglaan sa aming pamilya, ngunit nagkulang ako sa pag-aarugang kailangan ng aking mga anak. Magkagayunman, patuloy kaming namuhay sa abot ng aming makakaya.

Noong Hunyo 2012 ang nakababata kong anak na si Sam, na noon ay nasa full-time mission sa Colorado Denver South Mission, ay nag-email sa akin. "May maganda pong nangyari sa linggong ito," pagsulat niya. "Nakatanggap ako ng dalawang liham mula kay Inay."

Ipinaliwanag niya na nakatanggap siya ng isang package mula sa pinsan niyang si Glen na may kasamang mga liham na isinulat ng kanyang ina kay Glen noong nasa Finland ito.

"Sinabi po niya sa akin na ang dalawang liham na ipinadala sa kanya ni Inay noong nasa misyon siya ay talagang isinulat para sa akin habang nasa misyon ako," pagsulat ni Sam. "Kaya ipinadala niya ang mga ito sa akin, at napakaganda nito!"

Ang malaman ang pagbabalik-loob, patotoo, at saloobin ng kanyang ina sa gawaing misyonero ay "lubos na nagpapalakas ng loob sa panahong ito," pagsulat ni Sam. Plano raw niyang i-photocopy ang mga liham at ipadala ang mga orihinal sa bahay.

"Hindi ko alam na naglingkod pala kayo bilang elders quorum president o bilang ward mission leader," pagsulat ni Sam. Nalaman niya na noong siya ay apat na taong gulang, siya ay "tumatalon sa kama pagkatapos ng mga panalangin at sumisigaw ng 'Gusto kong maging missionary.'"

Pagkatapos ay idinagdag pa niya ang isang bagay na natutuhan niya tungkol sa kanyang ina: "Siguro alam ni Inay na magiging wrestler ako dahil mabait daw ako kaya kong kaibiganin ang isang propesyonal na wrestler. :)"

Napaluha ako sa reaksyon ni Sam sa mga liham. Pagkaraan ng ilang linggo ipinadala niya ang mga ito sa bahay. Maganda, personal, at nakaaantig ang mga ito nang isulat noong 1996, ngunit dahil sa mga nangyari noong sumunod na mga taon, lalo pang tumindi ang epekto nito.

Ang mga liham ng aking asawa ay nagpatatag sa pamangkin ko, at gaya ng "[pagha]hasik ng tinapay sa tubigan" (tingnan sa Eclesiastes 11:1), bumalik ang mga ito makalipas ang ilang taon upang pagpalain ang kanyang anak na missionary at biyudong asawa. ■

Ken Pinnegar, California, USA

**TALA**

1. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.




Maganda, personal, at nakaaantig ang mga liham nang isulat noong 1996, ngunit dahil sa mga nangyari noong sumunod na mga taon, lalo pang tumindi ang epekto nito.

# NAKITA KO ANG MUKHA NG IYONG INA

Isang araw ng Linggo noong tag-init ng 2002, nagising ako na iniisip ang aking ina, na pumanaw kamakailan lang. Binibisita ko ang dati kong home ward sa Pacific Palisades, California, USA, kung saan nagsimba ang nanay ko nang halos 50 taon.

Lumuhod ako at nanalangin para sabihin sa Panginoon kung gaano ang pangungulila ko sa kanya at humiling ako ng espirituwal na karanasan sa araw na iyon.

Nang hapong iyon nagplano akong dumalo sa brodkast sa muling paglalaan ng Nauvoo Illinois Temple sa gusali ng stake sa Santa Monica, California. Ang malungkot, huling-huli na akong dumating para papasukin pa sa sesyon. Nagbalik ako sa aking sasakyan at bumalik na ako sa freeway.

Habang nagmamaneho, narinig ko ang isang tinig na nagsasabing, "Randi, puntahan mo si Mary!" Si Mary ay malapit na kaibigan ng aming pamilya at tapat na miyembro ng ibang relihiyon. Siya at ang anak niyang si Natasha ay naging kapitbahay ng aking Aunt Ruby nang mahigit 25 taon. Dahil wala silang kamag-anak na malapit sa tinitirhan nila, naging kapamilya na namin sila. Nang pumanaw na ang tita ko noong 1984, madalas bisitahin ni Inay si Mary, lagi siyang may dalang maliit na regalo o pagkaing iniluto niya.

Noong una binalewala ko ang pahiwatig. Hindi maaaring basta na lang ako pupunta roon nang walang pasabi, at wala akong cell phone para tawagan siya. Bigla kong narinig muli ang tinig, mas malakas na sa pagkakataong ito: "Randi, puntahan mo si Mary!" Sa pagkakataong ito sinunod ko ang pahiwatig, bagama't halos wala na akong oras para makalabas ng freeway.

Pagdating ko kay Mary, binati niya ako pero matamlay siya. Masasabi kong kaiiyak lang niya. Tinanong ko siya kung ano ang nangyari. Sinabi niya na nagkasakit siya at nasasaktan dahil sa pinsala sa leeg. Halos wala na rin siyang makain sa bahay. Hirap na hirap daw siyang maglakad papuntang botika o palengke.


Nang tanungin ko kung bakit hindi niya tinawagan ang sinuman sa aming pamilya, sabi niya, "Nagdasal ako at hiniling ko sa Ama sa Langit na magpadala ng isang taong tutulong sa akin."

Sinabi ko sa kanya na narinig ng Ama sa Langit ang kanyang mga dalangin at ipinadala ako. Nagyakap kami, at pagkatapos ay may sinabi siya sa akin na hinding-hindi ko malilimutan. Sabi niya, "Pagdating mo sa may pintuan ko, nakita ko ang mukha ng iyong ina, hindi ang iyo."

Agad kong nadama ang magiliw na presensya ng aking ina malapit sa akin, at nahikayat akong maglingkod tulad ng paglilingkod ni Inay. Ang buhay niya, mangyari pa, ay puno ng paglilingkod sa iba.

Sana'y hinding-hindi ko malimutan ang kahalagahan ng pakikinig sa tinig ng Espiritu at ang halimbawang ipinakita sa akin ng aking ina sa paglilingkod sa iba. ■

Randi Reynolds Allen, California, USA



Pagdating ko kay Mary, binati niya ako pero matamlay siya. Masasabi kong kaiiyak lang niya.

# SINAGIP MO ANG PAGSASAMA NAMING MAG-ASAWA

Nang magtrabaho ako sa konstruksyon sa Oman mula 1979 hanggang 1986, nagtrabaho ako para sa ministry of defense. Binigyan ako ng ministry ng mga proyekto sa mga lugar na hindi madaling mapuntahan, at kadalasan ay ako lang ang supervisor na nagbabantay sa mga proyekto. Ako lang din ang nag-iisang miyembro ng Simbahan na nagtatrabaho para sa ministry.

Isang araw sa headquarters ng aming kumpanya, nakilala ko ang isang electrical engineer na nagbitaw, tulad ng dati, ng mga negatibong puna tungkol sa Simbahan. Hinayaan ko siyang magsalita dahil karaniwan ay sandali lang ako sa headquarters bago ako umalis papunta sa isa pang proyekto.

Gayunman, kalaunan ay inatasan ang lalaking ito na inspeksyunin ang ikinabit na mga kawad ng kuryente sa mga proyektong itinatayo sa may hangganan ng Oman sa Yemen. Nakaiskedyul kami nag magkasama nang mga isang oras bago siya bumalik sa headquarters.

Pagdating niya, ininspeksyon niya ang trabaho at nakitang maayos ang lahat. Habang magkasama kami, itinuon ko ang aming pag-uusap sa trabaho at pagkatapos ay inihatid ko siya sa paliparan.

Panahon ng tag-ulan, at ang paliparan, na nasa talampas na 6,000 talampakan (1,830 m) mula sa ibabaw ng Indian Ocean, ay natatakpan ng mga ulap. Maaantala ang pag-alis ng katrabaho ko.

Kinabahan ako nang matanto ko na kailangan kong maghintay sa kotse kasama ang lalaking ito. Matapos akong magdasal nang tahimik, pumasok sa isipan ko na tanungin ang lalaking ito tungkol sa kanyang pamilya, lalo na sa kanyang asawa.

Ginawa ko nga iyon, at biglang napaiyak ang engineer, na sinasabing kababalita pa lang sa kanya na gustong makipagdiborsyo ng kanyang asawa. Agad pumasok sa isip ko ang salitang *pagmamahal*, at sa sumunod na dalawang oras ay nag-usap kami tungkol sa pagmamahal na dapat nating madama para sa iba at sa pagmamahal ng Panginoong Jesucristo para sa ating lahat. Bago ko pa namalayan, magkaibigan na kami. Nang matapos ang aming pag-uusap, napawi ang mga ulap at sumakay na sa eroplano ang engineer. Hindi nagtagal ay nabalitaan ko na nagbitiw na siya sa trabaho at umuwi.

Makalipas ang ilang taon habang namamasyal kami ng Aaronic Priesthood young men sa Plymouth, isang lungsod sa katimugang baybayin ng England, napansin kong palapit sa akin ang isang lalaki. Nang makalapit na siya, sinabi niya, "Sabi ko na nga ba't ikaw nga, Neil."

Siya ang electrical engineer mula sa Oman. Ang sumunod na mga salitang sinambit niya ay nanatili sa puso ko: "Salamat at kinausap mo ako tungkol sa pagmamahal noong araw na iyon sa bundok. Sinagip mo ang pagsasama naming mag-asawa, at walang hanggan ang pasasalamat ko."

Nag-usap pa kami sandali, at umalis na siya. Hindi ko na siya nakita mula noon.

Lagi kong pasasalamatan ang inspirasyong natanggap ko sa Oman. Pinagpala nito ang engineer at binigyan ako ng lakas na panatilihin ang aking mga paniniwala sa Simbahan kapag nag-iisa ako at malayo sa pamilya. ■

Neil S. Roy, Yorkshire, England

Kinabahan ako nang matanto ko na kailangan kong maghintay sa kotse kasama ang lalaking ito na nagbitaw ng mga negatibong puna tungkol sa Simbahan.





**Ni Elder Gerrit W. Gong**
Ng Pitumpu

# PAGIGING Ganap kay Cristo

Kinakanta natin kasama ang ating mga anak ang, "Aking nadarama, ang pag-ibig ni Cristo."[1]

Ang Kanyang nagbabayad-salang pagmamahal, na buong layang ibinigay sa atin, ay tulad sa pagbili ng "gatas at pulot, nang walang salapi at walang bayad" (2 Nephi 26:25). Walang katapusan at walang hanggan (tingnan sa Alma 34:10), inaanyayahan tayo ng Pagbabayad-sala na "lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya" (Moroni 10:32).

Ang pag-unawa sa nagbabayad-salang pagmamahal na buong layang ibinigay ng Tagapagligtas ay magpapalaya sa atin mula sa pinagpipilitan, mali, at di-makatotohanang mga inaasahan tungkol sa kahulugan ng pagiging ganap o perpekto. Ang gayong pag-unawa ay pumapawi ng takot na hindi tayo perpekto—takot na nagkakamali tayo, takot na hindi sapat ang ating kabutihan, takot na bigo tayo kumpara sa iba, takot na hindi sapat ang ginagawa natin para maging marapat sa Kanyang pagmamahal.

Ang nagbabayad-salang pagmamahal na ibinigay ng Tagapagligtas ay tumutulong sa atin na maging mas mapagpatawad at di-gaanong mapanghusga sa ibang tao at sa ating sarili. Ang pagmamahal na ito ay nagpapatibay sa ating mga kaugnayan at nagbibigay sa atin ng mga pagkakataong magmahal, umunawa, at maglingkod tulad ng ating Tagapagligtas.

**Ang pag-unawa sa nagbabayad-salang pagmamahal na buong layang ibinigay ng Tagapagligtas ay magpapalaya sa atin mula sa pinagpipilitan, mali, at di-makatotohanang mga inaasahan tungkol sa kahulugan ng pagiging ganap o perpekto.**

Binabago ng Kanyang nagbabayad-salang pagmamahal ang konsepto natin tungkol sa pagiging perpekto. Maaari tayong magtiwala sa Kanya, masigasig na sumunod sa Kanyang mga utos, at patuloy na manampalataya (tingnan sa Mosias 4:6)—habang nadarama rin natin na higit na magpakumbaba, magpasalamat, at umasa sa Kanyang kabutihan, awa, at biyaya (tingnan sa 2 Nephi 2:8).

Sa mas malawak na kahulugan, sinasakop ng paglapit kay Cristo at pagiging ganap sa Kanya ang pagiging ganap sa walang-hanggang paglalakbay ng ating espiritu at katawan—ibig sabihin, ang walang-hanggang paglalakbay ng ating kaluluwa (tingnan sa D at T 88:15). Ang pagiging ganap ay bunga ng ating paglalakbay sa buhay, kamatayan, at pagkabuhay na mag-uli, kapag lahat ng bagay ay nabalik "sa kanilang wasto at ganap na anyo" (Alma 40:23). Kabilang dito ang proseso ng espirituwal na pagsilang, na naghahatid ng "malaking pagbabago" sa ating puso at pag-uugali (Mosias 5:2). Ito ay bunga ng ating habambuhay na pagpapadalisay sa pamamagitan ng paglilingkod na katulad ni Cristo at pagsunod sa mga utos ng Tagapagligtas at pagtupad ng ating mga tipan. At may kinalaman ito sa kaugnayan ng mga buhay sa mga patay na humahantong sa kanilang pagiging ganap (tingnan sa D at T 128:18).

Gayunman, ang salitang *perpekto* kung minsan ay nabibigyan ng maling pakahulugan na ang ibig sabihin nito ay hindi nagkakamali kailanman. Marahil nagsisikap kayo o ang isang

*ILAW NG SANGLIBUTAN*, NI HOWARD LYON, HINDI MAARING KOPYAHIN





taong kilala ninyo na maging perpekto sa ganitong paraan. Dahil ang gayong pagkaperpekto ay tila laging imposibleng maabot, na kahit ang pinakamainam nating mga pagsisikap ay maaaring magpadama sa atin ng pagkabalisa, kawalan ng pag-asa, o pagkapagod. Hindi natin kayang kontrolin ang ating mga sitwasyon at ang mga tao sa ating paligid. Naliligalig tayo sa ating mga kahinaan at kamalian. Katunayan, habang lalo tayong nagsisikap, lalo tayong napapalayo sa pagkaperpektong hangad natin.

Sa kasunod nito, hinahangad kong palalimin ang ating pagpapahalaga sa doktrina ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa pagmamahal at awa na buong layang ibinigay ng Tagapagligtas sa atin. Inaanyayahan ko kayong gamitin ang inyong pag-unawa sa doktrina ng Pagbabayad-sala para tulungan ang inyong sarili at ang iba, kabilang na ang mga missionary, estudyante, young single adult, ama, ina, namumuno sa pamilya na walang asawa, at iba pa na namomroblema na mahanap ang kaganapan o maging perpekto.

**Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo**

Inihanda mula pa sa pagkakatatag ng mundo (tingnan sa Mosias 4:6–7), tinutulutan tayo ng Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas na matuto, magsisi, at umunlad sa sarili nating mga karanasan at pagpapasiya.

Sa pagsubok sa mundo, ang paunti-unting "taludtod sa taludtod" (D at T 98:12) na espirituwal na pag-unlad at "malaking pagbabago" ng puso (Alma 5:12, 13; Mosias 5:2) na mga espirituwal na karanasan ay tumutulong sa atin na lumapit kay Cristo at maging ganap sa Kanya. Ang pamilyar na mga katagang "magtiis hanggang wakas" ay nagpapaalala sa atin na ang walang-hanggang pag-unlad kadalasan ay kinapapalooban ng panahon at patuloy na pagkilos.

Sa huling kabanata ng Aklat ni Mormon, itinuturo sa atin ng dakilang propetang si Moroni kung paano lumapit at maging ganap kay Cristo. "Pagkaitan ang [ating] sarili ng lahat ng kasamaan." "[Ibigin] ang Diyos nang buo [nating] kakayahan, pag-iisip at lakas." Kung magkagayon ang Kanyang biyaya ay sapat sa atin, "upang sa pamamagitan ng kanyang biyaya [tayo] ay maging ganap kay Cristo." Kung "hindi [natin] itatatwa" ang kapangyarihan ng Diyos, maaari tayong "[pabanalin] kay Cristo sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos," na "siyang nasa tipan ng Ama tungo sa ikapagpapatawad ng [ating] mga kasalanan," upang tayo ay "maging banal, na walang bahid-dungis" (Moroni 10:32, 33).

Sa huli, ang "dakila at huling hain" ng Tagapagligtas ang naghahatid ng "awa, na nangingibabaw sa katarungan, at nagbibigay ng daan sa mga tao upang sila ay magkaroon ng pananampalataya tungo sa pagsisisi" (Alma 34:14, 15). Tunay ngang ang ating "pananampalataya tungo sa pagsisisi" ay mahalaga para tayo makalapit kay Cristo, maging ganap sa Kanya,

**Tanging ang ating Tagapagligtas ang nabuhay nang sakdal, ngunit natuto at umunlad pa Siya sa karanasan sa buhay na ito.**

ANG BATANG SI JESUS SA PAGAWAAN NG ANLUWAGI, NI DEL PARSON

at magtamasa ng mga pagpapala ng "dakila at walang hanggang plano ng pagtubos" (Alma 34:16).

Ang lubos na pagtanggap sa Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas ay magpapaibayo sa ating pananampalataya at magpapalakas ng ating loob na talikuran ang mga inaasahang pilit na sinasabi sa atin na kahit paano ay kailangang maging perpekto tayo o ang mga bagay-bagay. Sinasabi ng makitid na pag-iisip na lahat ng bagay ay lubos na perpekto o kaya'y may depektong wala nang lunas. Ngunit maaari nating tanggapin nang may pasasalamat, bilang mga anak ng Diyos, na tayo ang pinakadakila sa lahat ng Kanyang likha (tingnan sa Awit 8:3–6; Sa mga Hebreo 2:7), kahit paunti-unti pa rin ang ating pag-unlad.

Kapag naunawaan natin ang nagbabayad-salang pagmamahal na buong layang ibinigay ng ating Tagapagligtas, mawawala ang takot natin na baka Siya ay isang hukom na malupit at mapanghusga. Sa halip, madarama natin ang kapanatagan, "sapagka't hindi sinugo ng Dios ang Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan; kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan niya" (Juan 3:17). At nauunawaan natin na kailangan ang panahon at pagkilos para umunlad (tingnan sa Moises 7:21).

## Ang Ating Sakdal na Halimbawa

Tanging ang ating Tagapagligtas ang nabuhay nang sakdal, at natuto at umunlad pa Siya sa karanasan sa buhay na ito. Katunayan, "hindi niya tinanggap ang kaganapan sa simula, subalit nagpatuloy nang biyaya sa biyaya, hanggang sa tanggapin niya ang kaganapan" (D at T 93:13).

Natutuhan Niya sa pamamagitan ng karanasan sa buhay na ito na "[dalhin] ang [ating] mga kahinaan . . . upang malaman niya nang ayon sa laman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao" (Alma 7:12). Hindi Siya nagpatangay sa mga tukso, kasalanan, o pamimilit sa araw-araw, kundi Siya ay nagpakababa-baba sa lahat ng pagsubok at hamon ng mortalidad (tingnan sa D at T 122:8).

Sa Sermon sa Bundok, inutusan tayo ng Tagapagligtas: "Kayo nga'y mangagpakasakdal" (Mateo 5:48). Ang salitang Griyego para sa *sakdal* ay maaaring isalin bilang "ganap, lubos, husto" (tingnan sa Mateo 5:48). Inuutusan tayo ng ating Tagapagligtas na maging ganap, lubos, husto—maging sakdal sa kabanalan at mga katangiang ipinakita Niya at ng ating Ama sa Langit.[2]

Tingnan natin kung paano matutulungan ng pag-angkop sa doktrina ng Pagbabayad-sala ang mga nakadarama na kailangan nilang mahanap ang kaganapan o maging perpekto.

## Pagiging Perpeksyonista

Ang maling pagkaunawa sa ibig sabihin ng maging perpekto ay maaaring mauwi sa *pagiging perpeksyonista*—isang pag-uugali o asal na may kahanga-hangang hangaring maging mabuti at nagkakaroon ng di-makatotohanang pag-asa na maging perpekto *ngayon.* Ang pagiging perpeksyonista kung minsan ay bunga ng damdamin na iyon lamang mga perpekto ang dapat mahalin o na hindi tayo nararapat maging masaya kung hindi tayo perpekto.

Ang pagiging perpeksyonista ay maaaring maging dahilan ng hindi pagtulog, pagkabalisa, pagpapaliban, kawalan ng pag-asa, pangangatwiran, at kalungkutan. Mapapawi ng mga damdaming ito ang kapayapaan, kagalakan, at kapanatagang nais ng Panginoon na mapasaatin.

Ang mga missionary na nais maging perpekto ngayon ay maaaring mabalisa o mawalan ng pag-asa kung hindi nila matutuhan kaagad ang wika sa kanilang misyon, hindi nila mabinyagan kaagad ang mga tao, o hindi sila mabigyan kaagad ng mga tungkulin sa pamumuno sa mission. Sa mahuhusay na kabataan na sanay sa tagumpay, maaaring ang misyon ang maging una nilang mahirap na hamon sa buhay. Ngunit ang mga missionary ay maaaring maging lubos na masunurin nang hindi nagiging perpekto. Masusukat nila ang kanilang tagumpay unang-una sa kanilang tapat na pagtulong sa mga tao at pamilya na "maging matatapat na miyembro ng Simbahan na nakikinabang sa presensya ng Espiritu Santo."[3]

Ang mga estudyanteng nagsisimula ng isang bagong taon sa paaralan, lalo na ang mga lumilisan ng bahay para magkolehiyo, ay kapwa sabik at nag-aalala. Ang mga estudyanteng iskolar, atleta, artist, at iba pa ay hindi na nagiging matagumpay at popular sa bagong paaralan kundi nagiging karaniwang estudyante na lang sila roon. Agad madarama ng mga estudyanteng may tendensiyang maging perpeksyonista, gaano man sila magsikap, na bigo sila kung hindi sila nangunguna sa lahat ng bagay.

Iniisip ang mga kailangang gawin sa buhay, malalaman ng mga estudyante na kung minsan ay talagang ayos lang na gawin ang lahat ng makakaya nila at na hindi posible na palaging sila ang pinakamahusay.

Inaasahan din natin na maging perpekto ang ating sariling tahanan. Ang isang ama o ina ay maaaring madama na napipilitan siyang maging perpektong asawa, magulang, maybahay, naghahanapbuhay, o bahagi ng isang perpektong pamilyang mga Banal sa mga Huling Araw—ngayon.

Ano ang tutulong sa mga nahihirapang labanan ang kanilang tendensiyang maging perpeksyonista? Ang mga tanong na nagmamalasakit at nag-aanyaya ng tapat na kasagutan ay nagpapadama sa kanila na tanggap at

mahal natin sila. Inaanyayahan nito ang iba na magtuon ng pansin sa positibong bagay. Ipinahihiwatig nito sa atin na ang ating nadarama ay magiging maayos. Maiiwasan ng pamilya at mga kaibigan ang pagkukumpara sa tagumpay ng iba at sa halip ay manghikayat nang taos-puso.

Ang isa pang di-magandang aspeto ng pagiging perpeksyonista ay ang pasunurin ang iba sa ating di-makatotohanan, mapanghusga, o mahigpit na mga pamantayan. Ang gayong pag-uugali, sa katunayan, ay ipinagkakait o nililimitahan ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas sa ating buhay at sa buhay ng iba. Halimbawa, ang mga young single adult ay maaaring gumawa ng listahan ng mga katangiang gusto nila sa kanilang mapapangasawa pero hindi naman makapag-asawa dahil sa di-makatotohanang mga inaasahan sa perpektong asawa.

Sa gayon, maaaring ayaw makipag-deyt ng isang babae sa isang mabait at karapat-dapat na lalaki na hindi makaabot sa sukatan niya bilang perpeksyonista—hindi siya mahusay sumayaw, walang planong yumaman, hindi nagmisyon, o umamin na nagkaroon ng problema sa pornograpiya noong araw na napagsisihan at nalutas na.

Gayon din, maaaring ayaw ideyt ng isang lalaki ang isang mabait at karapat-dapat na babae na hindi tugma sa kanyang di-makatotohanang pamantayan—hindi siya mahilig sa isports, hindi president ng Relief Society, hindi reyna ng kagandahan, hindi marunong magbadyet, o umamin na lumabag sa Word of Wisdom noong araw na nalutas na.

Mangyari pa, dapat nating isipin ang mga katangiang hinahangad natin sa ating sarili at sa mapapangasawa natin. Dapat nating panatilihin ang ating pinakamataas na inaasam at pamantayan. Ngunit kung tayo ay mapagpakumbaba, mamamangha tayo sa kabutihan sa di-inaasahang mga lugar, at maaari tayong magkaroon ng mga pagkakataong mapalapit sa isang taong tulad natin ay hindi perpekto.

Kinikilala ng pananampalataya na ang kahinaan, sa pamamagitan ng pagsisisi at kapangyarihan ng Pagbabayad-sala, ay maaaring maging kalakasan at ang mga kasalanang napagsisihan ay talagang mapapatawad.

Ang masayang pagsasama ng mag-asawa ay hindi bunga ng dalawang perpektong taong nagsumpaan. Sa halip, tumitindi ang katapatan at pagmamahalan kapag ang dalawang taong hindi perpekto ay pinalakas, tinulungan, hinikayat at pinatawad ang isa't isa sa kanilang pagsasama. Minsan ay may nagtanong sa asawa ng isang propeta sa makabagong panahon kung ano ang pakiramdam ng makasal sa isang propeta. Buong talino siyang sumagot na hindi siya nagpakasal sa isang propeta; nagpakasal lang siya sa lalaking lubos ang katapatan sa Simbahan anumang tungkulin ang ibigay sa kanya.[4] Sa madaling salita, sa paglipas ng panahon, ang mag-asawa ay magkasamang umuunlad—bilang indibiduwal at bilang mag-asawa.

Ang paghihintay para sa isang perpektong asawa, perpektong edukasyon, perpektong trabaho, o perpektong bahay ay matagal at malungkot. Matalino tayo sa pagsunod sa Espiritu sa mahahalagang desisyon sa buhay at huwag hayaang humadlang sa ating pag-unlad ang mga pangambang likha ng ating pagiging perpeksyonista.

Para sa mga taong nahihirapan o nababalisa, taos-pusong itanong sa inyong sarili, "Naaayon ba ang pakahulugan ko sa *pagiging perpekto* at *tagumpay* sa mga doktrina ng nagbabayad-salang pagmamahal ng Tagapagligtas o sa mga pamantayan ng mundo? Sinusukat ko ba ang *tagumpay* o *kabiguan* ayon sa pagpapatibay ng Espiritu Santo sa aking mabubuting hangarin o ayon sa ilang makamundong pamantayan?"

Para sa mga taong pagod na ang katawan o damdamin, simulan ang regular na pagtulog at pamamahinga, at mag-ukol ng oras na kumain at maglibang. Unawain na ang pagiging abala ay hindi kapareho ng pagiging karapat-dapat, at hindi kailangang maging perpekto para maging karapat-dapat.[5]

Para sa mga taong mahilig tumingin sa sarili nilang mga kahinaan o pagkukulang, magalak at magpasalamat sa mga bagay na nagagawa ninyo nang mahusay, gaano man ito kalaki o kaliit.

Para sa mga taong natatakot na mabigo at nagpapaliban, kung minsan sa labis na paghahanda, mapanatag at mahikayat na hindi kailangang umiwas sa mahihirap na gawain na maaaring magdulot ng malaking pag-unlad!

Kung kailangan at angkop, humingi ng espirituwal na payo o magpagamot sa mahusay na doktor para kayo mapahinga, magkaroon ng mga positibong paraan na mag-isip at ayusin ang inyong buhay, bawasan ang mga ugaling nagpapahina ng loob, at lalo pang magpasalamat.[6]

Ang pagkainip ay sagabal sa pananampalataya. Ang pananampalataya at pagtitiyaga ay makatutulong sa mga missionary na maunawaan ang bagong wika o kultura, ang mga estudyante na maging mahusay sa mga bagong asignatura, at ang mga young single adult na bumuo ng mga kaugnayan sa halip na hintaying maging perpekto ang lahat. Tutulungan din ng pananampalataya at pagtitiyaga ang mga naghihintay ng temple sealing clearance o panunumbalik ng mga pagpapala ng priesthood.



**Para sa mga taong mahilig tumingin sa sarili nilang mga kahinaan o pagkukulang, magalak at magpasalamat sa mga bagay na nagagawa ninyo nang mahusay, gaano man ito kalaki o kaliit.**

Kapag kumilos tayo at hindi pinakikilos (tingnan sa 2 Nephi 2:14), maaari tayong magkaroon ng balanseng buhay sa kabanalan at umunlad sa buhay. Maaari itong makita sa isang "pagsalungat," na "magkasama sa isa" (2 Nephi 2:11).

Halimbawa, maaari tayong tumigil sa pagiging tamad (tingnan sa D at T 88:124) nang hindi tumatakbo nang higit na mabilis kaysa sa ating lakas (tingnan sa Mosias 4:27).

Maaari tayong maging "sabik sa paggawa ng mabuting bagay" (D at T 58:27) habang paminsan-minsan ding tumitigil upang "mapanatag at malaman na ako ang Diyos" (Awit 46:10; tingnan din sa D at T 101:16).

Masusumpungan natin ang ating buhay kung mawawalan tayo nito alang-alang sa Tagapagligtas (tingnan sa Mateo 10:39; 16:25).

Hindi tayo maaaring "mapagod sa paggawa ng mabuti" (D at T 64:33; tingnan din sa Mga Taga-Galacia 6:9) habang nag-uukol ng sapat na panahon para lumakas sa espirituwal at pisikal.

Maaari tayong magsaya nang hindi nawawalan ng galang.

Maaari tayong magtawanan nang hindi pinagtatawanan ang iba.

Inaanyayahan tayo ng ating Tagapagligtas at ng Kanyang Pagbabayad-sala na "lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya." Kapag ginawa natin ito, nangangako Siya na ang Kanyang biyaya ay "sapat sa inyo, upang sa pamamagitan ng kanyang biyaya kayo ay maging ganap kay Cristo" (Moroni 10:32).

Para sa mga nahihirapang mahanap ang kaganapan o maging perpekto ngayon, pinapanatag tayo ng nagbabayad-salang pagmamahal na buong layang ibinigay sa atin ng ating Tagapagligtas:

"Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin.


". . . Sapagka't malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan" (Mateo 11:28–30).[7] ■

**MGA TALA**

1. "Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo, *Aklat ng mga Awit Pambata,* 42.
2. Tingnan din sa Russell M. Nelson, "Perfection Pending," *Ensign,* Nob. 1995, 86–88.
3. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 12.
4. Tingnan sa Lavina Fielding, "Camilla Kimball: Lady of Constant Learning," *Ensign,* Okt. 1975, 62.
5. Tingnan, halimbawa, sa Dieter F. Uchtdorf, "Apat na Titulo," *Liahona,* Mayo 2013, 58–61. Nagbabala rin si Pangulong Uchtdorf, "Maaaring iniisip ng iba na nakasalalay ang kanilang halaga sa haba ng kanilang mga gagawin" ("Sa mga Bagay na Pinakamahalaga," *Liahona,* Nob. 2010, 20).
6. Ang kaalamang ito ay nagmula kina Carlos F. at Alane Kae Watkins, mga mental health adviser sa Asia Area, na nakadestino sa Hong Kong. Ang iba pang mga kaalaman para sa artikulong ito ay nagmula kina Susan Gong, Larry Y. at Lynda Wilson, Randy D. at Andrea Funk, Janet S. Scharman, at sa mga missionary sa Indonesia Jakarta Mission.
7. Tingnan din sa Cecil O. Samuelson, "What Does It Mean to Be Perfect?" *New Era,* Ene. 2006, 10–13; Janet S. Scharman, "Seeking Perfection without Being a Perfectionist," sa *Virtue and the Abundant Life: Talks from the BYU Religious Education and Wheatley Institution Symposium,* inedit ni Lloyd D. Newell at ng iba pa (2012), 280–302.

# ANG **MGA BANAL NA TIPAN** AY NAGPAPATATAG SA MGA KRISTIYANO

*Ano ang mayroon sa paggawa at pagtupad ng mga tipan sa Diyos na nagbibigay sa atin ng lakas?*



**Ni Elder D. Todd Christofferson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Noong Agosto 15, 2007, dumanas ng napakalakas na lindol ang Peru na nagwasak sa halos lahat ng lungsod sa baybayin ng Pisco at Chincha. Gaya ng maraming iba pang mga lider at miyembro ng Simbahan, agad tumulong si Wenceslao Conde, pangulo ng Balconcito Branch ng Simbahan sa Chincha, sa ibang mga taong nasiraan ng bahay.

Apat na araw pagkaraan ng lindol, nasa Chincha si Elder Marcus B. Nash ng Pitumpu at tumulong na maisaayos ang tulong ng Simbahan doon at [kinausap] niya si President Conde. Habang nag-uusap sila tungkol sa pagkawasak na nangyari at kung ano ang ginagawa para tulungan ang mga biktima, lumapit ang asawa ni President Conde na si Pamela, [karga] ang isa sa maliliit nilang anak. Kinumusta ni Elder Nash kay Sister Conde ang mga anak nito. May ngiti sa labi, sumagot ito na sa kabutihan ng Diyos ligtas at maayos silang lahat. Kinumusta niya ang bahay ng mga Conde.

"Wala na po," sabi lang nito.

"Ang mga gamit ninyo?" tanong niya.

"Natabunan pong lahat nang gumuho ang bahay namin," sagot ni Sister Conde.

"Pero," pagpuna ni Elder Nash, "nakangiti ka pa habang nag-uusap tayo."

"Opo," sabi niya, "nagdasal po ako at napanatag. Nasa amin na ang lahat ng kailangan namin. Magkakasama kami, narito ang mga anak namin, nabuklod kami sa templo, narito ang kagila-gilalas na Simbahang ito, at kasama namin ang Panginoon. Makapagsisimula kaming muli sa tulong ng Panginoon."

## Ang Kapangyarihan ng mga Tipan


Ano ba ang pinagmumulan ng ganoon kalakas na moral at espirituwal na lakas, at paano natin ito matatamo? Diyos ang pinagmumulan nito. Matatamo natin ang lakas na iyon sa pamamagitan ng ating mga tipan sa Kanya. Ang tipan ay isang kasunduan sa pagitan ng Diyos at ng tao, isang kasunduan na ang mga kundisyon ay Diyos ang nagtakda.[1] Sa mga banal na kasunduang ito, inoobliga ng Diyos ang Kanyang sarili na suportahan, pabanalin, at dakilain tayo kapalit ng ating pangakong paglilingkuran Siya at susundin ang Kanyang mga utos.

Ano ba ang nasa paggawa at pagtupad ng mga tipan sa Diyos na nagbibigay sa atin ng lakas na ngumiti sa gitna ng kahirapan, na gawing tagumpay ang paghihirap, at "maging sabik sa paggawa ng mabuting bagay, . . . at isakatuparan ang maraming kabutihan" (D at T 58:27)?

## Pinalakas ng mga Kaloob at Pagpapala

Una, kapag sinusunod natin ang mga alituntunin at kautusan ng ebanghelyo ni Jesucristo, natatamasa natin ang patuloy na pagdaloy ng mga pagpapalang ipinangako ng Diyos sa Kanyang tipan sa atin. Ang mga pagpapalang iyon ay nagbibigay ng kakayahang kailangan natin upang kumilos sa halip na pakilusin habang tayo ay nabubuhay. Halimbawa, ang mga utos ng Panginoon sa Word of Wisdom tungkol sa pangangalaga sa ating pisikal na katawan ay nagbibigay sa atin una sa lahat ng "karunungan at malaking kayamanan ng kaalaman, maging mga natatagong kayamanan" (D at T 89:19). Dagdag pa rito, karaniwan ay humahantong ito sa mas malusog na buhay at kalayaan sa nakapipinsalang mga adiksyon. Sa pagsunod ay higit nating nakokontrol ang ating buhay, higit [ang ating] kakayahang umangkop, gumawa at lumikha. Mangyari pa, ang edad, aksidente, at mga karamdaman ay di maiiwasang magpahina, ngunit, ang pagsunod natin sa batas na ito ng ebanghelyo ay nagdaragdag sa kakayahan nating harapin ang ganitong mga hamon.

Sa landas ng tipan makasusumpong tayo ng patuloy na pagbibigay ng mga kaloob at tulong. "Ang pagibig ay hindi nagkukulang kailan man" (I Mga Taga Corinto 13:8; Moroni 7:46), ang pag-ibig ay nagbubunga ng pag-ibig, ang habag ay nagbubunga ng habag, ang kabanalan ay nagbubunga ng kabanalan, ang [katapatan] ay nagbubunga ng katapatan, at ang paglilingkod ay nagbubunga ng kagalakan. Tayo ay bahagi ng pinagtipanang mga tao, isang komunidad ng mga Banal na naghihikayat, sumusuporta, at naglilingkod sa isa't isa. Tulad ng paliwanag ni Nephi, "At kung mangyayari na ang mga anak ng tao ay susunod sa mga kautusan ng Diyos kanya silang palulusugin, at pinalalakas sila" (1 Nephi 17:3).



## Pinalakas ng Ibayong Pananampalataya

[Pumunta tayo] sa ikalawang paraan na pinalalakas tayo ng ating mga tipan—nagbubunga ito ng pananampalatayang kailangan para magsumigasig at gawin ang lahat ng bagay na mahalaga sa Panginoon. Ang kahandaan nating taglayin ang pangalan ni Cristo at sundin ang Kanyang mga utos ay nangangailangan ng malaking pananampalataya, ngunit kung tutuparin natin ang ating mga tipan, ang pananampalatayang iyon ay lalago. Una, ang mga ipinangakong bunga ng pagsunod ay nakikita, na nagpapatibay sa ating pananampalataya. Ikalawa, ipinararating ng Espiritu ang kasiyahan ng Diyos, at panatag tayo sa Kanyang patuloy na pagpapala at tulong. Ikatlo, anuman ang mangyari, mahaharap natin ang buhay nang may pag-asa at kapanatagan, batid na magtatagumpay tayo sa huli dahil ang pangako ng Diyos ay nasa bawat isa sa atin, sa pangalan, at alam nating hindi Siya magsisinungaling (tingnan sa Enos 1:6; Eter 3:12).

Pinagtibay ng mga naunang lider ng Simbahan sa dispensasyong ito na ang pagsunod sa landas ng tipan ay nagbibigay ng katiyakang kailangan natin sa mga oras ng pagsubok: "Ang [kaalaman na ang landas ng buhay nila ay ayon sa kalooban ng Diyos] ang nagbigay-kakayahan sa mga naunang banal na pagtiisan ang lahat ng pagpapahirap at pang-uusig sa kanila, at tanggapin . . . hindi lamang ang pagkabulok ng kanilang mga pagkain, at pagkasira ng kanilang katawan, nang may galak, kundi ang mamatay rin sa pinakamalupit na paraan; batid (hindi lamang naniniwala) na kapag naagnas ang kanilang katawang-lupa, mayroon silang isang gusali mula sa Diyos, isang bahay na hindi gawa ng mga kamay, na walang hanggan sa kalangitan. (2 Cor. 5:1)."[2]

Sinabi pa nila na sa paghahandog ng anumang sakripisyong hihilingin ng Diyos sa atin, natatamo natin ang patotoo ng Espiritu na ang ating landasin ay tama at kasiya-siya sa Diyos.[3] Sa kaalamang iyon, lumalawak ang ating pananampalataya, nang may katiyakan na ang Diyos sa takdang panahon ay gagawing kapaki-pakinabang sa atin ang bawat pagdurusa. (Tingnan sa D at T 97:8–9.)

## Pinalakas ng "Kapangyarihan ng Kabanalan"

Napag-usapan na natin, una, ang nagpapalakas na mga pagpapala at, ikalawa, ang pagkakaloob ng pananampalatayang bigay ng Diyos sa mga tumutupad ng kanilang mga tipan sa Kanya. Ang huling aspeto ng kalakasan sa pamamagitan ng mga tipan na babanggitin ko ay ang pagkakaloob ng banal na kapangyarihan. Ang tapat na pakikipagtipan natin sa Kanya ang nagtutulot sa ating Ama sa Langit na padaluyin sa ating buhay ang Kanyang banal na impluwensya, "ang kapangyarihan ng kabanalan" (D at T 84:20). Magagawa Niya ito dahil sa pakikibahagi natin sa mga ordenansa ng priesthood, nagagamit natin ang ating kalayaan at pinili nating tanggapin ito. Namamalas din sa ating pakikibahagi sa mga ordenansang iyon na handa tayong tanggapin ang mga karagdagang responsibilidad na kalakip ng dagdag na kaliwanagan at espirituwal na lakas.

Sa lahat ng ordenansa, lalo na sa templo, pinagkakalooban tayo ng kapangyarihan mula sa itaas (tingnan sa D at T 109:22). Ang "kapangyarihan ng kabanalan" na ito ay dumarating sa tao at sa pamamagitan ng impluwensya ng Espiritu Santo. Ang kaloob na Espiritu Santo ay bahagi ng bago at walang-hanggang tipan. Mahalagang bahagi ito ng ating binyag, ang pagbibinyag sa Espiritu. Ito ang naghahatid ng biyaya kung kaya't sa pamamagitan ng dugo ni Cristo ay napapatawad ang ating mga kasalanan at napapabanal tayo (tingnan sa 2 Nephi 31:17). Ito ang kaloob kung kaya't si Adan ay "nabuhay ang panloob na pagkatao" (Moises 6:65). Sa pamamagitan ng Espiritu Santo ay natiis ng mga sinaunang Apostol ang lahat ng kanilang pinagdaanan at sa pamamagitan ng kanilang mga susi ng priesthood ay naihatid nila ang ebanghelyo sa kilalang mundo noong panahon nila.



Kapag pumasok tayo sa sagradong mga tipan, ang Espiritu Santo ang ating mang-aaliw, gabay, at kasama. Ang mga bunga ng Banal na Espiritu ay "ang mga mapagpayapang bagay ng kawalang-kamatayang kaluwalhatian; ang katotohanan ng lahat ng bagay; yaong nagpapasigla sa lahat ng bagay, na nagbibigay-buhay sa lahat ng bagay; na nakaaalam ng lahat ng bagay, at nagtataglay ng lahat ng kapangyarihan alinsunod sa karunungan, awa, katotohanan, katarungan, at kahatulan" (Moises 6:61). Ang mga kaloob ng Banal na Espiritu ay patotoo, pananampalataya, kaalaman, karunungan, mga paghahayag, himala,



pagpapagaling, at pag-ibig sa kapwa, na ilan lamang sa mga ito (tingnan sa D at T 46:13–26).

Ang Espiritu Santo ang sumasaksi sa inyong sinabi kapag kayo ay nagtuturo at nagpapatotoo. Ang Espiritu Santo, habang nagsasalita kayo sa gitna ng mga kaaway, ang naglalagay sa puso ninyo ng dapat ninyong sabihin at tumutupad sa pangako ng Panginoon na "hindi kayo malilito sa harapan ng mga tao" (D at T 100:5). Ang Espiritu Santo ang naghahayag kung paano ninyo [makakayanan] ang susunod na hamon na tila napakabigat. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo na nasasa inyo maaaring madama ng iba ang dalisay na pag-ibig ni Cristo at tumanggap ng lakas na magpatuloy. Ang Espiritu Santo rin, sa Kanyang papel bilang Banal na Espiritu ng Pangako, ang nagpapatibay sa katotohanan at bisa ng inyong mga tipan at nagbubuklod ng mga pangako ng Diyos sa inyo (tingnan sa D at T 88:4–5; 109:14–15).

## Sasamahan Kayo ng Ama sa Langit

Mga banal na tipan ang nagpapatatag sa mga Kristiyano. Hinihimok ko ang bawat isa na maging marapat sa at tanggapin ang lahat ng ordenansa ng priesthood sa abot ng inyong makakaya at tapat na tupdin ang mga pangako ninyo sa tipan. Sa oras ng pagdurusa, pahalagahan sa lahat ang inyong mga tipan at hustuhin ang inyong pagsunod. Sa gayo'y makahihiling kayo nang may pananampalataya, walang pag-aalinlangan, ayon sa inyong pangangailangan, at ang Diyos ay sasagot. Susuportahan niya kayo sa inyong paggawa at pagbabantay. Sa Kanyang sariling panahon at paraan Kanyang iaabot sa inyo ang Kanyang kamay at sasabihing, "Narito ako." ■

*Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2009, "Ang Kapangyarihan ng mga Tipan."*

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Tipan"; scriptures.lds.org.
2. *Lectures on Faith* (1985), 67.
3. Tingnan sa *Lectures on Faith,* 69–71.




# ANO ANG NAKIKITA MO?

*Kapag pinag-aaralan natin at pinag-iisipang mabuti ang mga simbolo sa mga ordenansa ng ebanghelyo, ang ating kaisipan ay nasesentro kay Jesucristo.*

**Ni David A. Edwards**
Mga Magasin ng Simbahan

Dahil nasa paligid natin ang mga simbolo, madalas ay hindi natin gaanong iniisip ang tungkol sa mga ito. Ngunit ang pagbibigay-pansin sa mga simbolo ng ebanghelyo ay maaaring maging susi sa higit na pagkaunawa.

Ginagamit ng mga banal na kasulatan ang salitang tulad ng *uri, anino, sagisag, tanda, talinghaga, pag-alaala, saksi,* o *patotoo* upang ilarawan ang isang bagay na naglalayon na ituon ang ating isipan sa iba pang bagay na mahalaga (tingnan sa Moises 6:63). Halimbawa, nang pinasimulan ni Jesus ang sakramento sa Huling Hapunan, ibinigay Niya sa Kanyang mga disipulo ang pira-pirasong tinapay na kakainin nila at sinabing, "Ito'y aking katawan, na ibinibigay dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin" (Lucas 22:19). Ngayon, malinaw na malinaw na ang tinapay ay hindi literal na Kanyang katawan; tulad ng sabi Niya, ito ay para *ipaalala* sa atin ang Kanyang katawan—*at marami pang iba*. Iyan ang dahilan kaya napakabisa ng mga simbolo—nagpaparating ito ng mensahe nang hindi gumagamit ng wika at nagpapaalala ng ilang magkakaugnay na kaisipan nang sabay-sabay, na nagdaragdag ng lalim at kahulugan.

Mangyari pa, ang mga ordenansa ay hindi lamang gawaing may isinisimbolo; naghahatid ang mga ito ng tunay na kapangyarihan para pagpalain tayo sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood. Ngunit naglalaman din ang mga ito ng mga simbolo na nagtuturo sa atin tungkol sa Tagapagligtas at sa ating mga tipan. Maging ang pagpapailalim sa at pagtanggap ng ordenansa ng priesthood ay panlabas na palatandaan ng pananampalataya at kababaang-loob ng isang tao. Narito ang marami sa mga simbolo na may kaugnayan sa mga ordenansa ng binyag, kumpirmasyon, at ng sakramento, gayundin ang ilan sa mga ideyang nauugnay sa mga ito. ■

## BINYAG



***Tubig:*** *paghuhugas, paglilinis, pagpapadalisay mula sa kasalanan*

***Puting damit:*** *kadalisayan ("walang sino mang tao ang maliligtas maliban kung ang kanyang mga kasuotan ay nahugasang maputi . . . [at dinalisay] sa pamamagitan ng dugo ni [Cristo]" [Alma 5:21]); pagkakapantay-pantay (mayaman man o mahirap, lahat ay magsusuot ng gayon ding damit sa binyag, sapagkat "pantay-pantay ang lahat sa Diyos" [2 Nephi 26:33])*

***Nakataas na kanang kamay:*** *nakataas ang kamay tungo sa langit, nangangako sa langit; tanda rin ng panunumpa (tingnan sa Genesis 14:22; Daniel 12:7)*

***Paglulubog:*** *ang kamatayan, libing, at Pagkabuhay na Muli ni Cristo (tingnan sa Mga Taga Roma 6:3–4); ating espirituwal na pagsilang kay Cristo ("ipanganak ng tubig" [Juan 3:5])*

## KUMPIRMASYON



***Pagpapatong ng mga kamay:*** *pisikal na paghawak ng mga kumakatawan sa Diyos, pagbibigay sa iba ng mga pagpapala na mula sa Diyos*

***Pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo:*** *tinatawag na "pagbibinyag ng apoy" (tingnan sa 2 Nephi 31:13); paglilinis at espirituwal na pagsilang kay Cristo*

## SAKRAMENTO



***Pagkain ng tinapay:*** *pag-alaala sa katawan ni Jesucristo (tingnan sa Mateo 26:26–29), ang tinapay ng kabuhayan ("ang lumalapit sa akin ay hindi magugutom" [Juan 6:35], "ang kumakain ng tinapay na ito ay mabubuhay magpakailan man" [Juan 6:58])*

***Pagluhod para manalangin:*** *pagpapakumbaba, pagpapailalim sa kalooban ng Diyos; tanda ng walang-hanggang tipan (tingnan sa D at T 88:131)*

***Pagpuputol-putol ng tinapay:*** *paghihirap ng katawan ni Cristo para sa ating kapakanan, ang Kanyang pisikal na kamatayan, Kanyang Pagkabuhay na Muli upang tayo ay mabuhay na muli*

***Paglalagay ng tinapay at tubig sa harap ng kongregasyon:*** *mga simbolo ng sakripisyo ni Cristo, na winakasan ang pag-aalay ng hain sa pamamagitan ng pagbuhos ng dugo (tingnan sa Alma 34:13–14); naghahandog tayo ngayon ng "hain sa Panginoon . . . [na] bagbag na puso at nagsisising espiritu" (D at T 59:8)*

***Pag-inom ng tubig (alak noong una):*** *ang dugo ni Cristo (ibinuhos sa Getsemani, sa Kanyang pagdurusa sa kamay ng mga kawal, at sa krus), na "[naglilinis sa atin] sa lahat ng kasalanan" (I Ni Juan 1:7) at "nasa tipan ng Ama tungo sa ikapagpapatawad ng [ating] mga kasalanan" (Moroni 10:33); dugo bilang "pinakaugat ng buhay o kinakailangang lakas ng lahat ng laman" (Gabay sa mga banal na Kasulatan "Dugo"; scriptures.lds.org) at yaong nagbabayad-sala para sa mga kasalanan sa pamamagitan ng sakripisyo (tingnan sa Levitico 17:11); tubig na buhay (tingnan sa Juan 4:14)*



### NAKATUON SA PAGBABAYAD-SALA

"Bawat ordenansa ng ebanghelyo ay nakatuon sa anumang paraan sa pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo, at tiyak na iyan ang dahilan kung bakit ang partikular na ordenansang ito [ng sakramento] taglay ang lahat ng simbolismo at paglalarawan nito ay dumarating sa atin nang mas mabilis at sa paulit-ulit na paraan kaysa sa ibang bagay sa ating buhay."

**Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, "This Do in Remembrance of Me," *Ensign*, Nob. 1995, 67.**

## SUMALI SA USAPAN

### MGA BAGAY NA PAG-IISIPAN PARA SA ARAW NG LINGGO

- Paano ka tinutulungan ng mga simbolo sa mga ordenansa ng binyag, kumpirmasyon, at sakramento na alalahanin ang Tagapagligtas at ang iyong mga tipan?
- Ano ang pumapasok sa iyong isipan sa oras ng sakramento linggu-linggo?

### MGA BAGAY NA MAAARI MONG GAWIN

- Isulat sa iyong journal ang tungkol sa isang bagay na naisip o nadama mo sa oras ng sakramento.
- Sa simbahan, magsalita tungkol sa isang simbolo sa sakramento at kung paano ito nakakatulong sa iyo na alalahanin ang Tagapagligtas.

# ANG BAHAGING PARA SA ATIN



## BINYAG PARA SA LOLO KO

Nagpapasalamat ako na ang aming mga lider ng kabataan ay nagplanong bisitahin ang templo. Habang naghahanda kami para sa biyaheng ito papunta sa Apia, Samoa, maligaya kami sa pambihirang pagkakataong ito. Masaya kaming nagpunta sa templo para magsagawa ng mga binyag para sa mga patay—para sa mga nasa daigdig ng mga espiritu na naghihintay sa atin na hanapin ang kasaysayan ng ating pamilya at gawin ang gawain para sa kanila.

Habang isinasagawa ang mga binyag, nakita ko ang isang binatilyo sa aming grupo na bininyagan para kay Faataga Agavale, na lolo ko. Napaluha ako sa kagalakan, at alam kong naroon ang kanyang espiritu. Napakasaya ko na nagawa namin ang gawain para sa kanya sa loob ng templo.

Saini Agavale, Samoa






## MAHALAGANG IMPORMASYON MULA SA ISANG KAIBIGAN

Noong tinedyer ako, ayaw kong nagsisimba, kaya hindi ko masyadong alam ang tungkol sa Biblia o tungkol sa Diyos, ni hindi ko gustong malaman ito. Noong 17 anyos ako, sinabi sa akin ng isang kaibigan ko na siya ay isang Mormon. Wala akong ideya noon kung ano ang Mormon. Sinabi ko sa kaibigan ko, "Kung gusto kong malaman ang tungkol sa simbahang iyan, ako mismo ang aalam dito."

Dahil nakita niya na hindi ako masyadong nag-aalala tungkol sa relihiyon, binigyan niya ako ng Aklat ni Mormon at hiniling sa akin na basahin at ipagdasal ito. Hindi niya ako pinilit. Kalaunan nang gabing iyon nang buksan ko ang aklat, napansin ko ang kanyang patotoo na nakasulat sa harapan. Habang binabasa ko ito, nadama ko na dapat ko pang alamin ang tungkol sa Aklat ni Mormon. Kaya't sinimulan kong basahin ang 1 Nephi. Hindi ko mabitawan ang aklat. Kailangan kong malaman ang iba pa.


Sa isang family home evening, itinuro sa akin ng kanyang pamilya ang tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo. Parang may kabuluhan ang lahat. Di nagtagal tinuruan ako ng mga missionary at nabinyagan at nakumpirmang miyembro ng totoong Simbahan ng Panginoon. Ang ebanghelyo ay nakatulong sa akin na malaman kung sino ako, kung saan ako nanggaling, at kung saan ako puwedeng mapunta kung matapat ako.

Kapag naaalala ko ang nangyari noon, nakikita ko kung paano ako tinulungan ng Espiritu Santo na naising madagdagan pa ang aking nalalaman. Nang madagdagan ang nalalaman ko, nagbago ang saloobin ko tungkol sa simbahan at sa Diyos. Sa unang pagkakataon sa buhay ko, gusto kong gawin ang gusto Niyang ipagawa sa akin.

Binago ng Aklat ni Mormon ang aking buhay, at nagpapasalamat ako sa kaibigan ko na nagbahagi nito sa akin. Ibinabahagi ng isang tunay na kaibigan ang mahalagang impormasyon na tulad nito.

Michael P., Ohio, USA

RETRATO NG APIA SAMOA TEMPLE NA KUHA NI WELDEN C. ANDERSEN



**Ni Randall L. Ridd**
Pangalawang Tagapayo, Young Men General Presidency

# TRABAHO
## SINO ANG NANGANGAILANGAN NITO?

*Ang trabaho ay maaaring hindi palaging masaya, ngunit maaaring magulat kayo sa magandang pakiramdam na maaaring maidulot nito.*

Noong binatilyo pa ako, gustung-gusto kong naglalaro at nasisiyahan ako na tulad ng iba. At nang mag-16 anyos ako, gustung-gusto kong nakikipagdeyt at kasa-kasama ang aking mga kaibigan. Mas nasiyahan ako sa mga aktibidad na iyon kaysa sa pagtatrabaho.

Ngunit, gaya ng marami sa inyo, mayroon akong trabaho noon. Ang ama ko ay nagtrabaho sa construction business, nagtatayo ng mga bahay, at madalas niya akong kunin at ang tatlo kong kapatid na lalaki para tulungan siya. Matindi at mahirap ang trabaho; may mga pagkakataon na talagang hindi ko gustong nagtatrabaho. Pero kailangan naming sundin ang mga iskedyul at tapusin ang mga proyekto, kaya nagtrabaho kami nang husto bawat araw hanggang sa matapos ang trabaho. Bagama't hindi ko ito natanto noon, ang pagtatrabaho na kasama ang pamilya ko ay nagturo sa akin ng maraming aral.

### Kasiyahan ang Hatid ng Magandang Trabaho

Ang pagtatayo ng mga bahay ay nangangailangan ng mahabang panahon, pagsisikap, at katumpakan. Ang isang aspeto kung saan naisip ko na hindi namin kailangang gawin nang eksakto ay ang paghuhukay ng footings o pagpapatungan ng isang bahay. Iba ang nasa isip ng aking ama.

Para mailatag ang pundasyon para sa isang bahay, una ay kailangan mong hukayin at buhusan ng semento ang footings o pagpapatungan. Ang footings ay mga pad ng semento na mas malapad kaysa sa pundasyon. Kapag nabuhusan na ang footings o pagpapatungan at tumigas na ito, bubuhusan ang pundasyon sa ibabaw ng footings o pagpapatungan. Pagkatapos ay tatabunan itong muli ng lupa.

Madalas kong maisip noon kung talagang mahalaga na ang footings o pagpapatungan ay perpektong kuwadrado. Tutal, kapag natakpan na ito ng lupa, wala nang makakakita sa mga ito, at hindi nito pahihinain ang istruktura na sumusuporta sa bahay. Ngunit gusto pa rin ng tatay ko na kuwadrado at flat ang footings o pagpapatungan, sinusukat nang wasto at buong ingat, at ginawa niya ito sa bawat bahay na itinayo niya.

Sa pag-alala sa pangyayaring ito, natanto ko na pareho ang pangangalaga na ipinakita ng aking ama sa lahat ng ginawa niya sa kanyang trabaho, maging sa mga bagay na hindi napapansin ng may-ari. Ang maingat niyang pagbibigay-pansin sa mga detalye ay nangangahulugang mapagkakatiwalaan siya ng mga tao na maayos ang kanyang trabaho, at nasisiyahan siya dahil alam niya na ang kanyang gawa ay may pinakamagandang kalidad at pahahalagahan ito ng may-ari.

Maaaring may mga pagkakataon na walang sinumang makaaalam kundi ikaw at ang Panginoon lang kung gaano kahusay ang ginawa mong trabaho. Dapat mong malaman na *alam* ng Panginoon ang iyong pagsisikap.

PAGLALARAWAN NI BRIAN CALL



Kapag ginawa mo ang lahat ng makakaya mo, magiging maganda ang pakiramdam mo sa iyong sarili, batid na nagkaroon ka ng integridad, maaari kang asahan, at kapaki-pakinabang ang iyong mga kasanayan.

Matututuhan mo sa iyong karanasan ang kahalagahan ng batas ng pag-ani ng Panginoon: "Ang lahat na ihasik ng tao, ay siya namang aanihin niya" (Mga Taga Galacia 6:7; tingnan din sa D at T 130:20–21).

## Ang Pag-uugali ay Nakakaapekto sa Lahat ng Bagay

Ang paghuhukay ng footings o pagpapatungan ay nangangahulugan ng mahaba, at mainit na oras, at aaminin ko, hindi ako palaging masaya sa paggawa nito. Sa tuwing maririnig ng aking ina na nagrereklamo ako tungkol sa pagtatrabaho, sinasabi niyang, "Mag-ingat ka. Mawawala ang mga biyaya mo, at kailangan mo pa ring magtrabaho!" (Tingnan sa D at T 58:28–29.) Tama siya. Hindi kailanman maaalis ang trabaho sa pagrereklamo; mawawala lamang ang kasiyahan at ang marami sa mga pagpapalang hatid ng paggawa nito.

Nalaman ko na kapag pinili kong makinig sa aking ina at gawin ang gawain nang may masayang puso, mas mabilis na lumilipas ang oras, mas maganda ang natatapos na trabaho, at mas masaya ako kaysa kapag nagrereklamo ako. Ang pag-uugali ay nakakaapekto sa lahat ng bagay.

## Ang Pinakamahalagang Gawain ay ang Gawain ng Diyos

Ang pagmimisyon ay karanasang nagmulat sa akin. Natanto ko na wala nang ibang mas mahalagang gawain kaysa sa gawain ng ating Ama sa Langit, na siyang nagpapala ng buhay natin, na Kanyang mga anak: "Sapagkat masdan, ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39).

Sa paggawa mo ng gawain ng Ama sa Langit na maglingkod sa Kanyang mga anak, madarama mo, tulad ng nangyari kay Alma, ang dakilang kagalakan sa pagiging "kasangkapan sa mga kamay ng Diyos upang madala ang ilang kaluluwa sa pagsisisi; at ito ang [iyong] kagalakan" (Alma 29:9).

## Isang Paanyaya

Kaya sino ang nangangailangan ng trabaho? Tayong lahat! Dito nagmumula ang pagtayo sa sariling paa, pagtatagumpay, at kagalakan sa buhay na ito. Habang masaya kang nagtatrabaho, ang lahat ng nasa paligid mo ay aani nang sagana dahil sa itinanim mong mga binhi.

Sa mga gawain mo sa linggong ito, inaanyayahan kita na pag-isipan ang mga aral na natutuhan ko at pagkatapos ay subukan ang eksperimentong ito: sa susunod na ikaw ay bigyan ng trabaho o gagawin, gawin ito sa abot ng iyong makakaya, maging masayahin, at tingnan kung ano ang mangyayari. Maaaring magulat ka kung gaano ka kasaya at kung gaano kaganda ang pakiramdam mo. ■

# PAGLILIPAT NG TUBO
## SUOT ANG MAPUTIK NA SAPATOS


*Ayaw ko nang ilipat ang isa pang tubo ng sprinkler.*

**Ni Raymond M. Allton**

"Salamat po, Bishop Rowley. Handa po kaming tumulong." Kinuha ni Brother Hulet, na aming deacons quorum adviser, ang clipboard mula sa kamay ng bishop at sinabing, "May listahan ako rito na susulatan ng pangalan ng mga gustong magboluntaryo sa bukirin ng Simbahan. Natitiyak ko na masisiyahan ang Panginoon kung makatutulong tayong lahat sa darating na linggo."

"Ano pong klaseng tulong?" ang marahan kong tanong. Ang pagpunta sa bukirin ng Simbahan ay para yatang hindi ganoon kasaya.

"Ang tanging gagawin natin sa linggong ito ay paglilipat ng tubo ng sprinkler."



Paglilipat ng tubo! Natakot ako sa mga salitang iyon. Nabaling ang isipan ko sa nakaraang ilang buwan nang igiit ni Inay na magtrabaho ako sa tag-init. Sa aming munting bayan, isa lang ang ibig sabihin niyan—paglilipat ng tubo. Kaya't sa buong tag-init, paglilipat ng tubo ang trabaho namin ng pinsan kong si Scott.

Sa unang araw ng aming trabaho sa tag-init, nakatayo kami't nakatanaw sa malawak na taniman ng berdeng alfalfa. Ang mga tubo na 40-talampakan ang haba (12 m) ay pinagdurugtung-dugtong nang diretso at tila milya-milya ang inaabot nito. Pagkatapos ng maikling training, tinanggal namin ni Scott ang pagkakadugtong ng aming unang tubo. Iniangat ni Scott ang kabilang dulo, at lumabas ang malamig na tubig at nabasa ang aking sapatos na pang-tennis. Hinila namin ang tubo sa putikan at muli itong idinugtong sa kasunod na paakyat na tubo. Habang naglalakad kami pabalik sa susunod na tubo, naging mas makapal ang putik na kumapit sa sapatos ko at lalo itong bumigat. Sa huli, dahil sa putik, tubig, at sarili naming pawis ay basang-basa ang aming damit at nanlata na kami.

Bumalik sa aking isipan ang pagboboluntaryo sa bukirin ng Simbahan. "Eh, baka—baka hindi po ako makasama," pautal kong sinabi. "Kailangan kong pumasok sa trabaho tuwing umaga."

"Walang problema," pagtiyak ni Brother Hulet. "Sa hapon naman lagi ang punta natin sa bukirin ng Simbahan." Ipinasa ni Brother Hulet ang listahan. "Noong ang bawat isa sa inyo ay inorden sa priesthood, binigyan kayo ng kapangyarihang kumilos sa pangalan ng Diyos. At kapag naglilingkod tayo sa Kanya sa pamamagitan ng paglilingkod sa iba, tayo ay kumikilos sa Kanyang pangalan. Bukod pa rito, sa pagtulong nating lahat, nagiging madali ang gawain natin."

Ipinasa sa akin ang listahan. Hindi ako makapaniwala na lahat ay nagpalista na pupunta araw-araw sa linggong ito. Hindi ba nila alam kung gaano kahirap ito? Nakadama ako ng matinding pressure at parang mapipilitan ako. Masama ang loob, inilista ko ang pangalan ko at ipinasa ito.

Lunes ng hapon, nakaupo akong nagpapahinga sa aking silid mula sa trabaho ko sa umaga nang marinig ko ang pagbusina ni Brother Hulet sa labas. Nag-atubili ako sandali bago ko isinuot muli ang mabaho at mamasa-masa kong damit na pangtrabaho.

Hindi nagtagal huminto na kami sa bukirin ng Simbahan. Lahat ay nagmamadaling pumunta sa bukid maliban sa akin. Mabagal ang lakad ko, nakatungo ang ulo, sumisipa sa mga bato, nang magulat ako nang may humawak sa balikat ko. "Salamat sa pagsama mo sa amin," sabi ni Brother Hulet. "Alam kong marami kang ginawa kaninang umaga." Sabay kaming naglakad nang tahimik sa loob ng ilang sandali. Pagkatapos ay tumakbo na siya para ayusin ang grupo.

Minasdan ko siya at pinag-isipan ko ang sinabi niya sa akin. Ang dami kong ginawa nang umagang iyon. Pagod na ako at nangangamoy na, at gusto ko nang umuwi. Pero paano naman si Brother Hulet? Marami rin siyang trabaho nang umagang iyon. Gayon din ang lahat ng kalalakihan, kung tutuusin. Kaya bakit masaya pa sila na pumarito?

Humabol ako sa kanila, at nagsimula na kaming magtrabaho. Noong una, sinikap kong pasayahin ang sarili ko sa pag-iisip na dakilang sakripisyo ang ginagawa ko. Ngunit di nagtagal nakalimutan ko na ang iniisip ko, at napansin ko kung gaano kami kabilis gumawa sa tulong ng lahat. Nagtawanan kami at nag-usap-usap, at bigla kong natanto na talagang nasisiyahan ako! Sa loob ng ilang oras natapos namin ang aming gawain.

Habang pauwi kami, natanto ko na ang inakala kong magiging mahirap na sakripisyo ay tila napakaliit. Sa katunayan, sa pagtulong ng lahat, tila wala namang ginawang sakripisyo.

Itinigil ni Brother Hulet ang kanyang sasakyan sa harap ng aking bahay at lumingon sa akin. "Salamat sa tulong mo ngayon. Ang kasipagan mo ang nagpadali sa gawain para sa aming lahat." Ngumiti siya at kumindat.

Napangiti rin ako. "Salamat po, pero ang pagtutulungan nating lahat ang nagpadali sa gawain." Bumaba ako ng sasakyan at isinara ang pinto.

Pinaandar ni Brother Hulet ang sasakyan at umalis na. "Kung gayon, magkita tayo bukas?" ang sigaw niya sa bukas na bintana.

"Sige po. Magkita tayo bukas," ang sabi ko. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*



PAGLALARAWAN NI JAKE PARKER



## Kapag kinakausap ko ang mga kaibigan ko tungkol sa Simbahan, sinasabi nila na hindi sila interesado dahil napakarami nitong patakaran. Ano ang maaari kong sabihin sa kanila?

Ang ating saloobin sa alinmang "patakaran" ay may malaking kaugnayan sa nakasanayan natin. Kung ang iyong mga kaibigan ay nasanay nang hindi nagsesepilyo ng kanilang ngipin at sinabi mo sa kanila na araw-araw kang nagsesepilyo dahil itinuro ito sa iyo, baka ituring nilang mabigat ang patakarang ito. Pero ikaw, hindi mo man lang naisip na patakaran ito dahil nakagawian mo na ito, naging paraan ng pamumuhay. Bagama't maaaring iniisip nila na ang hindi pagsesepilyo ng ngipin ay isang uri ng kalayaan, alam mo ang mga problemang idudulot nito at kung gaano kasarap ang pakiramdam ng magkaroon ng malinis at matibay na mga ngipin.

Ganito rin sa "mga patakaran" ng Simbahan. Maaaring isipin ng iyong mga kaibigan na mahigpit ang sinusunod nating mga pamantayan, pero alam mo na ang mga ito ay ibinigay sa atin ng Panginoon at ng Kanyang mga lingkod para tulungan tayong magkaroon ng mas magandang buhay at makabalik sa Ama sa Langit. Gayundin, ang pagsunod sa mga utos ng Diyos ay palaging may dulot na mga pagpapala, at isa na dito ang patnubay ng Espiritu Santo. Puwede mong subukang ilarawan ang mga pakinabang at pagpapalang ito sa iyong mga kaibigan, at maaari mong sabihin sa kanila na ang tanging paraan para malaman kung ang mga "patakaran" ay mula sa Diyos ay dapat nila itong subukan (tingnan sa Juan 7:17). ■

## Bakit tayo nilikha ng Diyos?

Mahalagang maunawaan na hindi tayo "nilikha" ng Diyos para umiral lang tayo mula sa wala. Ang ilang pangunahing bahagi ng ating pagkatao ay naroon na bago pa man isilang ang ating espiritu: "Ang tao rin sa simula ay kasama ng Diyos. Ang katalinuhan, o ang liwanag ng katotohanan, ay hindi nilikha o ginawa, ni maaaring gawin" (D at T 93:29). Dahil alam natin ito, alam din natin na ang nakahikayat sa Ama sa Langit sa paglikha sa atin ay dahil sa isang dakilang layunin at hindi lang Niya ito basta ginawa. Itinuro ni Propetang Joseph Smith, "Ang Diyos mismo, nang makitang naliligiran siya ng mga espiritu at kaluwalhatian, at dahil Siya ay mas matalino, ay nakita na wastong magtatag ng mga batas na nagbibigay sa iba ng pribilehiyong umunlad na katulad niya" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 244; tingnan din sa Moises 1:39). Dahil nais ng Ama sa Langit na magkaroon tayo ng pagkakataong umunlad at maging katulad Niya, nilikha Niya ang ating mga espiritu, at naglaan Siya ng plano ng kaligtasan at kaligayahan na nararapat kabilangan ng mga karanasang ito sa lupa. Marahil, kung gayon, ang pinakasimple at pinakamainam na sagot sa tanong na ito ay ang sagot din sa kung bakit ginagawa ng Diyos ang lahat: dahil mahal Niya tayo. ■

# HINDI LAHAT NG BAGAY AY KATULAD NG ATING INAAKALA

Tiyakin na hindi kayo dadalhin ng inyong pagsasaya at pakikipagsapalaran sa mapanganib na landas.

*(Tingnan sa Helaman 3:29.)*



PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER



# PAGLILINGKOD PARA SA

**Ni Rasem Maluff**

Noong 2011, ginawa ko ang isa sa pinakamahahalagang desisyon sa buhay ko. Nagdulot ito sa akin ng pinakamalalaking biyaya. Nagpasiya akong magmisyon, ngunit hindi iyon madaling desisyon.

Binigyan ako ng Panginoon ng pagkakataong makasali sa football noong bata pa ako at noong kabataan ko. Ako ang kinatawan ng Paraguay sa mga international tournament, naglakbay kasama ng national youth football team ng aking bansa, ang Libertad, patungo sa mga bansa sa Europe, Asia, at South America.

Mabuti na lang, laging sinasamahan ng mga magulang ko ng wastong edukasyon at espirituwal na pagpapalaki ang mga aktibidad ko sa laro. Ang pananampalataya at patotoo ng aking ina ang talagang mga binhing pinagmulan ng sarili kong pananampalataya at patotoo. Dahil sa katapatan niya, nag-aral ako sa seminary sa kabila ng aking abalang iskedyul sa isports.

Kahit narinig ko na ang tungkol sa full-time mission mula noong bata pa ako, hindi ako makapagdesisyon tungkol sa pagmimisyon. Nagbago iyan nang tinanggap ng tatay ko ang tawag na maglingkod sa bishopric ng aming ward. Mahirap na desisyon ito para sa aking ama, dahil lagi siyang kasama sa mga laro ko. Palagi siyang kasama noon sa praktis ko ng football at sa mga laban, at palagi kaming magkasama. Dahil dito, ang ibig sabihin ng pagtanggap sa tawag na maglingkod sa bishopric ay hindi na siya magkakaroon ng oras para suportahan ang aking propesyon.

Sa sacrament meeting nang sang-ayunan ang aking ama, may pumasok sa aking isipan, na nagsasabi sa akin na ang mga sakripisyo ng iba ay mawawalan ng kabuluhan kung hindi ako handang isakripisyo ang mahahalagang bagay para sa tamang mga dahilan. Isa sa mga nagpatotoo sa pulong ang nagbanggit na kung tayo ay masunurin, ang ating mga pamilya ay magiging walang hanggan. Naantig ng kaisipang ito ang puso ko, at nagpasiya ako na gagawin ko anuman ang aking makakaya upang makasama ang aking pamilya magpakailanman. Sa mga klase sa Linggong iyon, ang kahalagahan ng pagsunod sa mga kautusan ay binanggit nang napakaraming beses. Nadama ko nang matindi ang Espiritu na hinihikayat akong maglingkod sa Panginoon kaya't sa family home evening na iyon, ipinaalam ko sa pamilya ko ang desisyon kong magmisyon.

***Wala nang ibang nagbigay sa akin ng gayong kalaking kagalakan at kapayapaan o nagdulot sa akin ng maraming himala na tulad ng paglilingkod ko sa misyon.***

MGA PAGLALARAWAN NI ALEX WESTGATE



**ANG ARAW MO PARA MAGMISYON**
*Para mapanood ang video (sa Ingles at Espanyol) tungkol sa New Zealand rugby player na si Sidney Going, bisitahin ang lds.org/go/sid-going.*

# TAMANG MGA DAHILAN

Ang desisyon ko ay nangahulugan na kailangan akong tumigil sa pag-aaral sa kolehiyo at ayusin ang limang taon na kontrata ko sa aking football club. Sa simula pa lang, ang Panginoon ay nagbigay ng mga paraan at inantig ang mga puso upang maayos ang kontrata.

Matapos kong isumite ang aking papeles sa misyon, pinakinggan ko ang pangkalahatang kumperensya noong Abril 2011, kung saan ibinahagi ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol ang karanasan ni Sidney Going bilang missionary, na naging professional rugby player at miyembro ng national team ng New Zealand. Ang katotohanan na si Brother Going ay nagmisyon at kalaunan ay nagbalik at nagpatuloy sa kanyang propesyon ay nagturo sa akin ng aral. Sa buong misyon ko at hanggang sa araw na ito mismo, ang paulit-ulit na pakikinig sa mensahe ay nagpala sa akin at nagdulot ng kapayapaan sa aking puso. Ang maraming patotoo na ibinahagi sa akin ng pamilya, ward, at mga miyembro ng stake sa iba't ibang pagkakataon ay hindi lamang nagpalakas sa desisyon kong magmisyon kundi ito rin ang tumulong sa akin sa mahihirap na sandali sa aking misyon.

Ang isa pang nagpasaya sa buhay ko ay dahil sa desisyon ko na magmisyon natulungan ang tatlo kong pinakamatatalik na kaibigan na magpasiya rin na magmisyon. Kalaunan ay naglingkod sila bilang mga zone leader, bilang assistant sa mission president, at bilang branch president. Nakatuon ngayon ang aming mga mata sa landas na magtutulot sa amin na makabalik sa piling ng Ama sa Langit.

Hindi na ako katulad ng dati tatlong taon na ang nakararaan. Ang pinakamalaking hangarin ko ay gawin ang kalooban ng Panginoon. Pinagpala ako ng Panginoon nang "isang daang (ulit)" (Mateo 19:29). Ako ay may buhay at tunay na patotoo sa kabanalan ng Ama sa Langit, sa Kanyang Pinakamamahal na Anak at sa Kanyang Pagbabayad-Sala, sa nagpapadalisay na kapangyarihan ng Banal na Espiritu ng Diyos, at sa kagila-gilalas at kahanga-hangang gawain sa mga huling araw na ito, kung kailan naipanumbalik na ang ebanghelyo sa lupa sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith (tingnan sa Isaias 29:14).

Nag-uumapaw sa pagmamahal at pasasalamat ang puso ko sa sagradong pagkakataong ito na makilala at mahalin ang napakaraming kapatid sa Uruguay Montevideo Mission. Ilang mga pagpapala ang kasinghalaga ng paglilingkod sa kanila. Wala nang ibang nagbigay sa akin ng gayon kalaking kagalakan at kapayapaan o nagdulot sa akin ng maraming himala na tulad ng paglilingkod ko sa misyon. ■

*Ang awtor ay nakatira sa Paraguay.*



# *TUNAY* NA NANINIWALA ANG MGA MORMON SA DIYOS

*Sa isang airport malayo sa tahanan, nagkaroon ako ng pagkakataong ibahagi ang ebanghelyo sa isang estranghero.*

**Ni Brenda Hernandez Ruiz**

Naglalakbay ako noon mula sa Mexico papunta sa Montana, USA, at may layover sa Denver, Colorado. Naglakad-lakad ako sa paligid ng airport, nakatingin sa malalaking bintana at nakikita ang paglapag at paglipad ng mga eroplano. Kinakabahan ako dahil hindi pa ako nakasasakay ng eroplano. Tila napakalaki ng airport.

Tiningnan ko ang tiket ko at natanto kong dalawang oras pa bago lumipad ang aking eroplano. Nagpasiya akong humanap ng lugar para makaupo at magbasa hanggang sa sumakay ako ng eroplano. Natakot ako habang naghahanap ako ng lugar na mauupuan. Halos bawat upuan ay may nakaupo na. Nagpasiya akong umupo sa tabi ng isang matandang babae na tila nag-iisa. Siya lamang ang tila hindi nakakatakot para sa akin.

Isang oras o higit pa ang lumipas bago ako nagpasiyang kausapin siya. Nagpakilala ako; parang napakabait niya at masayang nakipag-usap sa akin tungkol sa mga nagawa ng kanyang apo. Nagtanong siya nang kaunti tungkol sa aking sarili, at sinabi ko sa kanya ang lahat ng tungkol sa buhay ko sa Mexico. Pagkatapos ay bigla kong naramdaman ang kagustuhang ibahagi ang ebanghelyo sa kanya. Tinanong niya ako tungkol sa aking relihiyon, at sinabi ko sa kanya na ako ay miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Sinabi niya na hindi pa niya narinig kailanman ang tungkol dito.

Ngumiti ako at sinabi kong, "Kilala rin po kami bilang mga Mormon."

Kaagad na naiba ang pakikitungo niya sa akin. Ang ekspresyon ng kanyang mukha at ang pakikipag-usap niya sa akin ay nagbago. Tila hindi niya alam ang sasabihin. Pakiramdam ko ay doon na matatapos ang pag-uusap namin, pero patuloy ko siyang kinausap. Tinanong ko siya tungkol sa kanyang relihiyon. Sinabi niya nang walang pag-aatubili, "Katoliko ako."

PAGLALARAWAN NI STEVEN KEELE





Pagkatapos ay sinabi niya, "Hindi ko maunawaan. Mabait kang babae. Mukha kang disente. Bakit gusto mong maging Mormon?"

Nagulat ako sa komentaryong ito, at hindi ko alam kung paano tutugon. Tahimik akong nanalangin, hinihiling sa Ama sa Langit na tulungan akong ipaliwanag kung ano ang kahulugan sa akin ng pagiging Banal sa mga Huling Araw. Sinabi ko sa kanya na gustung-gusto ko ang pagiging miyembro ng Simbahan, at dahil sa mga turo ng ebanghelyo, ako ay naging mas mabuting tao at nagkaroon ng magandang pananaw sa mga bagay-bagay.

Mukha siyang nagulat at sinabing, "Ang mga Mormon ay hindi naniniwala sa Diyos."

Sinikap kong huwag pagtawanan ang komentaryong ito; sa halip napangiti ako at natanto ko na ito ang pagkakataon ko para ibahagi ang katotohanan sa kanya. Ipinaliwanag ko ang ilan sa ating mga pangunahing paniniwala. Itinuro ko sa kanya ang tungkol sa plano ng kaligtasan at kahalagahan ng mga pamilya. Parang hindi pa rin siya nakumbinsi, kaya nagpasiya akong magpatotoo sa kanya. Doon sa isang malaking airport, nabigyan ako ng lakas ng loob na ibahagi ang aking patotoo tungkol kay Joseph Smith, tungkol sa buhay na propeta at mga apostol, at tungkol sa pagmamahal na nadarama ko sa ebanghelyo at sa Aklat ni Mormon.

Tiningnan ko ang orasan. Oras na para sumakay sa aking eroplano.

Nang hapong iyon lumakas ang aking patotoo sa paraang hindi ko naranasan noon. Masaya ako na ibinahagi ko ang aking patotoo sa kanya at nagpapasalamat na nagawa kong baguhin ang kanyang iniisip tungkol sa mga miyembro ng ating Simbahan. Ngayon ay mas may kumpiyansa na ako kapag may nagtanong sa akin tungkol sa Simbahan. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Chihuahua, Mexico.*



**Ni Pangulong Boyd K. Packer**
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

*Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay mga natatanging saksi ni Jesucristo.*

# Ano ang magagawa natin upang **MAGING KARAPAT-DAPAT** sa Espiritu?



Makinig sa nagbibigay-inspirasyong musika.



Magsalita nang mapitagan.



Magsisi kapag nakagawa ka ng pagkakamali.



Manamit nang disente.

Kung gagawin mo ang mga bagay na ito, ikaw ay babantayan at gagabayan ng Espiritu Santo.

*Mula sa "Payo sa Kabataan," Liahona,* **Nob. 2011, 16–19.**

MGA PAGLALARAWAN NI MATT BEYNON

# Ang Lesson Ko Tungkol sa Pananampalataya



**Emma R.,** edad 11, Texas, USA

Ilang taon na ang nakararaan, nagturo ako sa family home evening tungkol sa pananampalataya. Maraming oras ang ginugol ng pamilya ko sa pag-uusap tungkol sa pananampalataya dahil ang kuya ko ay may mga tanong kung bakit kailangan natin ang pananampalataya. Nagtanim ako ng isang buto ng milon sa isang maliit na tasa. Sinabi ko sa aking pamilya na ang pananampalataya ay katulad ng isang binhi. Kung iingatan mo ito, tutubo ang binhi.

Hindi kami masyadong nakakapagpatubo ng pananim. Ngunit umasa akong mapapatubo ko ang halamang ito at na magiging mabuting halimbawa ako ng pananampalataya. Inilagay ko ang tasa sa bintana at inalagaan ito. Naghintay ako at nagdasal na tumubo ang aking binhi.

Halos sumuko ako, ngunit matapos ang isang linggo sa wakas ay nakita ko ang ilang berdeng usbong. Ito ay lumaki sa bintana sa loob ng isa pang linggo. Pagkatapos ay tinulungan ako ng mga magulang ko na humanap ng lugar na mapagtataniman nito sa taniman ng bulaklak sa bakuran.

Inalagaan kong mabuti ang aking halaman. Diniligan ko ito at inalisan ng mga damo. Lumaki ito nang lumaki. Tuwang-tuwa ako!

Makalipas ang ilang linggo, napansin ko ang mga bulaklak, at pagkatapos ay nagsimulang umusbong ang maliit na bunga. Minasdan namin ang paglaki ng pitong milon sa baging mula sa aking munting binhi. Sa akin ito ay isang himala at sagot sa aking mga dalangin. Ang bunga ay matamis, tulad ng nakasaad sa Alma 32:42: "At dahil sa inyong pagsisikap at inyong pananampalataya at inyong pagtitiyaga sa salita sa pag-aalaga nito upang ito'y mapapag-ugat ninyo, masdan, di maglalaon, kayo ay pipitas ng bunga niyon, na pinakamahalaga, na pinakamatamis sa lahat ng matamis."

Masayang-masaya ako sa karanasang ito at nagturo sa akin at sa pamilya ko na ang pananampalataya ay isang tunay na alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo. ■

## KAYO NAMAN

Gusto naming magtanim ng binhi na kasama kayo: naisip ba ninyong ibahagi ang inyong mga karanasan sa *Liahona*? Tinatanggap namin ang mga totoong kuwento tungkol sa paraan ng inyong pamumuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo. Halimbawa, maaari ninyong isulat ang isang pagkakataon nang nasagot ang inyong panalangin o nang inanyayahan ninyo ang isang kaibigan sa simbahan.

Matutulungan kayo ng inyong mga magulang na ipadala ito: online sa liahona.lds.org, sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org, o sa pamamagitan ng koreo sa address na nasa pahina 3. Isama ang pangalan ng inyong ward o branch at pahintulot ng inyong mga magulang.

PAGLALARAWAN NI KATIE MCDEE





### ANO ANG KAHALAGAHAN NG PAGKAKAROON NG KATAWAN?

Ang ating katawan ay mahalaga at banal kaya tinawag ito ng Panginoon na mga templo (tingnan sa I Mga Taga Corinto 3:16–17). At ang pagkakaroon ng katawan ay masaya rin! Ang katawan ay maaaring tumakbo, kumanta, umakyat, tumawa, magdrowing, lumangoy, sumayaw, at gawin ang iba pang nakatutuwang mga aktibidad. Gayundin, magagamit natin ang ating katawan para matuto, tulungan ang mga tao, bumuo ng mga pamilya, at gawing mas magandang lugar ang mundo.

### BAKIT TAYO MAY MGA KATAWAN?

Bago tayo isinilang, tayo ay mga espiritung walang pisikal na katawan. Maraming bagay ang hindi natin magagawa hangga't wala tayong katawan. Ipinadala tayo ng Diyos sa lupa upang magkaroon ng katawan. Kailangan natin kapwa ang espiritu at katawan upang maging katulad ng Ama sa Langit. (Tingnan sa D at T 88:15.)

# Ang Katawan Ko ay Isang


MGA PAGLALARAWAN NI STEVE KROPP

## PAANO KUNG MAY MGA BAGAY NA AYAW KO SA AKING KATAWAN?

Kung minsan ang hitsura, galaw, o kilos ng ating katawan ay hindi tulad ng nais natin sa mga ito. Ngunit anuman ang hitsura ng katawan natin ngayon, mapipili pa rin nating magpasalamat para sa mga ito at gamitin ang mga ito sa paggawa ng mabubuting bagay dito sa lupa. Balang araw, bawat isa sa atin ay mabubuhay na mag-uli at magkakaroon ng perpektong katawan (tingnan sa Alma 40:23). Mahal tayo ng Diyos anuman ang hitsura ng ating katawan, at maaari din nating mahalin ang ating sarili.

## BAKIT HINDI MAGKAKAMUKHA ANG LAHAT?

Ang mga katawan ay maraming hugis, kulay, at laki, at ito ay bahagi ng plano ng Ama sa Langit. Kahit iba-iba ang bawat katawan, lahat tayo ay nilikha sa larawan ng Diyos (tingnan sa Genesis 1:26). Ibig sabihin ang ating katawan ay itinulad sa Kanyang perpektong katawan. Ang bawat katawan ay maganda dahil bawat isa ay kaloob mula sa ating mapagmahal na Ama sa Langit.






## PAANO KO DAPAT TRATUHIN ANG AKING KATAWAN?

Dapat nating tratuhin ang ating katawan nang tulad ng pag-aalaga natin sa anumang napakahalagang kayamanan—nang may pagmamahal at paggalang. Sa pamamagitan ng mga propeta at ng Word of Wisdom, sinabi sa atin ng Ama sa Langit kung ano ang masama sa ating katawan at kung ano ang mabuti. Marami tayong magagawa para mapangalagaan ang ating katawan:

- Kumain ng masusustansyang pagkain at mag-ehersisyo.
- Manamit nang disente at panatilihing malinis ang ating katawan.
- Igalang ang katawan ng ibang tao.
- Huwag magpatato o magpalagay ng butas sa ating katawan.
- Huwag gumamit ng droga, uminom ng alak, manigarilyo, at uminom ng kape o tsaa.
- Maglaro ng mga larong malayo sa disgrasya at masaya at iwasan ang mga aktibidad na mapanganib.

Kapag inaalagaan natin ang ating katawan, mas madarama natin ang Espiritu Santo.

**Kapag inalagaan natin ang ating katawan sa paraang iniutos ng Diyos, tayo ay pagpapalain! (Tingnan sa Mosias 2:41; D at T 89:18–21.)**



# TEMPLO

**Ni Marissa Widdison**
Mga Magasin ng Simbahan

 Alamin ang iba pa tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito!

# Nagiging Miyembro Tayo ng Simbahan sa Pamamagitan ng Binyag at Kumpirmasyon

**Ni Jennifer Maddy**

Umuwi si Mariela mula sa paaralan na nakasimangot. "Ano'ng problema?" tanong ni Inay habang nagtatanim siya ng mga bulaklak sa hardin.

"Nangako po si Sonia na makikipaglaro siya sa akin, pero hindi po siya nakipaglaro," sabi ni Mariela. Pasalampak siyang umupo sa tabi ni Inay.

"Nakakalungkot nga iyan," sabi ni Inay. "Mahalagang tuparin ang mga pangako. Sa susunod na linggo kapag bininyagan ka at kinumpirma, gagawa ka ng ilang napakahalagang pangako, na tinatawag na mga tipan."

"Talaga po?" tanong ni Mariela. Sabik na siyang mabinyagan.

Inilagay ni Inay ang ilang dilaw na bulaklak sa lupa. "Nangangako kang susundin ang mga utos. Nangangako ka rin na tataglayin mo ang pangalan ni Jesucristo. Ano ang pangako ng Ama sa Langit kung gagawin mo ang mga bagay na ito?"

Inisip ni Mariela ang natutuhan niya sa Primary. "Na mapapasaakin po ang Espiritu Santo."

"Tama," sabi ni Inay. "Magiging miyembro ka rin ng Simbahan ni Jesus. Paano mo tutuparin ang pangako mo na susundin ang mga kautusan?"

"Magiging mabait po ako, at magsasabi po ako ng totoo," sabi ni Mariela. "Ano po ang ibig sabihin ng tataglayin ko ang pangalan ni Jesus?"

"Ibig sabihin nito sisikapin mong maging katulad Niya at gagawin ang gusto Niyang ipagawa sa iyo," sabi ni Inay. "Ano ang magagawa mo para maging katulad ni Jesus?"

Inikut-ikot ni Mariela ang lilang bulaklak sa kanyang mga daliri. "Tatabihan ko po sa upuan ang bagong lipat na batang babae sa paaralan. At sisikapin ko pong maging mabait kay Sonia," sabi niya.

"Magagandang ideya iyan," sabi ni Inay. "At kapag nakikibahagi ka ng sakramento, maaalala mo ang iyong mga pangako."

Ngumiti si Mariela. "May isa pa po akong pangako—diddiligan ko ang mga bulaklak para magkaroon tayo ng magandang hardin!" ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*



## Awit at Banal na Kasulatan


- "Pagbibinyag," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 54 (mga talata 1 at 3)
- Juan 3:5


## Mga Ideya na Pag-uusapan ng Pamilya


Nag-isip si Mariela ng mga paraan na maaari niyang tuparin ang kanyang tipan sa binyag sa pamamagitan ng pagsunod kay Jesucristo. Makakapag-isip ang inyong pamilya ng mga paraan para maging higit na katulad ni Jesus sa tahanan, sa paaralan, at sa iba pang mga lugar. Gawing mithiin ng pamilya na isipin ang mga tipan sa binyag kapag nakikibahagi kayo sa sakramento.


## Kaya Kong Tuparin ang Aking Tipan sa Binyag

Para makagawa ng pelikula tungkol sa iyong tipan sa binyag, gupitin ang frame o kuwadro at mga larawan. Idikit o iteyp ang dalawang larawan para maging isang mahabang strip (pagsamahin ang A at B). Idikit o iteyp ang frame o kuwadro at pinagdugtong na mga larawan sa matigas na papel. Gupitin na sinu-sundan ang putol-putol na linya sa kuwadro para gumawa ng dalawang hiwa. Ipasok ang larawan sa mga slot o hiwa para makita ang mga larawan sa harapan ng kuwadro.






MGA PAGLALARAWAN NI RACHEL HOFFMAN-BAYLES; KANAN: HABI NG PAPEL NI ENRIQUE FLOURET

# ANG ATING PAHINA



Lesslie Q., edad 6, Ecuador



Lady Q., edad 9, Ecuador



Satya S., edad 11, Indonesia

Maaari mong isumite ang iyong drowing, retrato, o karanasan online sa liahona.lds.org, ipadala sa email sa liahona@ldschurch.org na nakasulat ang "Our Page" sa subject line, o ipadala sa koreo sa address na nasa pahina 3.

Kailangang isama sa bawat isusumite ang buong pangalan ng bata, kasarian, at edad (3 hanggang 11 taong gulang) pati na ang pangalan ng magulang, ward o branch, stake o district, at nakasulat na pahintulot ng magulang na gamitin ang retrato at isinumite ng bata (tinatanggap ang e-mail). Pakiusap, huwag magpadala ng drowing ng Tagapagligtas. Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa.




"Aklat ni Mormon," William M., edad 10, Brazil



Minsan sa aming pagtatanghal sa Primary, tinugtog ko sa piano ang "I Lived in Heaven." Nang sumunod na taon ako ang nanguna sa pag-sign language ng "Templo'y Ibig Makita." Nang sumunod na taon ang mithiin ko'y matutuhan ang "Kung Makikinig nang Taimtim." Alam ko na binigyan ako ng Panginoon ng mga talento, at dapat kong paghusayin ang mga ito at gamitin upang pagpalain ang iba—pagkatapos ay lalago ang aking mga talento. Alam ko na ako ay anak ng Diyos at inialay ni Jesucristo ang Kanyang buhay para sa akin.

**Luna Marisol I., edad 8, Argentina**



**Ni Elder Eduardo Gavarret**
Ng Pitumpu

# Handang Maglingkod

*"Matuto sa iyong kabataan na sumunod sa mga kautusan ng Diyos" (Alma 37:35).*

Lumaki ako sa lungsod ng Minas, Uruguay. Noong anim na taong gulang ako, ang aking ina at mga ate ko ay nabinyagan sa Simbahan. Ang aking ama ay hindi kailanman sumapi sa Simbahan, ngunit lagi siyang masaya na nagsisimba kami. Sinunod pa niya ang Word of Wisdom at nagbayad ng ikapu.

Napakaliit ng branch namin, at wala kaming simbahan. Nagtitipon kami noon sa isang paupahang bahay. May maliit na swimming pool sa labas ang bahay na ginagamit namin noon sa pagbibinyag.

Nang papalapit na ang ikawalong kaarawan ko, nasabik akong mabinyagan. Pero sa araw ng binyag, umuulan at napakalamig. Sinabi ni Inay na siguro hindi ako dapat magpabinyag sa araw na iyon dahil sa malamig na panahon. Pero iyon ang kaarawan ko, at gusto kong magpabinyag sa araw na iyon.

Naaalala ko pa ang pagsusuot ko ng puting damit at paglusong sa pool para magpabinyag. Alam ko na malamig ang tubig, pero hindi ako ginignaw. Alam ko na tama ang ginawa ko, at maganda ang pakiramdam ko.

Di nagtagal nagtayo ng chapel para sa aming branch. Noong panahong iyon ang mga miyembro ng Simbahan ay maaaring tumulong sa pagtatayo ng meetinghouse. Ang trabaho ko ay damputin ang mga pako at turnilyo na nalaglag sa lupa para magamit muli ang mga ito. Simpleng trabaho lang iyon, ngunit napakahalaga sa akin. Itinuro nito sa akin kung paano maglingkod, at nakatulong ito sa paghahanda ko sa paglilingkod sa Simbahan sa hinaharap. Tandaan na kahit bata pa kayo, ang mga bagay na ginagawa ninyo ngayon ay mahalaga. ■



PAGLALARAWAN NI EMILY DAVIS

# Ako si Pedro na mula sa Brazil

Mula sa interbyu ni Amie Jane Leavitt

Si Pedro ay nakatira sa pinakamalaking bayan sa South America—Brazil. Nakatira siya sa Curitiba, ang kabisera ng estadong Brazilian ng Paraná. Gusto ni Pedro na kasama ang kanyang nanay at tatay at kanyang kuya at nakababatang kapatid na babae. Gustung-gusto nilang bumibisita sa templo at sama-samang pumupunta sa dalampasigan. Umaasa si Pedro na magiging missionary siya balang-araw! ■

* "Hello, mga kaibigan!" sa wikang Portuges.





*Tuwing umaga binabasa ko ang mga banal na kasulatan at nagdarasal kasama ng pamilya ko bago ako pumasok sa paaralan. Ang paborito kong mga subject ay sining at kasaysayan ng mga Brazilian Indian. Kaunti lang sa mga kaibigan ko sa paaralan ang mga miyembro ng Simbahan. Kinakausap ko sila tungkol sa pinaniniwalaan ko at niyayaya ko silang sumama sa akin sa simbahan.*









Ang paborito kong kuwento sa banal na kasulatan ay nang magbalik si Nephi sa Jerusalem para kunin ang mga laminang tanso. Gusto kong nagtatakda at nagkukumpleto ng mga mithiin. Plano kong makamit ang aking Faith in God Award bago ako mag-12 anyos.



*Napansin ba ninyo na wala ang passport stamp sa buwan ng Enero? Gupitin na ito at idagdag na ito ngayon!*






*Mahilig akong magdrowing. Gumugugol ako ng maraming oras bawat linggo sa aking gawang-sining. Gusto ko ring bumibisita sa library at tinitingnan ang mga aklat tungkol sa sining.*



*Mahilig akong maglaro ng football. Ang isa pang laro na gusto ko ay hapkido, isang uri ng martial art mula sa Korea.*



## TEMPLO'Y IBIG MAKITA


Ang pamilya ko ay mahilig pumunta sa templo sa Curitiba at maglakad sa hardin nang magkakasama. Ako ay apat na taong gulang lamang nang itayo ang templo, ngunit naaalala kong sumama ako sa paglilibot sa open house. Ito ay isang espesyal na alaala para sa akin.

## HANDA NANG UMALIS!

Ang bag ni Pedro ay puno ng ilan sa mga paborito niya. Alin sa mga bagay na ito ang ilalagay ninyo sa inyong bag?



*Paglaki ko, gusto kong maging missionary. Gusto kong maglingkod sa Manaus dahil dito matatagpuan ang kagubatan ng Amazon. Pagkatapos ay gusto kong magtrabaho bilang art designer.*



KANAN: PAGLALARAWAN NI THOMAS S. CHILD

# Naglakad nang Naglakad si Sarah

**Ni Heidi Poelman**

Batay sa tunay na buhay




Patalun-talon si Sarah. Siya ay handa nang maglakad sa paligid ng Silver Lake kasama ang kanyang pamilya. Ang kanyang kapatid na si Josh, ay nauna nang tumakbo.



Di nagtagal nagsimula nang madama ni Sarah ang init ng araw sa kanyang mga bisig. Nagsimulang mapagod ang kanyang mga paa.

"Huwag kang mag-alala," sabi ni Inay. "Malapit na tayo sa kotse natin."

MGA PAGLALARAWAN NI JULIE YOUNG




At nakita ni Sarah ang malaking kulay-orange na lubid na nakaharang sa daanan. “Sira ang tulay,” sabi ni Itay. “Kailangan tayong maglakad pabalik sa paligid ng lawa.”

“Pero pagod na pagod na po ako!” sabi ni Sarah. Naupo si Josh sa lupa at sumimangot.



“Naaalala ba ninyo ang kuwento tungkol sa mga pioneer?” tanong ni Inay.

Tumango si Sarah. Gusto niya ang mga pioneer.

“Kinailangan nilang lumakad nang napakalayo,” sabi ni Inay. “Kung minsan ay napakainit, at kung minsan naman ay napakalamig. Ngunit patuloy silang naglakad. Pagdating nila sa kanilang bagong tahanan, nagtayo sila ng mga bahay at templo.”

Natuwa si Sarah na patuloy na naglakad ang mga pioneer. Magpapatuloy rin siya sa paglakad. Iniabot niya ang kanyang kamay kay Josh. “Halika na,” sabi niya. “Kailangan pa tayong maglakad.” ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*





PAGLALARAWAN NI MARK W. ROBISON

Paano naiiba ang buhay ninyo sa buhay ng pioneer noong araw?
Paano ito katulad ng buhay nila?

# MANATILING NAKATUON SA PAMPANG

**Ni Richard M. Romney**
Mga Magasin ng Simbahan

Isang biyahe sakay ng bangka papunta sa isla sa isang kalapit na national park ang tila perpektong pagkakataon para mas mapalapit sa aking anak. Ilang buwan nang nagpaplano ang mga lider ng Aaronic Priesthood at mga kabataang lalaki sa aming ward para sa paglalakbay na ito, at nasamahan ko sila.


Maganda ang kondisyon ng katawan ng anak kong si McKay, dahil kasali siya sa tatlong isports sa high school. Iyan siguro ang dahilan kaya ang mga lider ay pinagsama kami sa iisang bangka—alam nila na kaya niyang sumagwan nang mabuti kung kakailanganin. Nakapagsagwan na rin ako ng isang bangka, kaya mukhang maganda kaming pagsamahin.

Gustung-gusto ko ring magkaroon ng pagkakataon sa lawa na makapag-usap kami. Nahirapan si McKay mula nang mamatay ang kanyang ina, at hindi ako palaging nakatutugon sa pinakamainam na paraan sa kanyang mga pangangailangan at interes.

Nakapag-training kami, may suot kaming mga life vest, marunong kaming lumangoy, at magagaling na lider ang gumagabay sa amin.

Ang hindi namin napaghandaan ay ang hangin. Ilang milya na ang aming nasagwan, pagkatapos ay tumawid kami sa gitna ng lawa at malapit na sa pampang nang biglang umihip ang isang napakalakas na hangin.

Ang iba pang mga bangka ay nakadaong na sa pampang, ngunit kami ni McKay ay nakasakay sa huling bangka. Lumalaki na ang mga alon, at papalayo kami sa tamang direksiyon habang patuloy kami sa pagsagwan, sa pagsisikap na makabalik sa tamang direksiyon. Pagod na ako at kinakabahan. Buong lakas akong sumagwan sa tubig, sinisikap na bumalik sa tamang direksiyon, ngunit tila hindi kami umaalis sa aming kinalalagyan.



*Itinuro sa akin ng anak ko ang isang nakaaantig na aral tungkol sa kung saan titingin at paano magtiis.*

Nanganganib nang tumaob ang bangka namin nang inamin ko nang malakas na hindi ko alam kung may sapat pa akong lakas para magpatuloy. Pagkatapos ay sinabi ng anak ko, "Sa alon po kayo nakatingin, Itay. Hindi po tayo makakaalis dito kapag ginawa ninyo iyan. Kailangan pong ituon ninyo ang inyong paningin sa pampang. Nakikita po ba ninyo ang punong iyon sa burol? Iyon po ang gusto nating marating. Doon po kayo tumingin, at makakarating tayo sa pampang."

Tama siya. Nang ituon ko ang aking pansin sa puno, nanatili ako sa tamang direksiyon. Pakiramdam ko'y lumakas muli ang mga bisig ko. Sabay kami sa pagsagwan ni McKay sa pagsigaw niya ng—"Sagwan. Tigil. Sagwan. Tigil." At patuloy kami sa pag-usad.

Narating namin ang pampang, lumapit ang iba para tumulong, at naupo kami at nagpahinga hanggang sa makahinga kami nang maayos. Nang gabing iyon sa aming tolda pinag-usapan naming mag-ama ang naranasan namin.

Sabay naming naalala ang itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson tungkol sa parola ng Panginoon: "Tumatanglaw ito sa kabila ng mga unos ng buhay. Ang panawagan nito ay, 'Ito ang landas tungo sa kaligtasan; ito ang landas pauwi.' "[1]

Nang hapong iyon, isang puno sa pampang ang naging parola namin. Nang malapit na akong mawalan ng pag-asa, matalino akong pinayuhan ng anak ko na huwag tumingin sa mga alon kundi ituon ang aking pansin sa pampang. At magkasama kaming sumagwan, nang maraming beses. ■

**TALA**

1. Thomas S. Monson, "Standards of Strength," *New Era,* Okt. 2008, 2.

LARAWANG KUHA NG WILDNERDPIX/ISTOCK/THINKSTOCK




PAGLALARAWAN NI ROBERT T. BARRETT

# PANGULONG THOMAS S. MONSON

Noong bata pa siya, si **Thomas S. Monson** ay nag-alaga ng mga kuneho at **kalapati.** Kilala sa kanyang kabaitan, ibinigay niya ang kanyang **mga alagang kuneho** sa isang pamilya na nangangailangan ng pagkain sa araw ng Thanksgiving at ang kanyang laruang **kotse** ay ibinigay niya sa isang batang lalaki na walang regalo sa Pasko. Nang lumaki na siya, nagtrabaho siya sa isang publishing business para sa ***Deseret News.*** Bilang Apostol, inorganisa niya ang unang stake sa East Germany at nakakuha ng pahintulot para maitayo ng Simbahan ang **Freiberg Germany Temple.** Nanawagan si Pangulong Monson sa lahat ng miyembro ng Simbahan na sagipin ang mga taong nangangailangan ng tulong.

# Kabilang Din sa Isyung Ito

## PARA SA MGA YOUNG ADULT




### PAGIGING Ganap kay Cristo

p. 42

Ang pag-unawa sa nagbabayad-salang pagmamahal na lubos na ibinigay ng Tagapagligtas ay magpapalaya sa atin mula sa isang bagay na mali at hindi makatotohanang inaasahan tungkol sa kahulugan ng pagiging ganap o perpekto.

## PARA SA MGA KABATAAN

p. 48



### PINATATATAG NG MGA BANAL NA TIPAN ANG MGA KRISTIYANO

Paano nagdudulot sa atin ng lakas ang ating mga tipan sa Diyos? Narito ang tatlong paraan.

## PARA SA MGA BATA

### Ang Lesson Ko Tungkol sa Pananampalataya

Nagtanim si Emma ng milon para ituro sa kanyang pamilya ang tungkol sa pananampalataya.



p. 67

TAGALOG
4 02109 87893 9

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW